# Mga Makatarungang Pangyayari Bilang Ganap na Panananggol sa Kriminal na Pag-uusig

*Lorenzo U. Padilla**

I. PAMBUNGAD .......................................................................................... 916
II. MGA MAKATARUNGANG PANGYAYARI SA ILALIM NG BINAGONG KODIGO PENAL ......................................................................................... 919
*A. Pagtatanggol sa Sarili*
*B. Pagtatanggol sa Kamag-anak*
*C. Pagtatanggol sa Ibang Tao (Pagtatanggol sa Kapwa)*
*D. Pag-iwas sa Higit na Malaking Kapahamakan o Kapinsalaan*
*E. Pagtupad sa Tungkulin o Naaayon sa Batas na Pagganap sa Karapatan o Katungkulan*
*F. Pagsunod sa Utos na Pinalabas sa Layuning Naaayon sa Batas*
III. MAKATARUNGANG PANGYAYARI SA ILALIM NG PASADYANG BATAS PAMARUSA ......................................................................................... 983

---

* A. B. '79, LL.B. '83 (pangalawang karangalan), M.B.A. '97, Pamantasang Ateneo de Manila; LL.M. '98 (European Community Law) Rijkusniversiteit Leiden, Nederland. Guro sa Ateneo de Manila: sa Paaralang Pambatas, (International Economic Law, Criminal Law at Land Titles) at sa Paaralang Loyola (European Business Law). Bukod sa Ingles, pormal siyang nakapag-aral ng Espanyol/Kastilyano (*Instituto Cervantes*), Pranses (*Alliance Francaise*) at Aleman (*Goethe Institut*), at nagsikap turuan ang sarili ng Italyano at Nederlandes. Nakapaglathala siya ng mga akdang pampanitikan at teknikal na sulatin sa batas. Nagsusulat din siya madalas kaugnay ng iba't ibang paksa sa Filipino at Ingles, at nagsasalin ng mga materyales pambatas mula sa ibang wika sa wikang pambansa ng Pilipinas. Siya ang Patnugot ng Tala at Talastasan ng Tomo 26 at nag-ambag sa pamamatnugot ng Tomo 27, *Ateneo Law Journal*. Inilathala ng *Journal* ang kanyang: *Policy Complimentaries in the Multilateral Context and New Approaches in International Cooperation: A Function for Voluntary Principle and Collaborative Initiative in the ASEM Process*, 43 ATENEO L.J. 241 (1999); *Reinforcing the Enforcement Procedure: The Interplay of the Litigation Aspect of Community Obligations*, 42 ATENEO L.J. 265 (1998); *Ensemble of Thoughts in Penal Law*, 42 ATENEO L.J. (Supp. 1997); *The History of Penal Law II*, 40 ATENEO L.J. 109 (1996); at *The History of Penal Law I*, 39 ATENEO L.J. 58 (1995).

Ang sanaysay na ito ang ikatlong paglalathala ng Ateneo Law Journal ng sulatin sa wikang Filipino. Nailatha rin niya ang artikulong pinamagatang *Pagtatalaban Ng Mga Kaparaanan, Katibayan at Katadhanaan sa Pagsasaalang-Alang ng Pang-Uri o Mapagpalalalang ng Panyayaring Dumadalo sa Pagsasagawa ng Krimen*, 49 ATENEO L.J. 861 (2005) at ang *Pagsusuri ng Ilang Salik sa Pagtutuos ng Saguting Kriminal*, 46 ATENEO L.J. 497 (2001).

*Cite as* 50 ATENEO L.J. 915 (2006).

*A. Palatandaan ng sakit sa isipan ng kababaihang binubugbog (Battered Woman Syndrome [BWS])*
IV. PANGHIMAKAS ........................................................................ 985

## I. PAMBUNGAD

Walang krimen kapag makatarungan ang kagagawang naisakatuparan. Sa pagpapahayag na hindi nagkakaroon ng saguting kriminal ang mga taong binabanggit doon, kinikilala ng Artikulo 11,[1] Binagong Kodigo Penal, na

1. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 11. *Mga makatarungang pangyayari.* — Hindi nagkakaroon ng saguting kriminal ang mga sumusunod:

> 1. Sino mang kumilos sa pagtatanggol sa sarili o sa kanyang mga karapatan, o ari-arian, sa pasubaling sabayang umiiral ang sumusunod na mga pangyayari:
>
> *Una.* Labag sa batas na pananalakay;
>
> *Ikalawa.* Makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit upang hadlangan o itaboy ito;
>
> *Ikatlo.* Kakulangan ng sapat na pang-uudyok na nagmula sa panig ng taong nagtatanggol sa sarili.
>
> 2. Sino mang kumilos sa pagtatanggol ng katauhan o mga karapatan ng kanyang asawa, mga ninuno, mga inapo, o lehitimo, natural o ampong mga kapatid, o ng kanyang mga kamag-anakan sa kasal sa katulad na mga antas ng kaugnayan, at ng mga kamag-anak sa dugo sa ikaapat na antas ng pagkakamag-anakan, sa pasubaling dumadalo ang una at ikalawang kinakailangang sangkap na itinatadhana sa sinusundan nitong pangyayari, at ang karagdagang pangangailangang kung nagmula sa taong sinalakay ang pang-uudyok, na walang pakikibahagi roon ang taong nagsagawa ng pagtatanggol.
>
> 3. Sino mang kumilos sa pagtatanggol ng katauhan o mga karapatan ng ibang tao, sa pasubaling dumadalo ang una at ikalawang kinakailangang sangkap na binabanggit sa unang pangyayari sa artikulong ito at hindi hinimok ng paghihiganti, pagkasuklam, o ibang masamang sanhi ang taong nagtatanggol.
>
> 4. Sino mang nakagawa, upang maiwasan ang isang kasamaan o kapinsalaan, ng isang kagagawang nakapagdulot ng pinsala sa iba, sa pasubaling dumadalo ang sumusunod na mga pangangailangan:
>
> *Una.* Na tunay na umiiral ang kasamaang layong iwasan.
>
> *Ikalawa.* Na higit na malaki ang kapinsalaang kinatatakutan kaysa sa kapinsalaang nagawa upang maiwasan iyon.
>
> *Ikatlo.* Na wala nang ibang higit na maisasagawa at di-gaanong nakapipinsalang paraan upang maiwasan ito.

makatarungan ang mga kagagawan nila. Hindi sila maituturing na mga kriminal dahil walang makapagsasabing "krimen" ang naisagawa nila.

Datapwa't mga bagay na ipinangangatwiran sa pagtatanggol[2] ang mga pangyayaring binabanggit sa Artikulo 11 at tungkulin ng nasasakdal, upang makaiwas sa ano mang saguting kriminal, na patunayan ang makatarungang pangyayaring kanyang sinasandalan sa buong kasiyahan ng hukuman.

Upang patunayan ang pagkamakatarungan ng kanyang kagagawan, dapat manindigan ang nasasakdal sa tatag o lakas ng kanyang sariling katibayan at hindi niya maaaring asahan ang kahinaan niyong inilahad ng tagausig, dahil kahit na mahina man ito, hindi na ito magagawang pagkaitan ng paniniwala pagkatapos aminin ng nasakdal ang kagagawan.[3]

Kaya naman, dapat patunayan ang makatarungang pangyayari ng pagtatanggol sa sarili nang buong katiyakan, sa pamamagitan ng sapat, kasiya-siya at kapani-paniwalang katibayan,[4] nang walang bahid ng kriminal na pananakay sa panig ng taong nangangatwiran nito.[5] Kaugnay sa pagtatanggol sa sarili, nakaatang sa nasasakdal ang pasaning magpatunay (o ang pasanin sa pagpapatunay) nito.[6] Tungkulin niyang ilahad ang pagtatanggol sa sarili sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang katibayan. Hindi mahalaga kung mahina man ang katibayan ng bayan. Kapag inamin nga ng nasasakdal ang pagpatay, nguni't nabigo naman siyang magharap ng malinaw at kapani-paniwalang patunay ng pagtatanggol sa sarili, marapat lamang na mahatulan siyang nagkasala.[7] Kaya naman, kung mapag-aalinlanganan ang pagkatotoo ng patunay na iniharap kaugnay ng ipinangangatwirang pagtatanggol sa sarili, hindi maiiwasan ang hatol ng hukuman na nagkasala nga ang nasasakdal.[8]

---

> 5. Sino mang kumilos sa pagtupad ng isang tungkulin o sa naaayon sa batas na pagganap sa isang karapatan o pagtupad ng katungkulan.
>
> 6. Sino mang kumilos sa pagsunod sa ipinag-uutos ng isang nakatataas sa tungkulin para sa layuning naaayon sa batas.

2. Laban sa kriminal na pag-uusig.
3. People v. Ansoyon, 75 Phil. 772 (1946) (sa usaping ito, pagpatay ang inamin, na ipinangatwirang isinagawa bilang pagtatanggol sa sarili.).
4. People v. Davis, 1 SCRA 473 (1961); People v. Solana, 6 SCRA 60 (1962); People v. Mendoza, 13 SCRA 11 (1965); People v. Libed, 14 SCRA 410 (1965); People v. Ordiales, 42 SCRA 238 (1971); People v. Encomienda, 46 SCRA 522 (1972).
5. People v. Ramos, 77 Phil. 4 (1946); People v. Jorge, 71 Phil. 451 (1941).
6. People v. Clemente, 21 SCRA 261 (1967); People v. Diva, 23 SCRA 332 (1968); People v. Talaboc, 30 SCRA 87 (1969).
7. People v. Talaboc, Jr., 30 SCRA 87 (1969).
8. People v. Mendoza, 52 O.G. 6233 (Court of Appeals 1956); *tingnan* People v. Dorico, 54 SCRA 172 (1973); People v. Perez, 56 SCRA 603 (1974); People v. Maliwanag, 58 SCRA 323 (1974).

Sa pamamagitan ng pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili, inaamin ng nasasakdal ang sadyang pagdulot ng panunugat sa biktima. Lumilipat sa kanya ang tungkuling patunayan,[9] sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang katibayan, ang lahat ng mga hinihinging sangkap ng pagtatanggol sa sarili.[10] Dapat siyang manalig o manindigan sa lakas ng kanyang sariling katibayan at hindi sa kahinaan niyong sa tagausig dahil kahit mahina man ang katibayang nailahad ng tagausig, hindi na ito magagawang di-paniwalaan matapos aminin ng nasasakdal ang pagdulot ng nakamamatay na sugat sa biktima.[11] Samakatwid, dapat patunayan ng isang taong naghahangad maglahad ng pagkamakatarungan ng kanyang kagagawan, sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang katibayan, ang pag-iral ng hinihinging makatarungang pangyayari dahil, pagkatapos aminin ang ginawang pagpatay o panunugat, hahatulan siyang may saguting kriminal maliban na lamang kung kasiya-siyang matatagpuan ng hukuman na kumilos siya nang naaayon sa batas na pagtatanggol sa sarili.[12] Sa gayong pagkakataon, kahit pa mahina ang katibayan ng tagausig, magiging higit pa rin itong kapani-paniwala kapag nabigong patunayan ang sinasabing pagtatanggol sa sarili.[13]

Naipahayag na ng hukuman na, tulad ng pagdadahilan ng pagiging liban sa kinaganapan ng krimen (*alibi*), madaling kathain ang pagtatanggol sa sarili,

9. People v. Bausing, 199 SCRA 355 (1991); People v. Obordo, 382 SCRA 98 (2002); People v. Zeta, 382 SCRA 141 (2002); People v. Tejero, 381 SCRA 141 (2002); People v. Enfectana, 381 SCRA 382 (2002); People v. Sumibcay, 382 SCRA 458 (2002).

10. *Tingnan ang mga halimbawa Bausing*, 199 SCRA sa 355; Casitas v. People, 422 SCRA 242 (2004); People v. Gavino, Sr., 155 SCRA 113 (1987); People v. Masangkay, 155 SCRA 113 (1987); *sa* People v. Nabayra, 203 SCRA 75 (1991) (sinabing kailangan ang matibay at matatag na katibayan upang patunayan ang makatarungang pangyayaring ito upang makaiwas sa saguting kriminal.).

11. *Bausing*, 199 SCRA sa 355; People v. Uribe, 182 SCRA 624 (1990); People v. Montejo, 167 SCRA 506 (1988); Casitas v. People, 422 SCRA 242 (2004); People v. Rubillos, 163 SCRA 437 (1988); Ortega v. Sandiganbayan, 170 SCRA 38 (1989) (kapag inamin ng nasasakdal na siya ang may kagagawan sa pagkakapatay sa biktima at nakaangkla sa pagtatanggol sa sarili ang kanyang paninindigan, tungkulin niyang patunayan ang makatarungang pangyayaring ito sa ikasisiya ng hukuman. Upang magawa ito, dapat siyang manindigan sa lakas ng sarili niyang katibayan at hindi sa kahinaan niyong sa tagausig, dahil nga inamin na ng nasasakdal ang pagpatay. Pasanin niya ang tungkuling patunayan nang malinaw at sapat ang mga sangkap ng pagtatanggol sa sarili, bilang bagay na kanyang ipinaggigiitan; kung hindi, di-maiiwasang mahatulan siyang nagkasala.); *tingnan din* People v. Sadie, 149 SCRA 240 (1987); People v. Regulacion, 121 SCRA 40 (1983); People v. Llamera, 51 SCRA 48 (1973); People v. Bauden, 77 Phil. 105 (1946); People v. Ansoyon, 75 Phil. 772 (1946).

12. People v. Delgado, 182 SCRA 343 (1990).

13. People v. Pinto, 204 SCRA 9 (1991).

kung kaya pasan ng nasasakdal ang tungkuling patunayan sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang katibayan ang pangyayaring napatay niya ang nasawi dahil ipinagtanggol niya ang kanyang sarili.[14]

## II. MGA MAKATARUNGANG PANGYAYARI SA ILALIM NG BINAGONG KODIGO PENAL

### *A. Pagtatanggol Sa Sarili*

Sumusunod ang mga sangkap na kinakailangan upang maipangatwiran ang pagtatanggol sa sarili:[15] (1) na nagsagawa ang biktima ng labag sa batas na pananalakay,[16] na katumbas ng isang nagaganap o napipintong banta sa buhay o katawan ng taong nangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili; (2) na may makatwirang pangangailangan kaugnay sa kaparaanang ginamit upang hadlangan o itaboy ang labag sa batas na pananalakay; at (3) na hindi nagkaroon ng sapat na pang-uudyok, paghahamon, pag-aanyaya o paninikis sa panig ng taong nangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili[17] o, kung nagkaroon man ng gayong pang-uudyok, paghahamon, pag-anyaya, o paninikis sa panig ng taong nangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili, na hindi ito ang naging malapit at agarang dahilan ng pananalakay na isinagawa ng biktima. Samakatwid, tatlong bagay naman ang kailangang patunayan ng nasasakdal: (1) na hindi siya ang nagsagawa ng labag sa batas na

14. People v. Marciales, et al., 166 SCRA 436 (1988).

15. Hindi nagkakaroon ng saguting kriminal ang mga sumusunod:

> Sino mang kumilos sa pagtatanggol sa sarili or sa kanyang mga karapatan, sa pasubaling sabayang umiral ang sumusunod na mga pangyayari:
>
> *Una.* Labag sa batas na pananalakay.
>
> *Ikalawa.* Makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit upang hadlangan o itaboy ito;
>
> *Ikatlo.* Kakulangan ng sapat na pang-uudyok na nagmula sa panig ng taong nagtatanggol sa sarili.

16. People v. Perez, 56 SCRA 603 (1974) (mabibigo ang teoriya ng pagtatanggol sa sarili kapag hindi naipakita ang labag sa batas na pananalakay mula sa panig ng nasaktang panig.).

17. People v. Ordiales, 42 SCRA 238 (1971); People v. Encomienda, 46 SCRA 522 (1972); Rimano v. People, 416 SCRA 569 (2003); People v. Escarlos, 410 SCRA 463 (2003); People v. Berdin, 416 SCRA 582 (2003); People v. Gallego, 406 SCRA 6 (2003); People v. Gavino, Sr., 155 SCRA 625 (1987); People v. Rubillos, 153 SCRA 437 (1988); Ortega v. Sandiganbayan, 170 SCRA 38 (1989); *Delgado,* 182 SCRA sa 343; *tingnan din* People v. Batas, 176 SCRA 46 (1989); People v. Balmaceda, 148 SCRA 194 (1987); People v. Abangon, 161 SCRA 255 (1988).

pananalakay;[18] (2) na may kakulangan ng sapat na pang-uudyok na nagmula sa panig niya; at (3) na gumamit siya ng makatwirang paraan upang hadlangan o itaboy ang pananalakay sa kanya.[19] Mapananagot ang nasasakdal kung inuusig siya sa salang pagpatay at hindi niya ganap na napatunayan ang pagdalo ng naturang mga sangkap ng pagtatanggol sa sarili bagama't kanyang inamin ang nagawang pagpatay.[20]

Di-maiiwasang magpahiwatig ang pagtatanggol sa sarili, sa ilalim ng Artikulo 11, Talataan 1, Binagong Kodigo Penal, ng isang sinadya at tahasang kagagawang panlabas sa panig ng nasasakdal upang hadlangan o itaboy ang isang labag sa batas na pananalakay ng iba, nang gamit ang kaparaanang makatwiran. May kalayaang kumilos ang nasasakdal. Batid niya ang kahihinatnan ng kanyang mga sinasadyang kagagawan. Batay ang pagtatanggol sa pangangailangan, na siyang nangingibabaw at di-mapaglalabanang panginoon sa pakikipag-ugnayan ng mga tao sa isa't isa, at sa batas. Mula sa pangangailangan, at sa loob ng hangganang takda nito, ang karapatan ng pagtatanggol sa sarili. Nagkakaroon ng karapatan kapag nagsimula ang pangangailangan, at nawawala naman sa pagwawakas nito. Sa katunayan, bagama't nakasugat o nakapatay man ang nasasakdal, kung naaayon naman sa batas ang kanyang kagagawan, hindi itinuturing na nakalabag siya sa batas at malaya siya sa ano mang sagutin, maging kriminal man o sibil.[21]

Kinikilalang mga pangyayaring makatarungan at mapagligtas sa saguting kriminal ang pagtatanggol sa sarili, gaya ng pagtatanggol sa mga karapatan ng kapwa o ng ibang tao.[22]

Sakop ng pagtatanggol sa sarili hindi lamang ang pagtatanggol ng sariling katauhan (o ng katawan) ng taong sinalakay kung hindi pati na rin ang pagtatanggol ng kanyang mga karapatan, na sumasaklaw sa mga karapatang pinangangalagaan ng batas. Kung gayon, bukod sa karapatan sa sariling buhay, na siyang batayan ng naaayon sa batas na pagtatanggol sa katauhan, mayroon ding karapatan sa mga ari-ariang angkin, at ang karapatan sa

---

18. *Sa* People v. Mendoza, 13 SCRA 11 (1965), ipinakitang katanggap-tanggap lamang ang pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili kapag napatunayang hindi naman ang nasasakdal ang siyang nagpasimula ng pananalakay; People v. Calantoc, 55 SCRA 458 (1974) (walang pagtatanggol sa sarili kung ang nasasakdal ang mismong naunang nanalakay.).

19. People v. Bautista, 6 SCRA 522 (1962).

20. People v. Villegas, 2 SCRA 587 (1961); *tingnan din* People v. Aquino, 54 SCRA 409 (1973); People v. Dorico, 54 SCRA 172 (1973); People v. Perez, 56 SCRA 603 (1974); People v. Maliwanag, 58 SCRA 323 (1974).

21. Toledo v. People, 439 SCRA 94 (2004).

22. People v. Punzalan, 153 SCRA 1 (1987).

karangalan na hindi babahagya ang pagpapahalagang tinatamasa kaugnay sa mga tinataglay ng tao.[23]

Naaayon sa batas ang pagtatanggol sa sarili dahil imposibleng ganap para sa Estado na hadlangan, sa lahat ng mga pagkakataon, ang pananalakay na maaaring gawin sa mga mamamayan nito (kasama na ang mga banyagang nakatira o nanunuluyan dito) at maglaan ng napapanahong pangangalaga sa taong sinalakay nang di-makatarungan. Sa kabilang dako, hindi sukat maisip na magpapagapi na lamang ang isang taong layon ng pananalakay na labag sa batas nang hindi man lamang nanlalaban, naninindigan, o naghaharap ng pagsalungat.[24]

Nagbigay-daan na ngayon ang sinaunang tuntunin sa batas kumon ng homisidyo, na tinaguriang "umurong sa pader," sa bagong tuntuning "manindigan kung nasa tama." Kaya naman, kung ang nasasakdal ang nasa katayuang karapatan niyang mapunta o malagay sa kinaroroonan, hindi hinihingi ng batas na umurong pa siya kung mabilis na lumalapit sa kanya ang nananalakay nang dala-dala ang isang nakamamatay na sandata.[25] Ito ang katwirang pinagbabatayan nito: kung tatakbuhan mo ang isang nananalakay, sinusuong mo ang panganib na baka abutan ka pa ng pananalakay sa likod.[26]

Hindi hinihingi ng batas, dahil kalabisan nga namang hingin ito sa isang karaniwang tao, kapag ipinagtatanggol niya ang sarili mula sa isang nakamamatay na pananalakay, sa kainitan ng malapitang pagtutunggali, na dapat niyang sukatin ang kanyang mga hataw, hampas o hambalos sa paraang, batay sa isang mahinahon at masusing pagbabalik-tanaw sa pangyayari, hindi

---

23. I VIADA, CODIGO PENAL 172 -3 (Ika-5 Ed. 1890)

24. GUILLERMO GUEVARA, COMMENTARIES ON THE REVISED PENAL CODE 26 (Ika-4 Ed.1946); *tingnan* Castañares v. Court of Appeals, 92 SCRA 567 (1979), na bumabanggit sa tuntuning ito mula sa paliwanag ng People v. Boholst-Caballero, 61 SCRA 180 (1974).

25. United States v. Domen, 37 Phil. 57 (1917) ("Wastong tanggihan ng hukumang tagalitis ang pangangatwiran ng nasasakdal na pagtatanggol sa sarili, kung kaya natagpuan din ng Kataas-taasang Hukuman na hindi mapaninindigan ang gayong pangangatwiran, kung hindi nagkaroon ng labag sa batas na pananalakay sa panig ng mga nasawing sina Rodolfo Saldo at Hernando Caute laban sa nasasakdal dahil, ayon na mismo sa bersiyon ng pangyayari na isinalaysay ng nasasakdal, tumulong siya kay Villafria, sa tawag nito, nang suntukin ni Villafria si Mariano Dioso at makipaglaban ang pangkat nina Dioso, Saldo at Caute. Samakatuwid, kusang-loob siyang sumali at nakibahagi sa labanan, samantalang hindi naman niya kinailangang gawin ito. Kusang-loob niyang ibinilad ang sarili sa kahihinatnan ng pakikipaglaban sa kanyang mga katunggali. Kahit ipagpalagay na ang pangangatwirang nagmula ang unang paglusob kay Dioso o kay Saldo o kay Caute, hindi ito maituturing, magkagayon man, bilang labag sa batas o di-inaasahang pananalakay.").

26. *Id.*.

lilitaw na lumabis siya sa kung ano man ang ganap na kinailangan lamang upang mailagay ang kanyang kalaban *hors de combat* (sa kalagayang di-makalaban); o na hindi siya nagdulot ng hataw na lumalabis nang kahit isa man lamang sa ganap na kinakailangan upang mailigtas ang kanyang buhay; o na nabigo siyang pigilan ang kanyang kamay upang maiwasang makapagdulot ng isang nakamamatay na sugat kung nagawa sanang matamo ang kanyang layunin ng isang di-gaano katinding hataw.[27] Kaya naman, kung pagkatapos mapatumba sa tama ng punglo ang kanyang biktima, hindi hinintuan ng nasawi (na isang pulis) ang kanyang pananalakay kung hindi nanatili pa rin siyang nakatayo, sa astang nananakot sa pamamagitan ng kanyang baril, kung kaya masasabing nagpapatuloy ang panganib sa kanyang biktima at sa lahat ng kanyang mga kasamahan, masasabing makatarungan para sa mga nasasakdal na bugbugin ang nasawi, dahil sa harap ng gayong tunay at napipintong panganib sa kanilang buhay, at bilang pagtalima sa pag-uutos ng udyok ng pagliligtas sa sarili, kinailangan nilang bugbugin at igupo ang nasawi, kahima't nang maalisan ng sandata ang nasawi, isa sa mga nasasakdal ang pumulot ng baril at pinaputukan ang nasawi nang makaapat na ulit. Matatagpuang matangi sa ginawang pamamaril sa nasawi ng isa sa mga nasasakdal, gumamit lamang ang iba pang mga nasasakdal ng makatwirang paraan upang maitaboy ang pananalakay ng nasawi. Kumilos ang mga nasasakdal na ito nang may pagtatanggol sa sarili o ng kanilang mga kasama. Makatarungan ang kanilang kilos. Kaya naman, ligtas sila sa ano mang saguting kriminal.[28]

1. Labag Sa Batas Na Pananalakay

Bilang unang sangkap ng pagtatanggol sa sarili, dapat magkaroon ng labag sa batas na pananalakay mula sa panig ng taong nasaktan o napatay ng nasasakdal. Kung gayon, hindi magkakaroon ng pagtatanggol sa sarili hanggang hindi umiiral ang isang labag sa batas na pananalakay.[29] Upang umiral ang karapatang magtanggol sa sarili, kinakailangan ng nagtatanggol na daluhungin o salakayin, o pagbantaan siya ng pananalakay sa agaran at dumarating na paraan, gaya, halimbawa, ng pag-amba ng punyal sa layuning manaksak o pagtutok ng baril sa hangaring magpaputok.[30] Kung walang labag sa batas na pananalakay, walang masasabing hahadlangan o itataboy. Kaya naman, hindi magkakaroon ng batayan ang ikalawang hinihinging sangkap ng pagtatanggol sa sarili. Kapag hindi pinangungunahan ng pananalakay laban sa panig ng biktima ang kagagawang panunugat sa kanya, walang matatagpuang pagkakataon upang mapag-usapan pa ang pag-iral ng

27. *Punzalan*, 153 SCRA sa 1.

28. Id.

29. People v. Apolinario, 58 Phil. 586 (1933).

30. Viada, *supra* tala 23, sa 173.

"makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit" o ng "sapat na pang-uudyok" mula sa panig ng taong nangangatwirang nagsagawa lamang ng pagtatanggol sa sarili, dahil kapwa nagpapalagay ang mga pangyayaring ito ng labag sa batas na pananalakay.[31]

Isang *sine qua non* ang pasubali kaugnay sa hinihinging pag-iral ng isang labag sa batas na pananalakay;[32] sa ibang pananalita, hindi maaaring magkaroon ng pagtatanggol sa sarili, maging ganap man o di-ganap, maliban na lamang kung nakapagsagawa ng labag sa batas na pananalakay ang biktima laban sa taong nagtanggol sa sarili.[33] Samakatwid, isang nangungunang sangkap ng pagtatanggol sa sarili ang labag sa batas na pananalakay. Ipinapalagay nito ang pagkakaroon ng isang nagaganap, biglaan at di-inaasahang pananalakay o napipintong panganib sa buhay at katawan ng isang tao – hindi lamang isang nagbabanta o nananakot na pag-aasal — at, higit na mahalaga sa lahat, umiiral sa sandaling isinagawa ang mapagtanggol na kagagawan laban sa nananalakay.[34] Kaya naman, kung ipinangangatwiran ng nasasakdal na, sa kainitan ng kanilang pagtatalo, walang kaabug-abog na sinuntok na lamang siya sa noo ng biktima at, bagama't una niyang naisip na gumanti ng suntok, nakita niyang bumunot ng kutsilyo ang biktima kung kaya, upang iligtas ang sariling buhay, sinunggaban niya ang sandata at saka sinaksak nito ang biktima, hindi kakatigan ng hukuman ang pangangatwirang makatarungan sa batas na gamitin ng nasasakdal ang kutsilyo upang itaboy ang isang labag sa batas na pananalakay sa kanya, at kalabisan na kung aasahan pang hintayin niyang itaas ang kutsilyo at tumama ito sa kanya bago pa siya makakikilos upang ipagtanggol ang sarili, sapagka't hindi naman talaga nalagay sa napipinto o dumarating na panganib ang buhay ng nasasakdal nang dahil lamang sa sinasabing pagbunot ng biktima ng kutsilyo. Maaaring ginawa lamang ng biktima ang gayon upang bigyang-babala, pagbantaan o takutin lamang ang nasasakdal. Nagpapalagay ang labag sa batas na pananalakay ng nagaganap, biglaan, di-inaasahan, o dumarating o napipintong panganib – hindi lamang ng pagkilos na mapagbanta o mapanakot. Di-tiyak, di-napapanahon, at katha lamang ng haka-haka ang ipinaggigiitan ng nasasakdal na anyong sasaksakin na siya ng biktima, kung nagawa lamang namang bunutin ng huli ang kanyang kutsilyo. Kahit pa ipagpalagay *arguendo* na nagkaroon nga ng pagtatalo sa pagitan nila bago pa man nangyari ang pananaksak at totohanang may kung anong panganib nga na umiral, matatagpuang tumigil na ang napipintong anyo nito kung, at noong saglit mismo na nadis-armahan at naagawan na ng sandata ang biktima, at kung natigil na nang lubusan ang sinimulang pananalakay, wala nang karapatan pa ang nagtatanggol sa sarili na patayin o sugatan man lamang

31. People v. Yuman, 61 Phil. 786 (1935).

32. People v. Escarlos, 410 SCRA 463 (2003).

33. People v. Enfectana, 381 SCRA 359 (2002).

34. Cano v. People, 413 SCRA 92 (2003).

ang dati-rating nananalakay sa kanya.[35] Dapat ibahin ang pagtatanggol sa sarili sa gawang pagganti.[36]

Kaya naman, hindi maaaring liban ang unang hinihinging sangkap kaugnay ng pagtatanggol sa sarili. Hindi maaaring magkaroon ng pagtatanggol sa sarili maliban na lamang kung nagkaroon din ng labag sa batas na pananalakay sa panig ng taong nasugatan o napatay ng nasasakdal.[37] Kung walang labag sa batas na pananalakay, walang hahadlangan o itataboy. Kung gayon, hindi naman magkakaroon ng batayan ang ikalawang hinihinging sangkap ng pagtatanggol sa sarili.[38]

Hinihingi ng unang sangkap ng pagtatanggol sa sarili na maging labag sa batas ang pananalakay. Kaugnay nito, mayroong dalawang uri ng pananalakay: (1) naaayon sa batas na pananalakay; at (2) labag sa batas na pananalakay. Isang pananalakay ang pagtupad sa tungkulin o pagganap sa isang karapatan sa paraang marahas, humigit-kumulang, kapag kinakailangan, nguni't masasabing naaayon ito sa batas. Kaya naman, hindi labag sa batas na pananalakay ang kagagawan ng isang Hepe ng Pulisya, na gumamit ng dahas sa pamamagitan ng pambabato sa salarin habang patakbong tumatakas ang huli mula sa kanya, upang makaiwas sa pagkadakip kaugnay ng isang krimeng isinagawa sa kanyang harapan, kung lumilitaw na layunin lamang ng pulis na hulihin ang salarin at ilagay ito sa marapat na pagkadakip.[39]

Gayon din, hindi maipangangatwirang nagtatanggol lamang sa sarili ang sino mang nasumpungan sa aktong pakikiapid at nakapatay sa nasaktang kabiyak na nanalakay sa kanya. Matatanggihan ang gayong pangangatwiran dahil, halimbawa, kahit na totoo at kahit na nagawa pa ng yumao na pasukin ang silid kung saan nagsisiping ang nasasakdal at ang maybahay ng yumao, at kaagad itong nanalakay sa nasasakdal, na pinagtataga ng gulok na dala-dala ng yumao, likas lamang at naaayon sa batas ang gayong pananalakay, sa dahilang nagawa ito ng isang asawang niloko at naagrabyado upang ipagtanggol lamang ang kanyang karangalan at mga karapatan sa pamamagitan ng pagpaparusa sa taong lumabag at lumapastangan sa kanyang dangal, at kung napatay nga niya ang kanyang maybahay at ang kalaguyo nito, masasabing naisagawa lamang niya ang isang karapatang naaayon sa batas, kung kaya nasasaklawan ang gayong kagagawan sa pagkatig ng Artikulo 247, Binagong Kodigo Penal. Batid ng nasasakdal na, sa pakikipag-ugnayan nang labag sa batas sa isang babaeng kasal sa iba, nagsasakatuparan siya ng isang labag sa batas at kriminal na kagagawan at nagbibilad ng kanyang sarili sa paghihiganti

35. *Escarlos*, 410 SCRA sa 463.

36. People v. Gallego, 406 SCRA 6 (2003).

37. People v. Rubillos, 163 SCRA 437 (1988).

38. Ortega v. Sandiganbayan, 170 SCRA 38 (1989).

39. People v. Gayrama, 60 Phil. 796 (1934).

ng naaping asawa, at sa kanilang pagtatagpo sa nasabing bahay, sinuong niya ang panganib na biglang maaabutan at matututop siya ng huli, gaya na nga ng nangyari.[40]

Katumbas ang "labag sa batas na pananalakay" ng paglusob o nakaambang paglusob na maisasagawa nang agaran at nasa anyong napipinto.[41] Kung gayon, dapat na magkaroon ng totohanan at katawaning paglusob na isinagawa o isinasagawa laban sa isang tao, o isang bantang magdulot ng tunay na pananakit o kapinsalaan sa kanya. Kung sakaling nasa anyo pa lamang ng pagbabanta, dapat na maging mapaminsala at talagang matindi ito, sa paraang magpapakita ng masamang hangaring gumawa ng pananakit o kapinsalaan.[42] Mayroong matatagpuang labag sa batas na pananalakay kung totohanan at dumarating ang panganib sa sariling buhay o bahagi ng katawan[43] o karapatan. Sa kabilang dako, kung wala namang panganib, tunay man o nakaamba, sa buhay, bahagi ng katawan, o karapatan, walang masasabing labag sa batas na pananalakay.[44] Kaya naman, hindi isang labag sa batas na pananalakay ang ginawang panghihimasok at paghadlang ng isang nasawi sa isinasagawang pagganti ng salarin sa isang taong nanuntok sa kanya.[45]

Tunay dapat ang labag sa batas na pananalakay at hindi lamang bunga ng isip o guni-guni. Hindi sapat na umiral lamang ang isang napipintong pagdaluhong sa paningin ng taong nagtatanggol sa sarili, at gayon din ang pag-aasal lamang na mapagbanta o nakakatakot.[46] Tinutukoy ng "labag sa batas na pananalakay" ang isang paglusob na talagang napawalan na o naisakatawang kaganapan o malinaw na dumarating man lamang. Hindi ito maaaring buuin ng pasalitang mga pagbabanta o mapagbantang pag-aasal, tindig, ayos o anyo.[47] Kaya naman, kung sinasabi ng nasasakdal na kumilos siya sa pagtatanggol sa sarili, nang kanyang barilin ang biktima, kahima't sa katuturang hindi ganap na tumutugon sa lahat ng mga hinihinging sangkap nito, dahil nauna ritong napagsalitaan siya ng biktima ng "[u]muwi ka na at kunin ang baril mo dahil, kung hindi ka uuwi at kukuha ng baril, pupunta ako sa inyo at papatayin ka, pati na ang mga magulang at mga kapatid mo,"

40. United States v. Merced, 39 Phil. 198 (1918).

41. People v. Alconga, 78 Phil. 366 (1947).

42. United States v. Guy-Sayco, 13 Phil. 292 (1909).

43. People v. Sumicad, 56 Phil. 643 (1932).

44. People v. Sabio, 19 SCRA 901 (1967).

45. People v. Flores, 47 O.G. 2969 (Court of Appeals 1949).

46. People v. Arnante, 391 SCRA 155 (2002). Ibahin ang kahulugan ng panuntunang ito sa tinalakay sa United States v. Ah Chong, 15 Phil. 488, 502-503 (1910).

47. People v. Tac-an, 182 SCRA 601 (1990); *tingnan din* People v. Lachica, 132 SCRA 230 (1984); People v. Nulla, 153 SCRA (1987).

hindi naman maituturing ang gayong pananalita, kahit pa ipagpalagay na nasabi nga ng biktima, bilang labag sa batas na pananalakay, ang una at higit na saligang sangkap na kinakailangan sa pagtatanggol ng sarili, dahil sinabi ang mga iyon ng biktima, na halatang wala namang sandatang dala, sa loob ng silid ng mataas na paaaralang dinadaluhan nila, kung kaya hindi makatwirang magbunsod ng paniniwalang may sapat na batayan at makatwiran sa panig ng nasasakdal na nalagay siya sa dumarating na panganib ng kamatayan o pinsala sa katawan. Kung halata namang walang sandata ang biktima nang magbalik at bumulaga doon ang nasakdal, hanap-hanap ang biktima at agarang nagpaputok sa kanya nang paulit-ulit, nang wala ni katiting na pakundangan man lamang sa kaligtasan ng kanyang mga kapwa mag-aaral at ng kanilang guro, walang matatagpuang labag sa batas na pananalakay sa panig ng biktima. Dahil wala naman talagang labag sa batas na pananalakay, walang matatagpuang pagtatanggol sa sarili, maging ganap man o di-ganap.[48]

Hindi sapat ang basta pag-aasal nang mapagbanta o mapanakot. Gayon din, hindi maisasaalang-alang bilang labag sa batas na pananalakay ang pagpapalitan lamang ng mga pananalitang mapang-insulto at pagmumura na namagitan sa magkabilang panig, maging gaaano man ito di-katanggap-tanggap, maliban na lamang kung sinasabayan ang pananalita ng katawaning pananalakay.[49]

Hindi rin itinuturing na labag sa batas na pananalakay ang gawang pagsisilid ng kamay sa bulsa sa anyong bubunot ng sandata. Hindi rin sapat na mapaghulong nalalagay na ang sariling buhay sa napipintong panganib batay lamang sa pagkakasa ng riple nang hindi naman inuumang ito sa isang tiyakang layon. Kaya naman, hindi sapat ang isang pagbabanta, kahit isinagawa pa sa pamamagitan ng isang sandata, ni ang payak na paniniwalang nasa anyong sasalakayin ang isang tao. Kinakailangang lantarang mabunyag ang hangarin sa pamamagitan ng isang gawang pananalakay o panlabas na kagagawang nagpapakita ng pagsisimula ng isang nagaganap at katawaning labag sa batas na pananalakay.[50]

Hindi labag sa batas na pananalakay ang sinasabing pagbabanta at pambabayo ng pinto ng bahay ng nasasakdal na isinagawa umano ng biktima kung nasa loob ng ligtas na hangganan naman ng kanyang tahanan ang nasasakdal, nang hindi pinagbabantaan ng pananalakay sa paraang agaran at napipinto.[51]

48. *Tac-an*, 182 SCRA sa 601.

49. People v. Court of Appeals at Tangan, 352 SCRA 599 (2001).

50. People v. Rubiso, 399 SCRA 267 (2003).

51. People v. Masangkay, 155 SCRA 625 (1987).

Kung pagkatapos biruin ng nasawi ang nasasakdal, na kapwa niya kawal-konstable na nanunungkulan bilang tanod, habang kumakanta, at nangantyaw sa kanya na wala siyang boses na nababagay sa pagkanta, at pagkatapos nilang magpalitan ng mga salita at habang nasa anyo pa rin ng pagkakatuwaan, bigla na lamang na dinakma nang pabiro ng nasawi ang leeg ng nasasakdal, datapwa't pinatay ng nasasakdal ang nasawi, bilang ganti, sa pamamagitan ng pagpapaputok ng riple sa kanya, hindi maituturing na isang labag sa batas na pananalakay ang pangyayaring dinakma ng nasawi ang leeg ng nasasakdal at nasakal iyon sa udyok ng kanyang kapilyuhan, bagama't sapilitang ipinagpatuloy ito, nang may lantad na kakulangan ng pag-iingat, sa kabila ng pagtutol ng nasasakdal, lalo't sa kalagayan ng dalawang magkasama sa panunungkulan at nakatira sa iisang baraks lamang.[52]

Kung hinawakan lamang ng nasawi ang kamay ng anak ng nasasakdal upang mapahinuhod ang huli na bitiwan na ang dala-dala niyang punyal, sa layuning maiwasan ang ano mang di-mabuting pangyayari, datapwa't tumanggi ang nasasakdal at, upang makaiwas sa ano mang madugong pangyayari, tinangka na lamang ng nasawi na agawin ang punyal mula sa nasasakdal at napasandal, sa gayong anyo, ang nasasakdal sa isang puno ng niyog, nang wala namang ni katiting na balak ang nasawi na saktan siya, masasabing hindi naging makatarungang patayin ng nasasakdal ang nasawi, dahil hindi naman talaga nagkaroon ng labag sa batas na pananalakay sa panig ng huli.[53]

Sa totohanang pananalakay, dapat na magkaroon ng panganib sa kahulugang tunay na umiiral.[54] Dapat na sinasalakay ang taong nagtatanggol

52. United States v. Padilla, 5 Phil. 396 (1905).

53. People v. Incierto, 44 O.G. 2774 (Court of Appeals 1947).

54. Tingnan United States v. Laurel, 22 Phil. 252 (1912) (isinasalarawan ang tuntuning ito sa isang usaping kinasangkutan ng yumaong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman at naging Pangulo ng Pilipinas na si Jose P. Laurel. Ayon sa mga pangyayari, sa gabi ng Disyembre 26, 1909, samantalang naglalakad sa isang lansangan ang dalagitang si Concepcion Lat, mula sa tahanan ng isang Exequiel Castillo, sa bayan ng Tanauan, Batangas, kasama ang ilang kapwa kabataan, biglang nilapitan siya ni Laurel, na panakaw na humalik sa kanya at saka nagtatakbong palayo pagkatapos, papunta sa kanyang bahay, nang habul-habol ng mga kasamahan ng dalagita, na kinabibilangan ni Castillo, datapwa't hindi nila noon naabutan si Laurel. Sa kasibulan ng gabi ng Disyembre 28, 1909, nang magpunta si Laurel sa gusali ng parokya, kasama ang ilang kabataan, upang dumalo sa kasayahang gaganapin doon, at samantalang nakaupo sa unahang hanay ng mga upuan si Laurel, habang nagtatalumpati naman ang tagapangasiwa ng kolehiyo sa kasayahang iyon, nilapitan si Laurel ni Domingo Panganiban, na nagsabi sa kanya na gusto siyang makausap ni Castillo. Sumagot si Laurel na dapat maghintay sandali si Castillo, kaya umalis na noon din si Panganiban. Sandali pa ang nagdaan at si Alfredo Yatco naman ang lumapit kay Laurel upang ipaabot ang katulad na pasabi, at pagkaraan pa ng sandali, si Felipe Almeda

sa sarili sa pamamagitan ng nagaganap at katawaning lakas o sa pamamagitan ng tunay na paggamit ng isang sandata. Sa lahat ng mga hinihinging sangkap, hindi maipagpapawalang-bahala o maipapasantabi ang labag sa batas na pananalakay, sa kahulugan ng pagdaluhong na di-hinamon o di-inanyayahan, di-inudyukan o bunga ng paninikis. Hindi sapat ang pagbabanta, kahit na isinagawa sa pamamagitan ng isang sandata, ni ang paniniwala ng isang tao na anyong sasalakayin siya. Kinakailangang mabunyag nang lantaran ang hangarin sa pamamagitan ng isang gawang pananalakay o sa pamamagitan ng mga kagagawang panlabas na nagpapakita sa pagsisimula ng isang nagaganap at katawaning pananalakay.[55]

Samakatuwid, sapat na kung dumarating o napipintong maganap ang panganib. Kung gayon, dapat na nasa anyong nangyayari ang panganib, bagama't hindi kinakailangang nasimulan na ang paglusob dahil, kung maghihintay pa sa gayong sandali, maaaring maging huli na ang pagtatanggol.[56]

---

naman ang lumapit at nagsabi sa kanya na naghihintay sa kanya si Castillo sa unang palapag ng gusali. Dahil pangatlong patawag na ito sa kanya, tumayo na si Laurel at saka bumaba upang alamin kung ano ang nais ni Castillo. Nang magtagpo sila, tinanong ni Castillo kung bakit hinalikan ni Laurel si Concepcion, na kasintahan pala ni Castillo, at nang sumagot si Laurel na ginawa niya iyon dahil sa pagkasalawahan ni Concepcion at walang pakundangan nitong pagsagot ng "Oo" sa tuwing maliligawan ng kahit na sino, sinabi ni Castillo na hindi siya dapat nag-aasal nang gayon at kaagad siyang hinataw sa ulo ng isang baston. Nagpahilo kay Laurel ang pagkakapalo sa kanya at naging sanhi ito ng kanyang pagbagsak sa sahig sa anyong paupo. Sa takot ni Laurel na patuloy siyang sasalakayin ni Castillo, binunot niya ang lansetang dala-dala niya sa kanyang bulsa at isinaksak ito kay Castillo. Sa mga sugat na tinamo ni Castillo, ang saksak sa kaliwang bahagi ng kanyang dibdib ang pinakamalubha dahil tumagos ito nang lubusan sa kanyang baga at nagpaluwa sa kanya ng dugo. Ikinamatay sanang tiyak ni Castillo ang sugat na tinamo kung hindi lamang dahil sa napapanahong pagdalo ng angkop na panggagamot. Ipinasyang dinaluhan ang pagkakataong ito ng tatlong sangkap ng pagtatanggol sa sarili. Tugon sa labag sa batas na pananalakay na nagmula sa panig ni Castillo ang ginawang pagtatanggol ni Laurel. Wala namang sapat na pang-uudyok o paninikis na nagbuhat sa panig ni Laurel, dahil hindi naman siya ang nagpasimula ng pangyayaring ipinagsumbong, ni nag-utos na anyayahan siya ni Castillo sa unang palapag ng gusali ng parokya, upang pag-usapan ang isang bagay na si Castillo lamang ang interesado. At, panghuli, sa pagtatanggol sa sarili, gumamit si Laurel ng makatwirang paraan upang hadlangan o itaboy ang pananalakay sa kanya, nang kanyang gamitin ang lanseta laban sa pagdaluhong sa kanya na isinasagawa sa pamamagitan ng baston.).

55. People v. Pateo, 430 SCRA 609 (2004).

56. Tingnan People v. Canbungcal, 51 Phil. 802 (1928) (ayon sa mga pangyayari sa naturang usaping naglalarawan ng panuntunang ito, noong Marso 21, 1926, inanyayahan ng nasasakdal ang ilang tao sa isang kasayahan sa palaisdaan sa

Kapag sinalakay ang isang tao, nalalagay siya sa isang napipintong panganib ng kamatayan o pinsala sa katawan. Maaaring nakatuon ang pananalakay sa pamamagitan ng isang nakamamatay na sandata sa maseselang bahagi ng katawan, at sa gayong pagkakataon, sa buhay mismo ang dalang panganib nito; may panganib lamang sa katawan kung hindi nakamamatay o ibang uri ng sandata ang ginamit, na bahagya o di-malubhang panunugat sa katawan lamang ang maidudulot. Maaari ring nagaganap ang panganib sa katawan nang totohanan o sa anyong napipinto (dumarating) pa lamang. Kasama sa panganib sa sariling katawan ang paglalagay sa panganib ng kaligtasan ng sarili mula sa ano mang panunugat o pananakit ng katawan.

---

kanyang lupain, sa nayon ng Misua, Infanta, Tayabas. Maghapon sila sa nasabing palaisdaan, at kinahapunan, umuwi silang sakay ng dalawang bangka, na ang nasasakdal ang siyang nagmamaniobra ng isa at dala naman ng isang matandang babaeng Anastacia Penaojas ang pangalan ang isa pa. Siyam katao ang lulan ng bangkang minamaniobra ng nasasakdal, na mga babae ang karamihan, kasama ang maybahay ng nasasakdal at ang anak nilang lalaki, at isang sanggol na anak ng isang mag-asawang nakisakay din sa bangka. Isa ring pasahero ng nasabing bangka ang nasawi. Nang dumating sa isang lugar na napakalalim, sinimulang yugyugin ng nasawi ang bangka, na naging dahilan ng pagpasok ng tubig dito, at nakiusap ang nasasakdal sa nasawi, sa takot niya na lumubog ang bangka, na tigilan na nito ang ginagawa. Dahil hindi nakinig ang nasawi sa babalang ito, pinalo ng nasasakdal ng sagwan sa noo ang nasawi. Nahulog ang nasawi sa tubig at lumubog, nguni't muli namang lumitaw, pagkaraan ng ilang sandali, at kumapit sa tagiliran ng bangka, sabay sabing palulubugin niya ito, at saka sinimulang yugyugin na naman ang bangka sa gayong layunin. Nang makita ang ginagawa ng nasawi, nagsimulang magsigawan ang mga babae, kung kaya't muling hinataw ng nasasakdal ang nasawi sa leeg, sa pamamagitan ng sagwan. Muling lumubog ang nasawi. Ito na ang ikinamatay niya. Ipinasya sa usaping ito na, dahil sa kalagayan ng ilog sa bahaging iyon kung saan sinimulan ng nasawi na yugyugin ang bangka, nanganib na mamatay ang mga sakay ng bangka, na mga babae ang karamihan, lalung-lalo na ang sanggol, kung tuluyan itong napataob. Nagbigay ng batayan sa paniniwala ng nasasakdal ang asal ng nasawi sa pagyugyog sa bangka hanggang sa magsimula na itong pasukin ng tubig at ang kanyang pagpupumilit na magpatuloy sa ganitong pagkilos sa kabila ng babala at pakikiusap mula sa nasasakdal, na talagang patataubin ng nasawi ang bangka kung hindi niya maibubukod ang nasawi mula sa bangka sa paraang hindi magbibigay sa kanya ng panahon upang isakatuparan ang kanyang layunin. Kinailangang baldahin siya nang pansamantala. Sa layuning ito, pinakamenos sa maaaring makatwirang gawin ang paghataw ng nasasakdal sa noo ng nasawi sa pamamagitan ng sagwan. Maisasaalang-alang ang katwirang ito nang higit na matindi kaugnay sa ikalawang paghataw na ginawa ng nasasakdal sa leeg ng nasawi sa pamamagitan din ng sagwan dahil, sa pagkakataong iyon, higit pang malubha ang panganib na mapataob ang bangka, lalo pa't nagkapagpahayag na ng layunin ang nasawi na patataubin iyon. Bagama't may kaugnayan ang kasong ito sa pagtatanggol sa kamag-anak at, gayon din, sa pagtatanggol sa ibang tao, tinatalakay dito ang usaping ito dahil isa rin sa mga hinihinging sangkap sa pagtatanggol ng kamag-anak at sa pagtatanggol ng ibang tao, ang labag sa batas na pananalakay, na ganap na katulad ang angking kahulugan.).

Maaaring maglagay sa panganib ang isang paglusob sa pamamagitan ng panununtok sa kaligtasan ng sarili mula sa panunugat ng katawan. Kung gayon, isang labag sa batas na pananalakay ang gayong paglusob.[57]

Dapat na dumanas ang taong nagtatanggol sa sarili ng pananalakay sa pamamagitan ng nangyayaring dahas (paggamit ng katawaning lakas o puwersang pisikal) o sa pamamagitan, halimbawa, ng totohanang paggamit ng sandata. "Nangyayari" dapat ang paggamit ng dahas o sandata. Samakatuwid, hindi maaaring maging labag sa batas na pananalakay ang basta mapang-insultong mga pananalita sa nasasakdal, kahit gaano pa man kasama, nang walang katambal na paglusob sa katawan.[58] Kaya naman, hindi maaaring maging labag sa batas na pananalakay ang isang marahang pagtulak sa ulo sa pamamagitan ng kamay.[59] Hindi rin maaaring maging labag sa batas na pananalakay ang basta pagtulak o pagsalya, nang hindi sinusundan ng iba pang kagagawan.[60] Nguni't isang labag sa batas na pananalakay ang pagsampal sa mukha. Kung dalawang tao ang nagkatagpo sa lansangan, at isa sa kanila ang sinampal sa mukha ng isa at gumanti ang huli sa pamamagitan ng paghataw ng pamalo sa nanampal, na nakapagdulot ng bahagyang panunugat sa katawan ng huli, masasabing isang paggamit ng lakas na maituturing na labag sa batas na pananalakay ang naturang gawang pagsampal sa kapwa.[61] Ganito ang naiibang panuntunan dito dahil ang mukha ang sagisag ng karangalan ng isang tao at isang malubhang pananalakay sa pagkatao niya ang pagsampal dito. Isa itong katawaning paglusob na sinasabayan ng kawalang-pakundangan, kung hindi man isang paglapastangan, sa pagkatao ng kapwa. Samakatwid, madalas itinuturing na naglalagay ito sa karangalan, karapatan at kaligtasan ng isang tao sa isang tunay na panganib.[62] Hindi maihahalintulad dito at, kung gayon, hindi maituturing na labag sa batas na pananalakay ang pagbibigay ng "pasipang-bati."[63]

57. People v. Montalbo, 56 Phil. 443 (1931).
58. United States v. Carrero, 9 Phil. 544 (1908).
59. People v. Yuman, 61 Phil. 786 (1935).
60. People v. Sabio, 19 SCRA 901 (1967).
61. Kapasyahan, Tribunal Supremo ng Espanya, Enero 20, 1904; People v. Roxas, 58 Phil. 733 (1933).
62. *Sabio*, 19 SCRA sa 901.
63. *Id.* (ganito ang isinalarawan sa naturang usaping nagsimula nang nakaupo si Teodoro Sabio, kasama ng isang kaibigan, si Irving Jurilla, sa isang plasa. Lumapit sa kanila sina Romeo Bocobo, Ruben Mistosa at Leonardo Garcia. Dati silang matalik na magkakaibigan. Nagtanong si Bocobo kung saan nagpalipas ng mahal na araw si Sabio, sabay bigay kay Sabio ng "pasipang-bati," o marahang pagkanti sa paa ni Sabio sa pamamagitan ng kanyang sariling kaliwang paa. Kaagad namang tumayo si Sabio at saka sinuntok si Bocobo, na naging sanhi ng palaslas na sugat, 3/4 na pulgada ang haba, sa pang-itaas na

Walang labag sa batas na pananalakay kung wala man lamang napipinto o totohanang panganib sa buhay o katawan. Kaya naman, kung totoo ngang hinawakan ng biktima ang tubo ng riple ng nasasakdal o nagtangka siyang agawin ito, hindi mapaniniwalaang makatarungan para sa nasasakdal na alisin ang kandado nito at paputukin ito sa biktima, lalo pa't sa paghahambing ng kanilang kinaroronan, lumabas na higit na may kalayaang kumilos ang nasasakdal kaysa sa nasawi na napapagitnaan noon ng tatlo pang pasahero sa makipot na sukat ng kalesang kinaroroonan nila. Samakatwid, kung paghahambingin ang kanilang mga katayuan, higit na nakalalamang ang nasasakdal kung sakaling may mangyayaring pag-aagawan ng riple.[64]

Datapwa't maaaring maging labag sa batas na pananalakay ang isang matinding ganti sa isang pinsala o banta. Kapag gumawa ang taong nainsulto at bahagyang nasugatan o pinagbantaan, ng isang matinding paghihiganti sa pamamagitan ng pagsalakay bilang tugon sa taong nang-insulto, nakapagdulot ng bahagyang panunugat, o nagbanta sa kanya, ang taong gumaganti lamang ang siyang itinuturing na salarin, at isasaalang-alang ang pang-iinsulto, panunugat o pagbabantang ginawa sa kanya bilang isang pang-uudyok o paghahamon lamang, na makapagpapagaan sa kanyang saguting kriminal.[65] Sa gayong pagkakataon, walang matatagpuang pagtatanggol sa sarili. Sa katunayan, hindi maituturing na pagtatanggol sa sarili ang gawang paghihiganti. Naiiba nga ang paghihiganti sa gawang pagtatanggol sa sarili. Sa paghihiganti, humihinto na sa pag-iral ang pananalakay na sinimulan ng nasaktang panig sa sandaling ang nasasakdal naman ang siyang nananalakay. Sa pagtatanggol sa sarili, matatagpuang umiiral pa rin ang pananalakay sa sandaling masaktan ang mananalakay o mabalda ito ng taong nagsagawa ng pagtatanggol sa sarili. Kaya naman, kung huminto na sa labag sa batas na pagkilos ang isang taong nakagawa ng bahagyang panunugat sa kapwa, nang wala nang hangaring magdulot pa ng ibang pananakit, at ang nasaktang panig naman ang gumawa ng pananalakay, ang huling lumusob ang itinuturing na gumagawa ng labag sa batas na pananalakay. Paghihiganti ang gayong pananalakay. Datapwa't kaugnay ng isang taong nasaksak habang nasa anyong susuntukin ang kapwa at, upang hadlangan o itaboy ang panununtok, isinagawa sa kanya ang pananaksak sa pamamagitan ng isang punyal, ang gawang panununtok ang siyang maituturing na labag sa batas na pananalakay, na tumatayong makatarungang batayan sa naturang paggamit ng punyal.

talukap ng kanyang kaliwang mata. Inabot ng 11 hanggang 12 araw bago tuluyang naghilom ang sugat at naging hadlang ito sa pamamasukan ni Bocobo sa loob ng panahong iyon sa Victorias Milling Co., Inc. Ipinasyang isang praktikal na pagbibiro lamang ang isang mapaglarong pagsipa, bilang pagbati na namagitan sa mga datihan namang magkakaibigan, at maaari pa ngang makasakit, nguni't hindi ito isang malubha o tunay na pananalakay sa kaligtasan ng isang tao. Maaari itong maging isang bahagyang paghahamon lamang.).

64. People v. Riduca, 55 SCRA 190 (1974).

65. United States v. Carrero, 9 Phil. 544 (1908).

Kung makatwirang paraan sa paghadlang o pagtaboy ng pananalakay ang punyal, may matatagpuang pagtatanggol sa sarili. Upang mapanindigang makatarungan ang pagkakapatay sa nasawi sa dahilang pagtatanggol sa sarili, kinakailangang mapatunayang isinagawa ang pagkakapatay ng nasasakdal sa nasawi nang kasabay ng pananalakay na ginawa ng nasawi, o dapat lamang na magkakasunod ang dalawang magkatugong kagagawan nang walang kapansin-pansing tagal o agwat ng namagitang panahon.[66]

Kung ginawa naman ang pagkakapatay ng nasasakdal sa nasawi pagkatapos ng pananalakay nito, hindi dapat magkaroon ng sapat na panahon o pagkakataon upang makapagdili-dili at makapag-isip-isip nang mahinahon ang taong nangatwiran ng pagtatanggol sa sarili. Kaya naman, kung bumunot ang nasawi ng kanyang baril at itinutok iyon sa nasasakdal na umiwas, dahil sa naramdamang panganib sa kanyang buhay, at sinagpang ang kamay ng nasawi, kung kaya nahulog sa sahig ang baril at, sa gayong pagkakataon, kaagad namang binunot ng nasasakdal ang kanyang punyal, at saka sinaksak sa tiyan ang nasawi, matatagpuang kumilos ang nasasakdal sa pagtatanggol sa sarili. Hindi nangangahulugan ang pangyayaring nahawakan na ng nasasakdal ang kamay ng nasawi, na may tangan-tangang baril, at nahulog na ang sandata sa sahig, na natapos na nga nang lubos ang labag sa batas na pananalakay sa panig ng nasawi. Kung naganap ang pangyayari sa gabi, sa bahay mismo ng isang kamag-anak ng nasawi, kung saan naroroon ang isang kapatid at isang pinsan ng nasawi, at may ulat na dati nang nakagawa ng krimen ang nasabing pinsan ng nasawi, bukod sa pangyayaring naipagharap na ng sakdal ang nasawi mismo sa salang labag sa batas na pagtataglay ng sandatang-paputok at sa pagpapaputok ng baril nang labag sa batas, hindi maaasahang kumilos ang nasasakdal nang taglay ang lahat ng kahinahunan ng isang taong nasa ilalim ng karaniwang mga pangyayari. Malamang na nangingibabaw sa kanyang pag-iisip, sa mga sandaling iyon, ang panganib sa kanyang buhay at ang pangangailangang gumawa ng hakbang upang mapigilan ang pananalakay sa kanya. Samakatwid, hindi masasabing nagkaroon siya ng sapat na panahon o pagkakataon upang makapagdili-dili o mag-isip nang mahinahon dahil hindi maiiwasang kumilos siya nang agaran sa kinaroroonan.[67]

Dapat magmula ang labag sa batas na pananalakay sa mismong taong layon ng pagtatanggol. May labag sa batas na pananalakay sa panig ng nasawi kung siya mismo ang bumaba mula sa kanyang bahay upang harapin ang nasasakdal; siya ang nagbunganga ng pagbibintang na kung hindi dahil sa nasasakdal, nasa kanya (sa nasawi) pa rin sana ang kanyang kalabaw; siya ang nagsimulang managa sa pamamagitan ng kanyang karit nang mayamot siya sa sagot ng nasasakdal na wala siyang ano mang kinalaman sa pagkawala ng

66. United States v. Ferrer, 1 Phil. 56 (1901).

67. People v. Arellano, 54 O.G. 7252 (Court of Appeals 1958).

kanyang kalabaw, at nakasugat sa nasasakdal habang nagaganap ito. Isa itong labag sa batas na pananalakay, lalo pa't isinasagawa ng isang taong kilalang marahas.[68] Kung, bagama't sinalakay ang nasasakdal nang labag sa batas, hindi naman ang taong nanalakay mismo ang siyang nasawi sa kanyang kamay kung hindi ibang tao, hindi maisasaalang-alang ang naturang pananalakay sa pagkakataong ito bilang sangkap ng pagtatanggol sa sarili; dahil, upang maging isang sangkap ng pagtatanggol sa sarili, dapat ngang magmula ang pananalakay, maging sa tuwiran o di-tuwirang paraan, sa taong sinalakay ng nasasakdal bilang katugunan. Gayon ang naging pasya ng Tribunal Supremo ng Espanya sa kapasyahan nito ng 6 Mayo 1907; at hindi rin naman maituturing na may labag sa batas na pananalakay kung hindi kilala ang may kagagawan niyon, gaya ng naipasya noong 27 Pebrero 1895 ng nasabing Tribunal Supremo.69 Datapwa't kung nakasakit lamang nang hindi sinasadya ang isang taong may karapatang magtanggol sa sarili, hindi siya maaaring magkaroon ng saguting kriminal kaugnay ng gayong kinahinatnan, dahil hindi naman siya nagsasagawa ng labag sa batas na kagagawan kapag nagtatanggol lamang sa sarili.

Maaaring maituring na nagsasagawa ng labag sa batas na pananalakay ang isang nanunungkulan sa bayan na kumilos nang labis sa, o sa ibayo ng, kanyang kapangyarihan. Kaya naman, kung kumilos nang labis sa kanyang kapangyarihan ang isang Sherip ng Lalawigan na, sa pagpapatupad ng isang kautusan ng pagpapaganap ng kapasyahan ng hukuman, sa pamamagitan ng pagsamsam nang labag sa kalooban ng panig na nagkakautang ng ari-ariang may halagang sentimental para sa huli, bagama't mayroon pa namang ibang ari-ariang sapat upang tumugon sa hatol na bayarin sa nagwaging panig, na inalok naman nang nagsusumamo pa sa naturang Sherip, maituturing na nagsagawa ng labag sa batas na pananalakay sa gayong pagkakataon ang Sherip kung kaya may karapatan naman ang panig na nagkakautang na hadlangan o itaboy ang kanyang ginagawa.[70]

Maaaring magpabulaan sa ipinangangatwirang pagtatanggol sa sarili ang kalikasan, kinaroroonan, at kalubhaan ng sugat na idinulot sa nasaktang panig.[71] Kung nagpakita ang nasasakdal, na nangatwirang nagtanggol lamang sa sarili, ng isang maliit na sugat, isa't kalahating pulgada ang haba, na nilikha umano sa kanyang ulo ng isang kasangkapan, matatagpuang hindi ito sapat upang tumugon sa pangangailangan ng pagtatanggol sa sarili. Sa salita ng Kataas-taasang Hukuman, kung, upang makaligtas sa paninilbihan sa sandatahang-lakas, may mga taong handang sugatan ang sarili o magpasugat sa iba, sino naman kaya ang hindi susugat sa sarili nang bahagya upang

68. People v. Gavino, Sr., 155 SCRA 625 (1987).

69. People v. Gutierrez, 53 Phil. 609 (1929).

70. People v. Tilos, 36 O.G. 54 (Court of Appeals).

71. People v. Bautista, 6 SCRA 522 (1962).

makaiwas lamang sa parusang *reclusion temporal* na itinatadhana sa krimeng homisidyo?[72] Gayon din, pinasisinungalingan ng bilang ng mga sugat na naidulot ng nasasakdal sa katawan ng biktima ang kanyang teoriya ng pagtatanggol sa sarili.[73]

Kung nag-iisang saksing nakakita sa krimen ang mismong nasasakdal, at inamin niya ang kanyang nagawang pagpatay sa nasawi, datapwa't kanyang ipinangangatwirang nagawa niya ito sa pagtatanggol sa sarili, matatagpuan bilang totohanan, di-matututulan, at pisikal na mga pangyayari mismo, na tahasang sumasalungat sa buong teoriya ng pagtatanggol sa sarili, ang kalikasan, katangian, kinaroroonan, at kalubhaan ng sugat na tinamo ng nasawi, ayon sa pagpapatotoo ng saksing manggagamot na sumuri sa sugat, na malinaw na nagpapakitang hinataw ang nasawi mula sa likuran o habang nasa nakahandusay na kalagayan ang kanyang katawan. Batay dito, maikakatwirang hindi nga kumilos ang nasasakdal sa pagtatanggol lamang sa sarili.[74]

Pabubulaanan ang teoriya ng nasasakdal kaugnay sa pagtatanggol sa sarili ng kalikasan at kinaroroonan ng sugat ng biktima[75] kung, dahil mula sa kanan patungo sa kaliwa ang takbo nito, hindi ito maaaring maidulot ng isang taong gumagamit ng kanang kamay sa pagtangan ng bolong dalawang piye ang haba habang nasa harapan ng biktima. Maaaring hindi maisasaalang-

72. People v. Mediavilla, 52 Phil. 94 (1928).

73. People v. Santella, 4 SCRA 1005 (1966); People v. Martin, 11 SCRA 12 (1964); People v. Panganiban, 22 SCRA 817 (1968).

74. People v. Tolentino, 54 Phil. 77 (1929).

75. People v. Constantino, 20 SCRA 940 (1967) (tinukoy din, bilang karagdagan dito, ang di-maipaliwanag na di-pagsuko sa gulok na sinasabing ginamit ng nasasakdal sa pagtatanggol sa sarili; ang pagkabigo ng nasasakdal na agarang iulat o ipagbigay-alam sa maykapangyarihan ang sinasabing pagtatangka sa kanyang buhay na isinagawa laban sa kanya ng biktima; at ang kakulangan ng motibo o sanhi sa panig ng biktima upang salakayin ang nasasakdal.); sa People v. Cerna, 21 SCRA 569 (1967), natagpuang di-katanggap-tanggap ang bersiyon ng nasasakdal na nagtanggol lamang siya ng kanyang sarili dahil sumasalungat ang ulat sa awtopsiya sa kanyang sinasabing harapang pagbaril niya sa nasawi samantalang nasa itaas pa siya ng kanyang bahay; People v. Sarmiento, 8 SCRA 263 (1963)(pinabulaanan din ng mga pangyayari ang ipinangatwirang pagtatanggol sa sarili.); People v. Rogales, 6 SCRA 830 (1962); People v. Calacala, 14 SCRA 156 (1965); sa People v. Pelayo, 24 SCRA 1026 (1968), ang pagkabigo ng nasasakdal na isuko ang kanyang sarili sa mga maykapangyarihan matapos mangyari ang pananaksak ang nagdulot ng lambong ng pag-aalinlangan sa kanyang sinasabing pagtatanggol sa sarili.

alang nang masinsinan ang pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili dahil naman sa bilang ng mga sugat na tinamo ng biktima.[76]

Maaari ring pabulaanan ang pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili kung di-malamang na nangyaring ang nasawi nga mismo ang siyang nanalakay. Halimbawa, hindi malamang o kapani-paniwalang ang isang matandang mahigit na sa animnapung taong gulang ang siyang gagawa ng pananalakay sa nasasakdal, na 24 na taong gulang at sandatahan kapwa ng baril at gulok, nang dahil lamang sa sinasabing pagtanggi ng huli na magbigay ng baboy sa kanya.[77] Gayon din, mahirap paniwalaang ang nasawi, na isang matandang 55 taong gulang at may sakit sa bituka, ang siyang magpupumilit manalakay at patuluy-tuloy na pagtatagain ang nasasakdal pagkatapos magtamo ng malubhang sugat sa sarili at naputulan pa ng kamay.[78] Maaaring hindi mapaniniwalaan ang pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili kung lumilitaw sa mga pangyayari na hindi naman sandatahan ang biktima, taliwas sa sinasabing nakihamok siya nang gamit ang isang punyal.[79]

Hindi tumutugma sa pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili ang pangyayaring tumangging magbigay ng salaysay ng mga pangyayari ang nasasakdal nang sumuko siya sa isang pulis. Kaya naman, kung noong sumuko ang nasasakdal sa mga pulis, tumanggi siyang magbigay ng ano mang salaysay, na siyang dapat sana niyang ginawa sa likas na kalakaran ng mga bagay kung kumilos nga lamang siya upang ipagtanggol ang sarili, sapat upang pabulaanan ng gayong pag-aasal ang pangangatwiran ng pagtatanggol lamang sa sarili. Ang pagsusumpa sa kawalang-kasalanan o pagkamakatarungan ng kagagawang ginanap ang siyang makatwiran at bukal na kaasalanan ng isang taong natagpuan lamang ang sarili sa kalagayang mapagpaparatangan siya ng kasalanan, gaya ng nasaksihan sana ng pulis na nakahuli sa nasasakdal samantalang hawak-hawak ang sandatang nakapatay, sa harapan ng naghihingalo niyang biktima.[80]

Maaaring tuusin sa pisikal na mga pangyayari kung kumilos nga ba o hindi ang nasasakdal sa pagtatanggol lamang sa sarili. Kung nangatwiran ng pagtatanggol sa sarili ang nasasakdal, sa pamamagitan ng pagsalaysay na dalawang ulit niyang sinaksak ang biktima nang dumaluhong ang huli sa kanya upang agawin ang bolo ng nasasakdal, datapwa't mapupunang kung totoo ang sinasabi ng nasasakdal, sa harap sana tinamaan ang biktima, samantalang ipinakikita naman ng katibayan na nagtamo ang biktima ng mga

---

76. People v. Panganiban, 22 SCRA 817 (1968) (na umabot sa labingsiyam lahat-lahat.).

77. People v. Diaz, et al., 55 SCRA 178 (1974).

78. People v. Ardisa, 55 SCRA 245 (1974).

79. People v. Manansala, Jr., 31 SCRA 401 (1970).

80. *Id.*

sugat sa kanyang likod, hindi matatagpuang nagkaroon nga lamang ng pagtatanggol sa sarili.[81]

Kakatigan ng Kataas-taasang Hukuman ang pangangatwiran ng nasasakdal ng pagtatanggol sa sarili at babaliktarin ang hatol ng pagkakasalang natagpuan ng nakabababang hukuman kung, sa gitna ng nagtutunggaliang mga bersiyon kung paano nabaril ang biktima, lumilitaw na higit na dapat paniwalaan ng Kataas-taasang Hukuman ang bersiyon ng nasasakdal dahil higit itong tumutugma sa nailahad na mga pisikal na katibayan. Kung tinangka ng tagausig na patunayang nakatayo ang biktima nang may dalawa o tatlong metro ang layo mula sa trak kung saan nakaupo, bilang drayber, ang nasasakdal, at binaril ng nasasakdal ang biktima, nang walang kaabug-abog o nangunang pagpapalitan ng salita, datapwa't, sa kabilang dako, sinabi naman ng nasasakdal na umakyat ang biktima sa tuntungan sa gilid ng trak, pagkatapos bumunot ng isang balisong, at saka humawak sa dungawan nito, at nang isaksak ng biktima ang balisong, yumuko tungo sa dulong kanan ang nasasakdal, sabay ilag sa kamay ng biktima na muling umakmang sasaksak na naman at, sa sandaling ito, kung kailan nakadapa na halos sa upuang pangdrayber ang nasasakdal, binunot naman ng nasasakdal ang kanyang baril mula sa kahong lagyanan ng kasangkapan at saka binaril ang nasawi, maituturing na hindi lamang tumutugma ang mga pisikal at obhetibong mga pangyayari, kung hindi malakas na nagpapatibay ang mga ito sa ipinangangatwirang pagtatanggol sa sarili ng nasasakdal. Nagkaiba sana ang tunguhin (*direction*) at nilandas (*trajectory*) ng mga bala kung nakatayo nga nang tuwid ang biktima, dalawa o tatlong metro ang layo, sa gawing kaliwa ng trak.[82]

Kapag tumigil na, o hindi na umiiral, ang nasimulang pananalakay dahil tumakbo na ang nanalakay, wala nang karapatan ang taong nagtatanggol sa sarili na patayin pa o kahit na sugatan man lamang ang dating nanalakay. Kung, halimbawa, tumakbo nang palayo ang taong nanalakay, masasabing huminto na sa pag-iral ang labag sa batas na pananalakay.[83] Gayon din,

81. People v. Dorico, 54 SCRA 172 (1973).

82. People v. Aquino, 54 SCRA 409 (1973).

83. People v. Alconga, et al., 78 Phil. 366 (1947) (isinalarawan ang panuntunang ito sa naturang usapin kung saan bangkero sa sugal na black-jack ang nasawi. Pumuwesto ang nasasakdal sa gawing likuran ng nasawi bilang tagasilip sa baraha nito, na isinisenyas nito sa kanyang kabakas na naglalaro naman bilang kalaban ng nasawi. Nang matuklasan ng nasawi ang gayong pakana ng nasasakdal at ng kabakas nito, halos magsuntukan ang nasawi at ang nasasakdal. Nagbanta ang nasawi na gagawan ng masama ang nasasakdal. Isang araw pagkatapos ng pangyayaring ito, samantalang nakaupo sa isang bangko ang nasasakdal, lumapit sa kanya ang nasawi at kaagad siyang hinataw ng pinggahan, nguni't nailagan ito ng nasasakdal sa pamamagitan ng paggapang sa ilalim ng bangko. Nagpatuloy ang nasawi sa pagbibitiw ng kanyang ikalawa at ikatlong hataw, at sa gayong

kahima't ang nasawi ang lumitaw na naunang nanalakay sa pamamagitan ng pamamaril, dahil nasa anyong tumatakas na ito pagkatapos maubusan ng bala, kung kailan naman siya hinabol ng nasasakdal at sinugatan sa gawing puwitan, nang maabutan, sugat na ikinamatay nito, matatagpuang nagkasala ang nasasakdal ng homisidyo sapagka't, sa gayong kalagayan, dapat na nagtimpi na lamang sana ang nasasakdal datapwa't hindi gayon ang kanyang ginawa.[84]

Kapag napatunayang wala nang labag sa batas na pananalakay sa mismong sandali ng pagpatay, hindi na maaaring magkaroon pa ng pagtatanggol sa sarili, maging ganap man o di-ganap, sa dahilang isang pasubaling *sine qua non* ang sangkap na labag sa batas na pananalakay sa pagsasaalang-alang ng makatarungang pangyayaring ito.[85] Kung wala namang hahadlangan o itataboy, hindi magkakaroon ng batayan ang dalawa pang ibang hinihinging sangkap ng pagtatanggol sa sarili.[86]

Kapag huminto na ang isang labag sa batas na pananalakay, wala nang karapatan ang taong nagsagawa ng pagtatanggol na patayin o sugatan pa ang naunang nanalakay.[87] Kung, gaya ng isinalaysay ng nasasakdal, sumadsad sa lupa ang nasawing lango sa kalasingan na nagtangkang sumuntok sa kanya nguni't hindi naman nakatama, masasabing huminto na sa sandaling iyon ang

---

pagapang-gapang na kalagayan, nagpaputok ang nasasakdal ng kanyang baril nang hindi tinatamaan ang nasawi. Sumunod ang manu-manong paglalaban ng dalawa, gamit ng nasawi ang kanyang patalim at bolo naman ang sa nasasakdal. Nang magtamo ng maraming sugat ang nasawi, kumalas na ito at tumakbong patakas; nguni't sinundan pa rin ng nasasakdal at muling naganap sa kanila ang isa pang pagsasagupaan. Sa kalagitnaan nitong ikalawang paglalaban, isang nakamamatay na taga ang naidulot ng nasasakdal sa bungo ng nasawi, na ikinamatay nito. Ipinasya sa usaping ito na nagkaroon ng dalawang yugto ang labanang namagitan sa nasasakdal at sa nasawi. Sa unang yugto ng labanan, kumilos sa pagtatanggol sa sarili ang nasasakdal nang makataga nang ilang sugat sa nasawi, dahil sa pagkakataong iyon, ang nasawi, na paulit-ulit sa paghataw sa nasasakdal, ang siyang nananalakay nang labag sa batas. Nguni't mula nang tumakbo na ang nasawi, pagkatapos magtamo ng maraming sugat, nawala na ang panganib sa buhay ng nasasakdal na nakapamili sanang manatili na lamang kung saan siya naroroon, dahil halos hindi man lamang siya nagalusan. Nguni't nang habulin niya ang nasawi, at nagdulot sa huli ng nakamamatay na sugat, hindi na kumilos sa layunin ng pagtatanggol sa sarili ang nasasakdal, dahil huminto na ang labag sa batas na pananalakay ng nasawi mula noong sandaling tumakbo siya.).

84. People v. del Rosario, 58 O.G. 7879 (Court of Appeals 1962) (na tumutukoy sa kapasyahan ng Kataas-taasang Hukuman.).

85. People v. Guerrero, 389 SCRA 389 (2002); People v. Rabanal, 387 SCRA 85 (2002); People v. Dela Cruz, 383 SCRA 250 (2002); People v. Enfectana, 381 SCRA 359 (2002).

86. People v. Escarlos, 410 SCRA 463 (2003).

87. People v. San Juan, 386 SCRA 400 (2002); People v. Tejero, 381 SCRA 382 (2002).

labag sa batas na pananalakay at hindi na kinailangang saksakin pa siya ng nasasakdal. Bagkus, ang nasasakdal na ang naging labag sa batas na mananalakay nang isinagawa niya, sa kabila ng kalagayan ng nasawi, ang pagdudulot ng saksak sa likod nito. Hindi na mabibigyang-katuturan ang kanyang kagagawan bilang isang pagtatanggol sa sarili, kung hindi isang maling pagnanais na pumatay. Kaya naman, hindi niya matagumpay na mahihingi ang kapakinabangan ng naaayon sa batas na pagtatanggol sa sarili.[88]

Hindi isang labag sa batas na pananalakay, na nagsisilbing batayan ng pagtatanggol sa sarili, ang isang gawang pananalakay kapag hindi naman pinursige ng nagsasagawa nito ang kanyang layunin, o kapag kanya nang tinigilan ang kanyang pag-aasal kung kaya wala na sa panganib ang naging layon ng kanyang pananalakay.[89] Kapag hindi na umiiral ang nasimulang labag sa batas na pananalakay, wala ng karapatan ang taong nagsasagawa ng pagtatanggol na patayin pa o kahit sugatan man lamang ang naunang mananalakay.[90] Kaya naman, kahit pa nagkaroon ng pagtatalo bago naganap ang insidente ng pananaksak at tunay ngang may umiral na panganib, tumigil na ang dumarating na panganib noong sandaling madis-armahan ang biktima nang maagaw ang punyal sa kanya. Pagkatapos magtagumpay ang nasasakdal sa pag-agaw ng punyal, wala nang masasabing labag sa batas na pananalakay na humihingi ng pangangailangang patayin pa ang nasawi. Kaya naman, ang nasasakdal na mismo ang naging labag sa batas na mananalakay nang kanyang saksakin ang biktima. Hindi mapag-aalinlanganang lumampas ang nasakdal sa tawag ng pansariling kaligtasan nang magpatuloy siya sa pagdudulot ng malabis, mabangis, at nakamamatay na mga sugat sa nasawi, kahima't tumigil na ang sinasabing labag sa batas na pananalakay.[91]

Dapat pag-ibahin ang pagtatanggol sa sarili sa gawang paghihiganti; sa gawang paghihiganti, tumigil na ang nasimulang labag sa batas na pananalakay nang isagawa ang katugong pagpatay o panunugat. Sa pagtatanggol ng sarili, umiiral pa ang labag sa batas na pananalakay nang isagawa ng taong nagsasagawa ng pagtatanggol ang katugong pagpatay o panunugat.[92] Pagkaraan ng panganib, hindi na makatarungan para kanino man na tugisin pa ang kanyang kalaban upang kitlin ang buhay nito. Dapat iwasan hanggang maaari ang mga madugong alitan. Hindi na maaaring parusahan nino man ang pananalakay sa kanyang katauhan kapag lumipas na ang panganib. Samakatwid, lumilipas o napapawi ang karapatang magtanggol

88. People v. Antonio, 383 SCRA 751 (2002).
89. People v. Geneblazo, 361 SCRA 572 (2001).
90. People v. Caguing, 347 SCRA 374 (2000).
91. *Escarlos*, 410 SCRA sa 463.
92. People v. Gallego, 406 SCRA 6 (2003); People v. Vicente, 405 SCRA 40 (2003).

sa sarili kapag natapos na ang panganib. Pagtatanggol ang kinikilalang karapatan, hindi ang paghihiganti.[93]

Datapwa't malinaw na kung layunin ng nananalakay sa pag-urong ang mapunta lamang sa isang nakalalamang o nakahihigit na kalagayan, para matiyak ang tagumpay ng pananalakay na kanyang sinimulan, maituturing na nagpapatuloy pa rin ang labag sa batas na pananalakay kung kaya may karapatan din naman ang taong nagtatanggol sa sarili na humabol sa kanyang pag-urong at baldahin siya. Samakatwid, hindi itinitigil ang labag sa batas na pananalakay ng basta pansamantalang pag-urong upang maparoon lamang sa isang nakahihigit o nakalalamang na kalagayan.

Walang labag sa batas na pananalakay na kikilanlin mula sa isang pinagkasunduang labanan gaya, halimbawa, kung nagkasundong maglaban ang nasasakdal at ang nasawi, pagkaraan ng isang mainitang pagtatalo sa isang bar, saka nagpunta sa tindahan upang bumili ng dalawang patalim; at pagkatapos, bagama't paulit-ulit na nagpahayag ang nasasakdal sa nasawi na ayaw na niyang lumaban at nakiusap pa ang nasasakdal sa nasawi na huwag na nga lamang silang maglaban, nguni't hindi naman nakinig ang nasawi at, sa halip, agad-agad pang sinalakay ang nasasakdal datapwa't, sa kalaunan, ang nasasakdal ang nagtagumpay sa pagpatay sa nasawi, matatagpuan sa ganitong pagkakataon na nagtutugunan lamang ang pananalakay na kapwa di-naaayon sa batas sa pagitan ng dalawang nagtutunggaliang panig.[94] Kapag kapwa nagkasundong maglaban ang magkabilang panig, sa sagupaan, hindi na mahalaga kung sino sa kanila ang naunang nanalakay o nasugatan, dahil ituturing na isang insidente lamang na hatid ng labanan mismo ang unang gawa ng karahasan at hindi ito masasabing pananalakay na hindi hinihingi ng pagkakataon o hindi inaasahan, na siya lamang kinikilala ng batas bilang dahilan ng pagtatanggol sa sarili.[95]

Matatagpuang may kasunduang maglaban kung noong nakarating na sa kanyang bahay ang nasasakdal, na habul-habol ng nasawi, pumulot siya ng pambayo at, pagbaling sa nasawi, humarap ito at sinabing: "Lapit kung matapang ka," at saka sinalakay at pinatay na sa hambalos ang nasawi, kung kaya hindi na masasabing kumilos sa pagtatanggol lamang ng sarili ang nasasakdal, dahil tumatayong pagsang-ayon sa hamong makipaglaban ang ginawa niya nang magtiwalang mayroon na siyang angkop na sandatang panlaban.[96]

93. Senoja v. People, 440 SCRA 695 (2004).

94. United States v. Navarro, 7 Phil. 713 (1907); *tingnan din* People v. Marasigan, 51 Phil. 701 (1928); People v. Gondayao, 30 SCRA 226 (1969).

95. United States v. Cortez, et al., 36 Phil. 837 (1917); People v. Marasigan, 51 Phil. 701 (1928); People v. Lumasag, 56 Phil. 19 (1931).

96. People v. Monteroso, 51 Phil. 815 (1928).

Datapwa't kung nagkaroon ng paghahamunan, dapat na tinanggap nga ang hamon sa pakikipaglaban upang maitakwil ang karapatang manindigan sa pagtatanggol lamang sa sarili. Kaya naman, kung hinamon ng nasawi ang nasasakdal na makipaglaban at kaagad namang sumugod ito sa huli nang may tangan-tangang gulok, kung kaya kinailangan ng nasasakdal na ipagtanggol ang sarili sa pamamagitan ng patalim na isinaksak niya sa nasawi, maituturing pa ring kumilos ang nasasakdal sa pagtatanggol sa sarili dahil bagama't nagkaroon nga ng paghahamon, hindi naman niya ito tinanggap.[97] Hindi maisasaalang-alang bilang makatarungang pangyayari ang pagtatanggol sa sarili kung tinanggap ng nasakdal ang hamong makipaglaban siya sa nasawi.[98]

Kung gayon, kapag napagkasunduan ang paglalaban, sabayang mananalakay at sinasalakay ang katayuan sa batas ng bawat magkatunggaling panig, at walang sino man sa kanila ang maaaring mangatwiran ng pagtatanggol sa sarili, kung hindi itinuturing ang pananalakay na nagmumula sa alin mang panig na magkatunggali na isa lamang sa natataong kinahinatnan, bunga o insidente ng kanilang paglalaban.[99] Hindi makapangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili ang isang taong kusang-loob na nakilahok o sumali sa labanan.

Datapwa't, sa kabila ng kasunduang maglaban, maituturing pa ring labag sa batas na pananalakay ang pagdaluhong na nanguna sa napagkasunduang sandali o pook ng paglalaban. Samakatwid, kung nagkaroon ng napagkasunduang paglalabanan, labag sa batas ang pananalakay na isinagawa bago dumating sa nagpagkasunduang sandali at pook ng paglalaban. Hindi naglalagay ng tungkulin na tugunan ng taong tumanggap ng hamon at nalagay sa agrabyado ang pananalakay kailan man bago sapitin ang itinalagang sandali at pook ng pagtutunggali at maituturing na lantarang labag sa batas ang gayong pananalakay.[100] Kung nasa tanggapan ng isang pandibisyong superintendente ng mga paaralan ang dalawang mag-aaral nang magkaroon sila ng pagtatalo, at pinulot ng isa sa kanila ang isang tinggang pabigat sa papel mula sa isang mesa at hinamon niya ang pangalawa na lumabas sila, upang makapaglaban nga sila sa labas ng gusaling kinaroroonan, kung kaya lumisan mula sa tanggapan ang naghahamong mag-aaral, na sinundan naman ng hinahamong mag-aaral, datapwa't habang nasa harapan pa lamang sila ng mesa ng isang kawani ng tanggapang iyon, at hiniling ng hinahamong mag-aaral na ibaba muna ng naghahamong mag-aaral ang tinggang pabigat sa papel na tangan-tangan pa rin nito nguni't, sa halip na gawin ito, bigla na lamang dinaklot at pinitserahan ng naghahamong mag-aaral ang leeg at kuwelyo ng damit na polo ng hinahamong mag-aaral, na ikinapunit nito, at

97. People v. Del Pilar, 44 O.G. 596 (Court of Appeals 1947).

98. People v. Gondayao, 30 SCRA 226 (1969).

99. People v. Quinto, 55 Phil. 116 (1930).

100. Justo v. Court of Appeals, 53 O.G. 4083 (1956).

ilang ulit na ngang sinuntok ng hinahamong mag-aaral ang naghahamong mag-aaral, matatagpuan, sa pagkakataong ito, na naganap ang pananalakay na ginawa ng naghahamong mag-aaral bago pa man sila nakalabas ng gusali kung kaya maituturing pa rin itong labag sa batas, sa kabila ng kanilang napagkasunduang paglalaban.[101]

Sa kawalan ng tuwirang katibayang mapagbabatayan sa pagtutuos kung sino ang nagpasimula sa labanan, naipasyang ipagpapalagay na, sa likas na kalakaran ng mga bagay, ang taong nasaktan nang masidhi ng pang-iinsulto o paghihinanakit ang siyang naniniwalang may karapatan siyang humingi ng kapaliwanagan mula sa taong nang-insulto o kaugnay sa kanyang paghihinanakit, at siya ring nagsagawa ng unang paglusob nang hindi siya nasiyahan sa ibinigay na paliwanag.[102] Ang pangyayaring ang nasasakdal, hindi ang nasawi, ang may higit na matinding sanhi o motibo upang isagawa ang krimen sa dahilang sapat na ang parusang tinamo ng nasawi mula sa maling pag-aasal nito, at dahil nahayag sa maraming tao ang pagkakapahiya sa kanya nang matalo siya sa labanan nilang dalawa sa loob ng sinehan, ang maaaring maghatid sa Hukuman sa pasyang hindi talaga mapaninindigan ang ipinangangatwirang pagtatanggol sa sarili.[103]

Pansining sa tatlong uri ng pagtatanggol na binabanggit sa mga talataan 1, 2 at 3 ng Artikulo 11, humihingi rin ang pagtatanggol sa karapatan ng pagdalo ng una at ikalawang sangkap, na: (1) labag sa batas na pananalakay, at (2) makatwirang pangangailangan upang hadlangan o itaboy ito. Mapangangatwiranan, halimbawa, ang pagtatanggol sa kalinisan ng puri sa pagkakataon ng pagtatangkang gahasain ang isang babae. Kung gayon, isang labag sa batas na pananalakay ang pagyakap sa isang babae, paghaplos sa kanyang mga pinakaiingatang bahagi at dibdib, at pagpapahiga sa kanya sa layuning gahasain siya sa isang liblib o di-pinamamahayanang pook nang magtatakipsilim na, bilang pananalakay sa kanyang kalinisang-puri.[104] Kaya naman, kung isang babae ang nasasakdal, na naglalakad pauwi, kasama ang isang pangkat ng mga kaibigang kinabibilangan ng nasawi at, habang dumidilim na noon at nilalandas nila ang isang makipot na daanan at nang makalayo na sa unahan ang iba pa nilang mga kasamahan, bigla na lamang niyakap ng nasawi ang nasasakdal mula sa likuran, nilamas ang kanyang dibdib, hinalikan siya, at hinaplos ang kanyang pinakaiingatang bahagi, saka sinimulang bunuin at ihiga ng nasawi ang nasasakdal, datapwa't nang maramdaman ng nasasakdal na wala na siyang magawa laban sa lakas ng nananalakay sa kanya, dinukot niya ang isang lanseta mula sa kanyang bulsa at pinagsasaksak nito ang nasawi, matatagpuang makatarungan para sa nasasakdal

101. *Id.*

102. United States v. Laurel, 22 Phil. 252 (1912).

103. People v. Berio, 59 Phil. 533 (1934).

104. People v. De la Cruz, 61 Phil. 344 (1935).

na gamitin ang lanseta upang maitaboy ang pinaniniwalaan niyang pananalakay laban sa kanyang kalinisang-puri, dahil wala na siyang nalalabing paraan pa noong mga sandaling iyon upang maipagtanggol ang sarili.[105]

Isang pananalakay ang pagtatangkang gahasain ang isang babae na sapat upang mailagay siya sa katayuan ng naaayon sa batas na pagtatanggol sapagka't dapat igalang ang kalinisang-puri ng isang babae bilang isang karapatang katulad ang kahalagahan, kung hindi man higit pa, sa kanyang buhay mismo. Maaaring pumatay ang babaeng nalalagay sa gayong panganib sa nananalakay sa kanya kung iyon na lamang ang natitirang paraan upang mapangalagaan niya ang kanyang kalinisang-puri mula sa gayon kalubhang kalapastanganan.[106] Nguni't kung nanliligaw ang nasawi sa nasasakdal nang tila walang napapala at, isang araw, nilapitan ng nasawi ang nasasakdal, nagtapat ng kanyang pag-ibig na tahasang tinanggihan ng nasasakdal, at bigla na lamang pangahas na niyakap ng nasawi ang nasasakdal at pinaghahalikan, kung kaya pinagsusuntok at sinipa naman ng nasasakdal ang nasawi, pangyayaring nagbunsod sa nasasakdal sa pagdadala ng isang balisong saan man siya pumunta magmula noon at, isang linggo pa pagkaraan nito, habang nagsisimba ang nasasakdal, pumasok ang nasawi sa simbahan, naupo sa tabihan ng nasasakdal, at ipinatong ang kanyang kamay sa itaas na bahagi ng kanang hita ng nasasakdal, dahilan kung kaya binunot ng nasasakdal ang kanyang balisong at sinaksak nito ang nasawi sa mismong puno ng kaliwang bahagi ng kanyang leeg, na nagdulot naman sa kanya ng nakamamatay na sugat, matatagpuang maliwanag na naging malabis ang paraang ginamit ng nasasakdal sa pagtatanggol ng kanyang kalinisang-puri kung isasaalang-alang na naiilawan ng bombilyang de-kuryente ang kapilyang pinangyarihan ng krimen, na marami namang iba pang tao roon sa loob ng kapilya, kabilang na nga ang ama ng nasasakdal at, gayon din, ang tenyente-del-baryo, dahil, sa ilalim ng ganitong mga pangyayari, hindi masasabing maaaring magahasa siya ng nasawi.[107] Isinaalang-alang dito ang pagkakaroon ng labag sa batas na pananalakay sa panig ng nasawi, na binuo ng pagpatong ng kamay nito sa gawing itaas na bahagi ng hita ng nasasakdal, datapwa't hindi nabigyan ng pakinabang ng ganap na pagtatanggol sa sarili ang nasasakdal, dahil hindi naman makatwiran ang paraang ginamit niya sa paghadlang o pagtaboy nito. Kung sinuntok at sinipa lamang ng nasasakdal ang nasawi, gaya ng kanyang ginawa sa unang pangyayaring namagitan sa kanila, upang hadlangan ito sa patuloy na pagsasagawa ng kalapastangan sa kanyang kalinisang-puri, lubusan sanang naging makatarungan ang kanyang ginawa.[108]

---

105. *Id.*

106. People v. Luague, et al., 62 Phil. 504 (1935).

107. People v. Jaurigue, 76 Phil. 174 (1946).

108. *Tingnan din* People v. Apego, 23 Phil. 391 (1912).

Datapwa't, kaugnay sa pagtatanggol sa ari-arian, maipangangatwiran lamang bilang makatarungang pangyayari ang pagtatanggol sa ari-arian kung sinasabayan ang pananalakay sa ari-arian ng isang katambal na pananalakay sa katauhan ng may-ari nito o ng taong pinagkatiwalaan ng pangangalaga sa nasabing ari-arian.[109] Kung, armado ng ripleng de-sabog, at habang binabantayan ng nasasakdal ang kanyang lupain, may napansin siyang taong may pasan-pasang bagay sa kanyang balikat at, sa paniniwalang ninakaw ng taong iyon ang kanyang palay, isinigaw niya ang utos na pagpapahinto sa nasabing tao nguni't, dahil hindi naman huminto ang naturang tao, nagpaputok sa hangin ang nasasakdal at, pagkatapos, ay sinundan pa iyon ng pagpapaputok na nakatudla na mismo sa tao, na nagtamo ng tamang ikinamatay niyon, hindi masasabing makatarungang pagtatanggol sa ari-arian ang ginawa ng nasasakdal. Hindi naman kasing-halaga ng pagtatanggol sa sarili ang gawang pagtatanggol sa ari-arian, at mapangangatwiranan lamang ang pagtatanggol sa ari-arian bilang makatarungang pangyayari kapag sinabayan ang pagsalakay sa ari-arian ng pananalakay sa katauhan mismo ng taong pinagkatiwalaan ng pangangalaga sa nasabing ari-arian (o ng may-ari nito). Kung sinalakay din ng nasabing magnanakaw, sabihing sa pamamagitan ng gulok, ang nasasakdal, na gustong pahintuin, hadlangan o itaboy ang magnanakaw na papalapit sa kanya, magiging makatarungan sana para sa kanya na barilin ito, kung ang ripleng de-sabog ang tanging sandatang magagamit niya sa pagtatanggol sa sarili. Sa gayong pagkakataon, mayroong labag sa batas na pananalakay sa panig ng nasawi, na hinihingi ring sangkap sa pagtatanggol ng ari-arian. Mapapansin sa talataan 1 ng Artikulo 11, ang pambungad na parirala, na sinundan ng lista ng tatlong sangkap na kinakailangan sa pagtatanggol, na nagsasabing: "sino mang kumilos sa pagtatanggol ng kanyang katauhan o mga karapatan." Sumasakop ang salitang "mga karapatan" sa karapatan sa ari-arian. Kaya naman, dapat ding umiral nang sabayan sa pagkakataon ng pagtatanggol sa ari-arian ang lahat ng mga sangkap na kinakailagan sa pagtatanggol ng sarili, lalung-lalo na ang labag sa batas na pananalakay. Kung isang tanod sa isang bodega ang nakasumpong sa nasaktang panig sa anyong paglabas sa pintuan niyon nang pasan-pasan ang isang sakong palay, kung kaya pinaputukan ng tanod ang nasaktang panig, na nagdulot sa huli ng di-gaanong malubhang panunugat sa katawan, maipapasyang dahil hindi naman pinagbuhatan ng kamay ng nasaktang panig ang tanod, ni pinagtangkaang salakayin nito ang huli, hindi wasto at naaayon sa batas na ipangatwiran ng tanod ang pagtatanggol sa ari-arian. Dapat ngang magkaroon ng pananalakay mula sa panig ng magnanakaw ng ari-arian laban sa taong nangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili.[110] Datapwa't malinaw na natagpuan ng Kataas-taasang Hukuman ang pagkakaroon ng labag sa batas na

109. *Ngunit tingnan* People v. Narvaez, 121 SCRA 389 (1983), pansinin ang tumututol na palagay ni Mahistrado Gutierrez kaugnay sa ipinahihiwatig ng pasya sa Narvaez sa panuntunang inilahad sa Apolinar.

110. People v. Goya, C.A. G.R. No. 16373-R, Setyembre 29, 1956.

pananalakay sa isang usapin kung saan ipinag-utos ng nasawi ang pagpapagiba sa isang bahagi ng tahanan ng nasasakdal at ang pagpapabakod sa inaangking lupain sa paraaang magkakait sa nasasakdal ng lagusan mula sa kanyang mga ari-arian (tahanan, kiskisan at patuyuan ng palay) tungo sa lansangan.[111]

Gayon pa man, kaugnay sa pagtatanggol ng tahanan, masasabing nagpapakita ang marahas na pagpasok sa tahanan ng kapwa sa gitna ng gabi, na isinagawa ng isang taong armado ng bolo, na ipinagpilitan ang sarili sa loob ng bahay, na handa siya sa, at naghahanap ng, gulo. Bumubuo ng labag sa batas na pananalakay ang kanyang pagpasok sa tahanan. Hindi kinakailangang maghintay, sa gayong pagkakataon, na lusubin pa ang may-ari ng bahay bago pa man maitataboy ng huli ang gayong pananalakay.[112] Sa mga araw at panahong ito, matatapang na ang mga pagnanakaw at panloloob na isinasagawa sa harapan mismo ng mga naninirahan sa tahanan at sa gabi pa kadalasan, kung kaya hindi dapat mag-atubili ang mga hukuman na katigan ang teoriya ng pagtatanggol sa sariling ng mga biktima ng panloloob o pagnanakaw kapag nagpapakita ang nanloloob o magnanakaw ng lapastangang pananalakay sa pamamagitan ng mga panlabas na kagagawan, sa halip na takot o pagnanais tumakas kapag nahuli, dahil matitiyak na handa ang gayong nanloloob na magsagawa hindi lamang ng pagnanakaw kundi ng pagpatay na rin kung kinakailangan sa ilalim (o sa kagipitan) ng mga pangyayari. Sa pagkakataong ito, kahit na hindi talaga nakita ng nasasakdal na dumadaluhong sa kanya ang nasawi, sa pamamagitan ng isang balisong, sapat na ang pangyayaring nilusob ng nasawi ang nasasakdal sa gitna ng dilim upang magkaroon ng labag sa batas na pananalakay, na nagsisilbing makatarungang batayan upang ipagtanggol ng nasasakdal ang kanyang sarili.[113]

Maaaring isaalang-alang ang paniniwala ng nasasakdal kaugnay sa pag-iral ng labag sa batas na pananalakay kahit na, sa katotohanan, wala talagang umiiral na gayon kung nagmula naman ang ganitong paniniwala sa pagkakamali sa talagang mga pangyayari. Kung nakita ni A, sa matahimik na pagganap ng kanyang mga gawain, na matuling dumadaluhong sa kanya si B, nang nakaunat na ang mga bisig at may tangan-tangang baril, at nagbabanta nang marahas sa kanyang buhay habang papalapit at, sa dahilang nakarating na si B sa sapat na lapit, nang taglay pa rin ang gayong banta, anyo at pag-aasal, kay A na may hawak namang panghambalos na kanyang magagamit sa

111. *Tingnan Narvaez*, 121 SCRA sa 389, tumutol sa pasya ng nakararami si Mahistrado Gutierrez, tinatalakay ang *Narvaez* sa ilalim ng Talataan 1, Artikulo 11, BINAGONG KODIGO PENAL.

112. People v. Marabilas, 45 O.G., Ika-5 na Sup., 277.

113. People v. Salatan, 69 O.G. 10134 (Court of Appeals 1972), isaalang-alang din ang nangyari sa United States v. Ah Chong, 15 Phil. 488, 502-503 (1910); *ngunit tingnan Apego*, 23 Phil. sa 391.

pagtatanggol ng sarili, at hinataw nga ni A si B sa ulo bago pa man o sabay sa pagpapaputok ng huli ng baril, at ikinamatay ni B ang tinamong sugat, datapwa't lumitaw na blangko pala ang bala ng baril at pananakot lamang talaga kay A ang tunay na pakay o hangarin ni B, masasabi ba ng sino mang makatwirang tao na higit na magiging kriminal si A kung nagkataong may tunay bala ang baril ni B? Humihingi yaong mga naninindigan sa gayong doktrina na huminto muna at mag-usisa ang taong sinasalakay sa gayong paraan, bago niya tutugunan ng hataw ang nananalakay sa kanya, kung ano ang bala ng baril o kung tunay nga ba iyon -- lubusang papawiin naman ng gayong doktrina ang napakahalagang karapatan ng pagtatanggol sa sarili.[114] Kaya naman, mayroong pagtatanggol sa sarili kahit na gumamit lamang ang nananalakay ng isang laruang baril sa pasubaling talagang pinaniwalaan ito bilang tunay na baril ng nasasakdal. Hindi mahalaga kung lumitaw man na isang laruan lamang pala ang baril ng nasawi, kung isasaalang-alang ang malaking pagkakahawig nito sa isang tunay na baril at ang paniniwala ng nasasakdal na isang tunay na baril nga ang itinutok sa kanya.[115]

Hindi masasabing labag sa batas na pananalakay ang sapilitang pagpapatabi sa mga taong nagpipiket upang makaraan ang mga trak ng isang kumpanya, bagama't laban sa karapatan ng mga nagpipiket. Natagpuang hindi labag sa batas na pananalakay ang ginawang sapilitang pagpapatabi sa mga empleyadong nagpipiket, na isinagawa ng mga tanod sa seguridad ng pinagwelgahang kumpanya, pagkatapos silang pag-utusang magsitabi, upang makaraan ang mga trak ng kumpanya na papasok sa bakuran ng pagawaan, sa kabila ng pagtanggi ng mga nagpipiket, at hindi rin ito bumubuo ng labag sa batas na pananalakay laban sa mga lehitimong karapatan ng mga nagpipiket, upang maituring na makatarungan ang paggamit ng kapantay at makatwirang lakas, gaya ng panunugat sa mga nasabing tanod, dahil hindi ang karapatan ng mga nagpipiket ang sinalakay ng mga nasabing tanod, kung hindi ang gawang pananatili ng mga nagpipiket sa gitna ng daanan sa kabila ng pagnanais ng mga trak na makapasok sa pagawaan, na hindi na bahagi ng pagpipiket na nagtatamasa ng pangangalaga ng batas.[116]

Hindi rin labag sa batas na pananalakay ang basta pagbabanta o nananakot na pag-aasal lamang kapag hindi ito pinangunahan ng isang panlabas at isinakatawang pananalakay dahil kinakailangang maging mapaminsala at positibong matindi ang kagagawan, at magpapakita ng masamang layunin ng nananalakay na magdulot ng pananakit o pamiminsala. Kaya naman, hindi maituturing na labag sa batas na pananalakay ang basta mapagbantang pag-

114. Lloyd's Report, p. 160, binanggit sa United States v. Ah Chong, 15 Phil. 488, 502-503 (1910).

115. People v. Boral, 11 C. A. Rep. 914.

116. People v. Calip, et al., 3 C.A. Rep. 808.

aasal.[117] Upang maituring na talagang isinagawa nga ang labag sa batas na pananalakay, kinakailangan ang isang paglusob o isinakatawan o materyal na pagsalakay, na bumubuo ng mapaminsalang kagagawang nagbubunyag sa layunin ng nananalakay na magdulot ng kapinsalaan; hindi sapat na batayan ang basta mapagbanta o nananakot na kaasalan upang maging makatarungan ang kagagawang pinarurusahan *per se* at maipangatwiran ang pagkamakatarungan nito sa pagdadahilang isinagawa ito sa pagtatanggol lamang sa sarili.

---

117. *Sa pangkalahatan* United States v. Guy-say Co, 13 Phil. 292 (1909) (isinalarawan ang panuntunang ito sa naturang usapin kung saan, dahil hindi umuwi ag kanyang asawa nang may dalawang linggo na kung hindi tumira na sa nayon ng Dujat, dalawa at kalahating oras na paglalakad ang layo mula sa bayan, sa pagdadahilang nagsasaka siya sa bukid, nagpasya ang nasasakdal noong Marso 20, 1907, na magtungo sa nasabing nayon upang samahan ang kanyang asawa. Umarkila siya ng karomata at nagpunta roon, pagkatapos magdala ng ilang damit para sa sarili at sa kanyang asawa, dala ang kanyang sanggol na anak at isang dalagitang katulong. Bago narating ang nasabing nayon at kamarin kung saan inaasahan niyang daratnan ang asawa, sumapit ang gabi at, sa bandang ika-7, bumaba siya sa karomata at pinaalis na ang karomatero pagkaraang mabayaran ito. Kinailangan din niyang maglakad pa nang malayo. Habang nasa daan, nakita niya ang kabayo ng kanyang asawa na nakatali sa harapan ng isang bahay at naghinala siyang naroon ang kanyang asawa. Kaagad, lumapit siya sa hagdanan ng naturang bahay, na mababa lamang, at doon nga niya nakita ang asawang hindi agad nakapansin sa kanya dahil nakaupo ito nang nakatalikod sa hagdan. Pumasok siya kaagad sa bahay at hinarap ang kanyang asawa, ang nasawi, at ang may-ari ng bahay na sama-samang naghahapunan noon. Tinalo at binulag ng matinding panibugho, dinaluhong niya ang kasama ng asawa, na si Lorenza Estrada, sinalakay ito sa pamamagitan ng dala-dalang lanseta at nagdulot dito ng limang sugat, na duguang ikinatumba ni Lorenza. Namatay si Lorenza makaraan lamang ng ilang sandali. Ipinangatwiran ng nasasakdal na wala siyang kasalanan, at bilang pagtanggi sa pagkakasala, sinabi niyang nang makita siya ni Lorenza Estrada at narinig siyang nagbubunganga ng panunumbat sa kanya asawa, noong makaakyat siya sa bahay, nagtanong kaagad si Lorenza kung ano ang dahilan ng kanyang pagpunta roon at nagpakita ng layuning mananalakay sa kanya sa pamamagitan ng dala-dala lanseta, at sa mga sandaling iyon, hinawakan umano ng nasasakdal ang kanang kamay ng nasawi na may tangang lanseta at kaagad nakipag-agawan sa kanya upang makuha ang lanseta. Sa sumunod na pag-aagawan nila, napulot niya ang isa pang lanseta sa sahig na malapit lamang sa kanya. Hindi niya masabing ginamit niya iyon sa pagsaksak sa nasawi dahil hindi na niya nalaman ang mga sumunod na pangyayari. Ipinasyang kahit totoo ngang noong lumitaw ang nasasakdal na si Emilia, tumayo kaagad si Lorenza na may tangan-tangang lanseta at nagtanong, sa isang mapagbantang paraan, ng kung ano ang sadya doon ng nasasakdal, hindi bumubuo ang gayong pag-aasal ng isang labag sa batas na pananalakay na siyang unang di-maipapasantabing sangkap, kabilang sa iba, ng pagkamakatarungan ng pagtatanggol sa sarili.).

Sumusunod ang ilang mga halimbawa ng pagbabantang magdulot ng kapinsalaan: (1) kapag itinutok ng isang tao ang baril sa kapwa nang may layunin magpaputok;[118] (2) ang pag-urong ng isang tao nang dalawang hakbang at paglalagay sa kanyang bulsa, sa galaw na nagpapakitang layunin niyang magsagawa ng paglusob sa pamamagitan ng isang sandatang nakalagay doon;[119] at (3) ang paglalabas ng patalim, sa galaw na parang gagawa ng paglusob.[120] Pansining sa mga nabanggit na mga pagkakataon, mapaminsala at positibong matindi ang mapagbantang asal ng nananalakay, na nagpapakita ng masamang hangarin sa panig nito na magdulot ng kapinsalaan. Kaya naman, kung hayagan ang layunin, maituturing na sapat na labag sa batas na pananalakay ang basta galaw na layon ang pagpulot ng sandata. Kung gayon, kapag pinangungunahan ang pagpulot ng sandata ng mga pagyayaring nagpapakita ng layunin ng nasawi na gamitin iyon sa gagawing pananalakay sa nasasakdal, sapat na ang gayong kagagawan upang maituring na nagkaroon nga ng labag sa batas na pananalakay.

Datapwa't dapat namang maging tunay ang pananalakay, at hindi likhang-isip lamang. Kaya naman, kung kumuha ng baril ang nasasakdal, na hindi nagustuhan ang panghihimasok ng nasawi sa isang pangyayaring namagitan sa nasasakdal at sa isang mag-asawa, nagtungo sa bahay ng nasawi at agad na pinaputukan ito nang makitang may hawak na kris, na ikinamatay ng huli, hindi masasabing nagkaroon ng labag sa batas na pananalakay, at gayon ang dapat na pasya sa kabila ng ipinangangatwiran ng nasasakdal na isang taong may marahas na pag-uugali, palaaway at mainitin ang ulo ng nasawi, at maaari niyang salakayin ang huli sa pamamagitan ng hawak na kris, dahil maliwanag na likhang-isip lamang ng nasasakdal ang isang malamang na pananalakay. Hinihinging maging tunay o napipinto man lamang ang pananalakay.[121] Kaugnay nito, maaaring maging tunay kahit ang pananalakay na inaasahan pa lamang, sa pasubaling dumarating o napipinto na itong mangyari. Batid ng marami na hindi basta mag-aalsa ng kamay ang taong humahabol sa kapwa nang may hangarin at layuning salakayin ito at magbibitiw ng hataw kung hindi hanggang sa mismong sandaling pinaniniwalaan na niyang abut-abot na niya ang biktima. Sa pagkakataong ito, hindi kinakailangang hintayin pang bitawan ang hataw, dahil upang mahadlangan ang pananalakay, hindi hinihinging hintayin pa hanggang sa talagang naisagawa na ito bago pa man makapagtatanggol laban dito.[122]

Maaari lamang tanggapin ang pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili kapag napatunayang hindi ang nasasakdal ang siyang nagpasimula ng labag sa

---

118. Kapasyahan, Tribunal Supremo ng Espanya, Setyembre 29, 1905.

119. Kapasyahan, Tribunal Supremo ng Espanya, Hunyo 26, 1891.

120. Kapasyahan, Tribunal Supremo ng Espanya, Oktubre 24, 1895.

121. People v. De La Cruz, 61 Phil. 422 (1935).

122. United States v. Batungbacal, 37 Phil. 382 (1918).

batas na pananalakay. Kung hindi napatunayan ng katibayan ng tagapagtanggol ang labag sa batas na pananalakay sa panig ng biktima, dahil nga lumilitaw sa gayong katibayan na ang nasasakdal pa nga ang siyang nanalakay, hindi tatanggapin ang kanyang pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili.[123] Kaya naman, kung ipinangangatwiran ng nasasakdal na ang biktima ang siyang labag sa batas na nanalakay sa kanya, dahil binaril siya ng biktima nang walang babala nang harapin niya ito kaugnay sa sumbong ng kanyang pamangking babae na tinadyakan ng biktima ang kanyang balde ng tubig habang pumipila siya sa pag-iigib ng tubig, datapwa't bukod sa kanyang salaysay na pumapabor sa kanyang sarili na walang kadahi-dahilan siyang binaril ng biktima, kung kaya napilitan siyang ipinagtanggol ang sarili sa pamamagitan ng pagsaksak sa biktima, wala namang ibang bagay na kumakatig sa ganitong pag-aakala, lalo pa't dalawang mga saksi para sa tagausig ang nagsasabing, pagkaraan niyang hamunin ng laban ang biktima, sinaksak ng nasasakdal ang biktima sa dibdib habang nakaupo lamang ito sa hagdanan ng isang kapitbahay at tangan-tangan sa mga bisig ng nasasakdal at iba pang di-nakilalang mga tao, at kinakatigan naman ang kanilang mga pahayag ng natagpuan ng opisyal na mediko-legal na dalawang saksak nga ang natamo ng biktima sa dibdib, bukod pa sa patunay na sinaksak ng nasasakdal ang biktima bago pa man narinig ang pagputok ng baril, na nagpapahiwatig na sinaksak niya ang biktima bago pa man siya nabaril, hindi mapaniniwalaang nagtanggol lamang sa sarili ang nasasakdal.

2. Makatwirang Pangangailagan Sa Paraang Ginamit Upang Mahadlangan O Maitaboy Ito

Ipinalalagay ng ikalawang sangkap ng pagtatanggol sa sarili o karapatan na mayroong labag sa batas na pananalakay, na maaaring nasa anyong isinasagawa na o dumarating pa lamang. Samakatwid, kinakailangang may labag sa batas na pananalakay na kasalukuyang nagaganap o napipintong maganap. Kaya naman, sa pagsasaad ng ikalawang sangkap ng ganitong uri ng pagtatanggol, dalawang parirala ang ginagamit: (1) "hadlangan" at (2) "itaboy." Kapag sumasalakay ang tao, maaaring kasalukuyang nagaganap o napipintong maganap ang isang panganib sa buhay o katawan ng iba. Sa pagsasagawa ng isang pagtatanggol, hinahadlangan ang pananalakay na naglalagay sa atin sa napipintong panganib o itinataboy ang pananalakay na naglalagay sa atin sa isang nagaganap na panganib. Naglalagay sa atin ang isang bantang magdulot ng isang tunay na pinsala sa dumarating o napipintong panganib. Naglalagay sa atin ang isang nagaganap na paglusob sa isang nagaganap na panganib. Pinangangalagaan ng batas hindi lamang ang taong nagtataboy ng isang pananalakay (sa kahulugang kasalukuyang nagaganap na panganib), kung hindi pati na rin ang taong nagtatangkang

123. People v. Montejo, 167 SCRA 506 (1988).

hadlangan ang isang pananalakay na inaasahan (sa kahulugang dumarating o napipinto pa lamang).[124]

Dapat magkaroon ng makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit upang hadlangan o itaboy ang isang labag sa batas na pananalakay. Isang makatwirang pagtutumbasan ang hinihingi ng batas, at papasok sa pagsasaalang-alang nito bilang mga pangunahing salik ang kalagayan ng kagipitan, ang pagkabilad ng taong nagtatanggol sa sarili sa napipintong panganib, at udyok ng pansariling kaligtasan, sa halip na katwiran, na nagpapakilos at nagtutulak sa gawang pagtatanggol; at hindi nakasalalay ang kaangkupan ng tindi nito sa pinsalang nagawa, kung hindi sa napipintong panganib ng gayong kapinsalaan.[125]

Nangangahulugan ang ikalawang sangkap ng pagtatanggol na (1) mayroong pangangailangan sa ikinilos ng taong nagtatanggol; at (2) mayroong pangangailangan sa paraang ginamit. Dapat na pawang makatwiran ang dalawang ito. Nakabatay ang pagkamakatwiran ng alin man sa o ng dalawang pangangailangang ito sa pag-iral ng labag sa batas na pananalakay at sa kalikasan o katangian at katindihan ng pananalakay. Walang tungkulin ang taong sinasalakay na ibilad ang sarili sa panunugat o kamatayan sa kamay ng iba, at habang nagpapatuloy ang panganib sa kanyang katauhan o buhay, mayroon siyang ganap at di-matutulang karapatang itaboy ang gayong panganib sa pamamagitan ng pagsugat sa kanyang katunggali at, kung kinakailangan, lubusang baldahin iyon upang ganap na mapigilan o mapahinto sa isinasagawang paglusob.[126]

Nakasalalay naman sa mga pangyayari ang pagkamakatwiran ng pangangailangan. Sa panahon ng kagipitan, kung kailan nalalagay ang buhay o katawan ng isang tao sa panganib, hindi kumikilos ang kalikasan ng tao sa kaparaanan ng maayos na pangangatwiran kung hindi sa pagsunod o pagtalima sa udyok ng pangangailangang isagawa ang isang pagkilos at nakasalalay ang pagkamakatwiran ng pangangailangan sa paraang ginamit sa mga pangyayari ng bawat pagkakataon. Sa isang kalagayan, tulad ng tinalakay sa isang usapin, kung saan pinangunahang bugbugin ng suntok ng nasawi at ng mga kasamahan nito ang nasasakdal, na walang armas, dahil sa pagtanggi nito sa kanilang alok na uminom ng alak, kung kaya pumulot siya ng isang tubo na kanyang naabot at ginamit ito upang ipamalo sa noo ng nasawi, na ikinamatay ng huli, masasabing makatwiran lamang ang paggamit ng nasasakdal ng tubo sa ilalim ng mga pangyayaring nabanggit. Makatwiran ding maaasahan na hindi na namili pa ang nasasakdal ng hindi gaanong maselang bahagi sa katawan ng nasawi, dahil sa gayong kalagayan, o sa

124. United States v. Batungbacal, 37 Phil. 382 (1918).

125. People v. Rabanal, 387 SCRA 685 (2002); *tingnan din* People v. Encomienda, 46 SCRA 522 (1972).

126. United States v. Molina, 19 Phil. 227 (1911).

kainitan ng mga sandali, kailangang kumilos nang mabilis ang nasasakdal, dahil kung hindi, magpapatuloy ang pananalakay sa kanyang katauhan at malalagay sa panganib ang kanyang buhay.[127]

Nakabatay ang pangangailangan sa iginawi o ginawang pagkilos ng isang nagtatanggol sa sarili sa pag-iral ng isang labag sa batas na pananalakay. Kung walang labag sa batas na pananalakay, o kung mayroon man, sa mga pagkakataong natapos o huminto na ito sa pag-iral, hindi na magkakaroon ng pangangailangan sa ginawang pagkilos (iginawi) dahil wala nang nalalabi pang dapat na hadlangan o itaboy. Sa pagtutuos ng pag-iral ng isang labag sa batas na pananalakay na nagtulak sa isang tao sa ginawang pagkilos (iginawi), dapat na isaalang-alang ang pook na pinangyarihan at ang pagkakataon ng paglusob at iba pang mga nakapaligid na pangyayari.

Kung tumakbo na nang palayo ang nasawing nanalakay sa nasasakdal, wala nang masasabing pangangailangan para habulin pa at patayin ng nasasakdal ang nasawi.[128] Kaya naman, wala nang pangangailangan sa ginawang pagkilos, o hindi na dapat ginawa o kinailangan ang iginawi, mula nang matigil ang labag sa batas na pananalakay. Nakabatay ang teoriya ng pagtatanggol sa sarili sa pangangailangan, sa panig ng nasasakdal, na hadlangan o itaboy ang labag sa batas na pananalakay at, nang mawala ang gayong panganib, isa nang pakikipagsapalaran sa kanyang panig ang pagsaksak niya sa taong nanalakay sa kanya samantalang dapat na huminto na rin sana ang pagtatanggol niya sa sarili.

Kung nakalabas na sa bahay at nakabulagta sa lupa ang nasawi, na nagsagawa ng panununog ng bahay ng nasasakdal, kung saan natutulog ang dalawang anak ng huli, dala ng pagkakataga sa kanya ng nasasakdal, wala nang nalabing makatwirang pangangailangan upang patayin pa siya.[129] Bagama't hindi mapag-aalinlanganang naging makatarungan para sa nasasakdal na pulutin ang tikin (posteng kawayan) upang mapalayo ang kanyang katunggali, hindi na makatarungan para sa kanya na ipalo pa ang tikin sa ulo ng nasawi, kung wala na sa tunay na panganib ang kanyang buhay sapagka't, kahit na armado pa ng gulok ang kanyang kalaban, hindi naman ito nagtangkang bunutin pa iyon, at hanggang sa pagtatangka lamang ang kanyang pananalakay na pagtulak sa nasasakdal sa mababaw na lawa kung saan siya sinalakay sa pagsisimula ng kanilang pag-aaway.[130]

Mahalagang isaalang-alang ang pook (pinangyarihan) at pagkakataon ng pananalakay upang matuos ang pagkamakatwiran ng kaparaanang ginamit. Kung ang utos na ibinigay ng nasasakdal sa nasawi sa isang madilim at ilang o

127. People v. Ocana, 67 O.G. 3313 (Court of Appeals 1970).

128. People v. Alconga, 78 Phil. 366 (1947).

129. United States v. Rivera, 41 Phil. 472 (1921).

130. United States v. Pasca, 28 Phil. 222 (1914).

di-pinamamahayanang pook, sa layuning maglaro ng isang praktikal na biro sa kanya, na "dapa at ibigay mo sa akin ang iyong salapi; kundi'y mamamatay ka," ang nagtulak sa nasasakdal upang agarang kumilos sa pamamagitan ng pagbaril sa nasawi, hindi maaasahang mamili pa ng isang di-gaanong marahas na paraan ng pagtaboy sa pinaniniwalaan niyang isang pananalakay sa kanyang buhay at ari-arian ang taong kumilos sa ilalim ng gayong mga pangyayari.[131] Maisasaalang din ang kadiliman ng gabi at ang kabiglaan ng ginawang paglusob sa pagtataya ng pagkamakatwiran ng iginawi ng nagtatanggol sa sarili. Kung pabiglang hinawakan ang nasasakdal, samantalang naglalakad sa isang madilim na lansangan sa gabi nang may dala-dalang baril sa kamay at nagmamatyag sa isang taong gumawa ng mapang-insultong palabas sa harapan ng kanyang tahanan, at nagtangkang agawin mula sa kanya ang naturang baril, masasabing naging makatarungan para sa nasasakdal na barilin ang nasawi, dahil sa kadiliman at kabiglaang dumalo sa pananalakay. Maaaring madis-armahan ng nasawi ang nasasakdal at siya pang gumamit ng baril laban sa kanya.[132]

Hindi laging natatapos ang labag sa batas na pananalakay kapag naalisan ng sandata ang taong nananalakay. Kung, sa kabila ng pangyayaring nadis-armahan ng kabiyak ang kanyang maybahay matapos masugatan nang malubha ang lalaki, nagpatuloy pa rin ang babae sa pagpupumilit na makuhang muli ang bolo, masasabing mayroon pang makatwirang pangangailangan para gamitin ng lalaki ang bolo upang baldahin ang babae, sa dahilang pinapanawan na noon ng lakas ang lalaki dala ng pagtagas ng kanyang dugo at, kung itatapon naman niya ang bolo, magbibigay lamang ito ng pagkakataon sa babae na pulutin iyon at muling gamitin laban sa kanya.[133] Datapwa't kung nagtagumpay na ang nasasakdal, na sinalakay ng nasawi, na agawin ang bolo mula sa huli at nagpahayag na ng pagsuko ang nasawi, hindi na naging makatarungan para sa nasasakdal na patayin pa rin siya.[134]

Datapwa't kung babahagyang panunugat lamang ang tinamo ng nasawi pagkaraang lubos na huminto ang labag sa batas na pananalakay, matatagpuang nagkaroon pa rin ng ganap na pagtatanggol sa sarili kung naidulot ang nakamamatay na sugat sa kasagsagan ng labag sa batas na pananalakay o sa mga sandaling umiiral pa rin ang mga hinihinging sangkap ng pagtatanggol sa sarili. Hindi maaaring mabawi ni dapat tumalab sa pakikinabang ng ganap na pagtatanggol sa sarili ang pangyayaring mga

131. Kapasyahan ng Tribunal Supremeo ng Espanya, Marso 17, 1885. Isang katulad na pagsasalarawan ang ibinigay sa usapin ng United States v. Ah Chong, 15 Phil. 488, 501-502 (1910).

132. People v. Lara, 48 Phil. 153 (1925).

133. People v. Rabandaba, 85 Phil. 636 (1950); People v. Datinguinoo, 47 O.G. 765 (1949)

134. People v. Alviar, 56 Phil. 98 (1931).

bahagyang panunugat lamang sa katawan ang naidulot ng nasasakdal pagkatapos huminto ang labag sa batas na pananalakay at pagkaraang masaksak niya nang dalawang nakamamatay na sugat ang nasawi, sa kawalan ng patunay na umambag o nagpadali sa pagkamatay ng nasawi yaong mga bahagyang panunugat.[135] Nguni't hindi dapat ilapat ang panuntunang ito kung binitiwan na ng nasawi ang kanyang sandata at nagpahayag na siya ng kanyang pagsuko o pagtangging ituloy pa ang laban, pagkaraang magtamo ng bahagyang sugat, datapwa't tinaga pa rin siya ng nasasakdal hanggang sa mamatay. Ito ay dahil ang mga sugat na idinulot, pagkaraang huminto ang pananalakay, ang siyang naging sanhi ng kamatayan. Hindi talaga nangangahulugan ang pagtatanggol sa sarili o sa mga karapatan na kailangang patayin ang nananalakay nang labag sa batas. Nguni't hindi naman maaasahang mag-iisip sa malinaw na paraan ang taong nagtatanggol upang makapagtimpi sa kanyang paghataw. Kaya naman, maaari pa ring maging makatarungan ang pagpatay sa mananalakay nang labag sa batas kung naidulot ang nakamamatay na sugat sa mga sandaling umiiral pa ang mga sangkap na hinihingi sa ganap na pagtatanggol ng sarili. Hindi hinihingi ng batas sa taong nagigipit na gumawa ng malinaw na pag-iiba-iba o pagtataya sa katindihan ng pinsalang malamang na maidudulot sa kanya ng isang nagngangalit at walang pakundangang mananalakay.[136]

Maipakikita ng bilang ng mga tama ng balang naidulot ng nasasakdal sa nasawi na mahirap uriing makatwiran ang kaparaanang ginamit sa pagtatanggol. Kahit ipagpalagay pa *arguendo* na nauna ngang namaril ang biktima sa nasasakdal, sapat na sana ang iisang tama ng bala upang maalisan ang nasawi ng kakayahang manalakay pa dahil sa kalanguan nito. Mahahalagang tanda ang kalikasan at bilang ng mga sugat na naidulot sa biktima upang pabulaanan ang pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili. Nagpapakita ang nakaririmarim at maramihang sugat na dulot ng tama ng bala sa nasawi na hindi bunsod ng pagtatanggol sa sarili ang kagagawan ng nasasakdal, kung hindi ng isang napagpasyahan at may-layuning pananalakay sa biktima[137].

Pinabubulaanan ng kalikasan, katangian, kinaroroonan at katindihan ng mga sugat na natamo ng nasawi ang ano mang palagay na ang nasawi nga ang siyang naging labag sa batas na nanalakay. Madalas at walang-puknat na isinasaalang-alang ang kalikasan at bilang ng mga sugat na idinulot ng nasasakdal bilang mahahalagang palatandaang sumasalungat sa pangangatwiran

135. People v. Del Pilar, 44 O.G. 596 (Court of Appeals 1947).

136. Brownell v. People, 38 Mich. 732, binanggit sa usapin ng People v. Sumicad, 56 Phil. 643 (1932).

137. People v. Ubaldo, 367 SCRA 432 (2001).

ng pagtatanggol sa sarili.[138] Kung ipinakikita ng katibayan na nagtamo ang nasawi ng labindalawang iba't ibang sugat na pawang likha ng isang matalas na kasangkapan, na nagbunga ang pananalakay ng pagkaputol ng kanyang kanang kamay at halos mahiwalay ang kanyang ulo sa katawan niya, ipinahihiwatig ang isang matinding hangaring pumatay, sa halip na ipagtanggol ang sarili.[139] Hindi makabuluhan ang sinasabi ng nasasakdal na, sa apat na saksak na naidulot niya sa biktima, dadalawa lamang ang nakamamatay, kapag talagang halatang malabis naman ang paraang kanyang ginamit kung ihahambing sa natunghayang labag sa batas na pananalakay.[140]

Hindi mag-aalis ng pagkamakatarungan sa pagtatanggol sa sarili ang pangyayaring nakapagbigay ang nasasakdal ng labis-nang-isang hataw kaysa ganap na kinakailangan upang mailigtas ang kanyang buhay, o ang pagkabigo niyang pigilan ang kanyang kamay upang maiwasan ang pagbibigay ng isang nakamamatay na sugat sa mga pagkakataong matatamo rin sana ang kaparang layunin sa pamamagitan ng di-gaano katinding palo, dahil wala sa katayuan ang nagtatanggol sa sarili, sa kaigtingan o init ng malapitang paglalaban, upang makapag-isip-isip nang mahinahon o maghintay muna pagkaraan ng bawat hataw sa layuning tuusin ang ibubunga o kinahinatnan nito.[141] Kung kinailangan ng nasasakdal na gamitin ang kanyang baril, mahirap asahan, sa ilalim ng mga pangyayari, na gagawa siya ng nagdidili-dili at maingat na pag-asinta upang patamaan sa di-gaanong mapanganib na bahagi ng katawan ang nananalakay sa kanya.[142]

Kapag naganap nang biglang-bigla talaga ang pananalakay kung kaya walang nalabing panahon ang nagtatanggol upang tuusin kung ano ang gagawin, hindi maipangangatwirang iba sana dapat ang kanyang ginawa. Kung, noong sandaling sasaksakin na lamang ng nasawi ang nakatataas na opisyal ng nasasakdal, pinatamaan ng nasasakdal ang nasawi ng isang palma-braba, hindi wastong paniwalaan ng hukumang tagalitis na dapat sa kamay lamang ng nasawi ito inasinta at pinatamaan ng nasasakdal upang mabalda ito, o isang di-gaanong mapanganib na bahagi ng katawan ang kanyang dapat pinuntirya. Kalabisan na ang gayong hinihingi ng hukumang tagalitis mula sa dunong, talino at pagpapasya ng nasasakdal kaugnay sa iglap ng sandali

138. People v. Rimano, 416 SCRA 569 (2003); People v. Marciales, et al., 166 SCRA 436 (1988).

139. People v. Olvis, 154 SCRA 513 (1987); *tingnan din* People v. Rosario, 134 SCRA 496 (1985); People v. Gamut, 118 SCRA 35 (1982); People v. Anies, 117 SCRA 974 (1982).

140. *Rimano*, 416 SCRA sa 569.

141. United States v. Macasaet, 35 Phil. 229 (1916); People v. Espina, 49 O.G. 983 (Court of Appeals 1953).

142. United States v. Mack, 8 Phil. 701 (1905); United States v. Domen, 37 Phil. 57 (1917).

lamang na nagkaroon siya upang mag-isip at iligtas ang kanyang nakatataas na opisyal. Datapwa't sa gawang paghadlang o pagtaboy sa isang labag sa batas na pananalakay, dapat namang asintahin ng nagtatanggol ang nananalakay sa kanya at hindi walang-pakundangang papuputukin na lamang ang kanyang nakamamatay na sandata.[143]

Dapat na makatwirang kinailangan ang paraang ginamit ng taong nagtatanggol upang mahadlangan o maitaboy ang isang labag sa batas na pananalakay. Kaya naman, sa mga sumusunod na pagkakataon, walang natagpuang makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit sa pagtatanggol: (1) walang katwiran ang isang natutulog na babae, na ginising ng kanyang bayaw sa pamamagitan lamang ng paghawak sa kanyang bisig, na gumamit ng patalim upang patayin ang bayaw dahil hindi naman nagsasakatuparan ang huli ng ano pa mang kagagawang mabibigyan ng pagpapakahulugan bilang isang pagtatangka laban sa kanyang kalinisang-puri;[144] (2) kung sinalakay ang isang tao sa pamamagitan lamang ng panununtok, walang makatarungang pangangailangang magdulot sa nananalakay ng isang nakamamatay na sugat sa pamamagitan ng isang patalim[145] dahil, sa gayong pagkakataon, mayroong makatwirang pangangailangang tumugon sa pamamagitan lamang ng suntok din at hindi kinailangang gamitin pa ang saksak ng isang patalim upang maitaboy lamang ang gayong pananalakay; (3) kung inilagay ng isang lalaki ang kanyang kamay sa dakong itaas na bahagi ng hita ng isang babaeng nakaupo sa isang bangko sa loob ng isang kapilya kung saan naroroong dumalo ang maraming tao at naiilawan nang mabuti ang kanilang

143. People v. Galacgac, 54 O.G. 1027 (Court of Appeals 1957) (datapwa't sa dahilang walang hangaring pumatay, pinanagot lamang si Galacgac sa salang panunugat sa katawan ng kapwa. Kaya naman, kahit ipagpalagay na, samantalang nasa isang sarilinang pakikipag-usap o pagtatalo kasama ng kanyang asawa, biglang pinalo ni Pablo Soriano nang makalawang ulit sa ulo ang nasasakdal na si Galacgac, sa pamamagitan ng isang barang bakal, kung kaya tumagas ang dugo sa kanyang mga mata, wala pa ring karapatan si Galacgac na paputukin nang walang pakundangan (ala-suwerte) o pasiumala ang kanyang di-lisensyadong baril. Nalalaman niyang maraming walang-kinalamang tao sa bahay ni Soriano, tulad ng kanyang asawa (ni Galacgac), kapatid na babae, at bayaw. Bukod, maraming mga bahay na may-naninirahan sa kinaroroonan ng bahay sa Blg. 1238 Daang Ancleto. Oo nga't mayroong ganap at naaayon sa batas na karapatan si Galacgac na ipagtanggol ang sarili laban sa di-makatarungang pananalakay ni Pablo Soriano sa kanyang katauhan. Datapwa't kung hindi nga niya inasinta sa nananalakay sa kanya, kung hindi walang-pili at pasiumalang pinaputok na lamang niya ang kanyang nakamamatay na sandata, na naglagay sa panganib at nagsapalaran sa buhay at katawan ng mga taong wala namang kinalaman sa kanilang paglalaban, matatagpuang hindi isinagawa nang may kaukulang pag-iingat ang kanyang pagtatanggol sa sarili.).

144. United States v. Apego, 23 Phil. 391 (1912).

145. People v. Montalbo, 56 Phil. 443 (1931).

kinaroroonan, walang pangangailangang patayin pa ng nasasakdal ang nasabing pangahas na lalaki sa pamamagitan ng saksak ng lanseta sa leeg dahil wala namang nakaambang panganib sa kalinisan ng kanyang puri.[146] Samakatwid, bagama't mayroong makatwirang pangangailangan, sa pagkakataong ito, na pigilin ang nasawi sa kanyang mahalay na pag-aasal, wala namang pangangailangang gamitan pa siya ng saksak ng lanseta.

Hindi makapangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili ang nasasakdal samantalang ipinaggigiitang ang di-sinasadyang pagputok ng pistola ng nasasakdal ang dahilan ng pagkamatay ng biktima. Kung tunay ngang kaligtasan ng sarili ang dahilan ng kanyang kagagawan dala ng sunud-sunod na pananalakay sa kanya, kasama na dito ang paggamit ng punyal, na inilunsad laban sa kanya ng biktima, nagawa sana ng nasasakdal na gumamit lamang ng makatwirang paraan upang itaboy ang pananalakay. At kung nagkaroon ng pangangailangang gamitin ang baril upang iligtas ang kanyang buhay, hindi masasabing pumutok ito nang di-sinasadya o nang dahil lamang sa sakuna. Masasabing ginamit ito ng nasasakdal nang sinasadya upang maigupo ang kanyang kalaban.[147]

Kahit na nagkaroon ng labag sa batas na pananalakay, na isinagawa ng biktima laban sa nasasakdal, kung hindi naman masasabing nagkaroon ng makatwirang pangangailangan kaugnay sa kaparaanang ginamit upang hadlangan ang naturang labag sa batas na pananalakay at hindi rin naman dumalo ang kawalan ng paghahamon, pang-uudyok, pag-aanyaya o paninikis mula sa panig ng nasasakdal, samantalang ipinakikita ng katibayan na binugbog ng nasasakdal at ng isa pang pulis ang nasawi at saka binaril, bukod sa lumilitaw na tinadyakan pa nga ng nasasakdal ang nasawi nang gamit ang lakas na sapat upang yumanig sa kulungan, masasabing itinatanggi ng gayong pambubugbog ang pangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili.[148]

Hindi maaaring lumabis ang layon ng pagtatanggol sa sarili sa mga hangganan ng makatwirang pangangailangan sa pagtataboy ng pananalakay. Nguni't matatagpuan ang sukat o pamantayan ng makatwirang pangangailangan sa ganitong mga pagkakataon sa kaganapan o pangyayari ayon sa pananaw ng biktima ng pananalakay sa mismong sandali kung kailan niya idinulot ang hataw. Hindi dapat sukatin, at hindi nga susukatin, ng mga hukuman, sa patnubay ng pagbabalik-tanaw sa mga natapos na pangyayari o ng higit na ganap na kaalaman, ang ginawang pagtugon ng mga biktima ng gayong nakamamatay na mga pananalakay nang malapitan, batay sa isang napakahigpit na antas ng pananagutan na sapat upang mag-alinlangan silang gawin ang abot ng kanilang kakayahan o pagsisikap sa pagtatanggol sa

146. People v. Jaurigue, 76 Phil. 174 (1946).

147. People v. Tapeno, 164 SCRA 696 (1988).

148. People v. Marciales, et al., 166 SCRA 436 (1988).

kanilang sarili, kahit nagmimistulang gayon nga ang makatwirang kinakailangan.[149]

Kapag lumilitaw na makatwirang kumilos ang isang tao sa udyok ng kanyang kalooban, tungkulin ng hukuman na katigan ang kagagawan at ituring na walang sagutin sa batas ang taong kumilos nang gayon kaugnay sa mga kahihinatnan nito.[150] Datapwa't maliwanag na walang makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit upang hadlangan o itaboy ang pananalakay kung matagumpay na naalisan na ng nasasakdal ng sandata (isang pirasong kahoy) ang biktima, kaya naman hindi na makatwirang kinailangang saksakin pa siya nang gayon na lamang ang dami ng pag-uulit, silakbo, at lakas.[151]

Nakasalalay kung makatwiran man o hindi ang kaparaanan sa kalikasan at katangian ng sandatang ginamit ng nananalakay, sa kanyang pangangatawan, sa pag-uugali o kaasalan, sa laki at iba pang mga pangyayari, at mga kaparis na kalagayang dumadalo kaugnay sa panig ng taong nagtatanggol, at pati na rin sa pook na pinangyarihan at sa pagkakataon ng isinasagawang pananalakay sa kanya. Hindi hinihingi ng batas ang ganap na pagtutumbasan o pagkakapantay ng sandatang ginamit ng taong nagtatanggol sa sarili at niyong taong nagsagawa ng pananalakay, dahil walang sapat na kahinahunan ng isipan ang taong sinasalakay upang makapag-isip-isip, tumantiya at pumili ng sandatang gagamitin sa pagtatanggol. Samakatwid, gaya ng nabanggit na, nakasalalay ang pagkamakatwiran ng paraang ginamit sa pagtatanggol sa: (1) kalikasan at katangian ng sandatang ginamit; (2) bagama't, bilang isang pangkalahatang tuntunin, higit na mapanganib ang patalim o lanseta kaysa sa isang bagay na panghambalos, dapat na ituring na makatwiran ang paggamit ng patalim o lanseta kapag sinasalakay sa pamamagitan ng panghambalos kung hindi naman mapapatunayan na ang taong sinalakay ay: (a) may iba pang magagamit na paraan; at (b) kung mayroon mang iba pang paraan, na magagawa niyang mamili nang mahinahon ng di-gaanong nakamamatay na sandata upang maitaboy ang pananalakay.[152] Makatwiran, ayon sa mga dumadalong mga pangyayari, ang paggamit ng isang bolo upang itaboy ang pananalakay sa pamamagitan ng isang patpat, ang paggamit ng patalim laban sa isang balyawa (bara o baston), o ng isang patalim laban sa isang kahoy na pamalo.

Nguni't maaaring maging di-makatuwiran ang paggamit ng isang bayoneta laban sa isang baston. Kung nailagan naman ng nasasakdal ang mga

149. People v. Punzalan, 153 SCRA 1 (1987).

150. *Id.*

151. People v. Masangkay, 155 SCRA 113 (1987).

152. *Id.* sa usaping United States v. Laurel, 22 Phil. 252 (1912), isang katulad na panuntunan ang inilapat.

patama ng baston ng nasawi, at sapat na sana ang pagbunot na lamang ng nasasakdal sa kanyang bayoneta bilang pagtatanggol sa sarili, upang masiraan ng loob ang nasawi at pigilin ito sa pagpapatuloy ng kanyang pananalakay o sapat na sana ito upang itaboy ang mga patamang idinudulot ng nasawi nang salakayin nito ang nasasakdal, datapwa't ginamit pa rin ng nasasakdal sa pagsaksak sa nasawi ang kanyang bayoneta, masasabing lumabis ang nasasakdal sa kinakailangan upang ipagtanggol ang kanyang sarili laban sa labag sa batas na pananalakay ng nasawi.[153] Kung isang gangster o sanggano ang nasawi, na kilala sa marahas na pag-uugali, matatagpuang makatwirang kinakailangan sa ilalim ng mga pangyayari ang paggamit ng nasasakdal ng isang patalim upang maitaboy ang pursigidong pananalakay sa kanya ng nasawi sa pamamagitan ng kahoy na pambayo.[154] Mula sa malayo, maaaring maging higit na mapanganib kaysa isang bolo ang mga batong ipinukol ng nasawi na isang kilalang boksingero, na higit na malaki at malakas kung ihahambing sa kanya. Sa gayong pagkakataon, makatwiran ang paggamit ng bolo[155] sa pagtatanggol. Makatwiran ang paggamit ng baril laban sa isang mananalakay na armado ng isang bolo kung lumilitaw na papalapit ang nasawi sa nasasakdal at nasa ilang piye na lamang, sa layong magagawa na nitong makataga, nang barilin siya ng nasasakdal.[156]

Hindi nagpapahiwatig ang paggamit ng isang sandatang-paputok laban sa isang patalim o lanseta, sa karaniwang kalikasan ng mga bagay, ng makabuluhang pagkakaiba ng mga sandata.[157] Datapwa't sumasailalim ang panuntunang ito sa mga hangganang[158] sumusunod: (1) walang ibang nalalabing paraan; (2) kung mayroon mang ibang paraan, hindi nagawang mamili nang mahinahon ng taong nagtatanggol ng di-gaanong nakamamatay na sandata upang maitaboy ang pananalakay sa kanya.

Nguni't kapag sinalakay ang isang tao sa pamamagitan lamang ng suntok, dapat siyang tumugon sa pamamagitan din ng sandatang ibinigay sa kanya ng kalikasan, na ang ibig sabihin ay sa pamamagitan din ng kamao.[159] Samakatwid, kamao-sa-kamao. Datapwa't mailalapat lamang ang panuntunang ito kung magkakatulad ang lakas at laki ng nananalakay at ng nagtatanggol. Gayon din, maisasaalang-alang ang kaugnay na pangangatawan, pag-uugali o kaasalan, at laki ng mga magkatunggali. Kaya naman, makatarungan lamang na gumamit ng patalim kung nasa panggitnang-katandaan na ang nagtatanggol sa sarili, na naipit sa sulok, nakasandal ang

153. People v. Onas, 6 SCRA 688 (1962).

154. People v. Ramil, CA 44 O.G. 1255 (Court of Appeals 1947).

155. People v. Aguilario, 56 O.G. 757 (Court of Appeals 1959).

156. United States v. Mack, 8 Phil. 701 (1907).

157. Kapasyahan, Tribunal Supremo ng Espanya, Oktubre 27, 1887.

158. *Binanggit sa* People v. Padua, 40 O.G. 998 (Court of Appeals).

159. People v. Montalbo, 56 Phil. 443 (1931).

likod sa rehas o barandilyang bakal, at tatlo o apat kataong pawang higit na malalaki at malalakas sa kanya ang sabayang sumusuntok sa kanya.[160]

Naiiba ang tuntunin kaugnay ng pagkamakatwiran ng "pangangailangan sa paraaang ginamit" kapag isang pulis o alagad ng batas ang nagtatanggol sa sarili. Kumakatawan sa batas na dapat niyang panindigan ang isang pulis, alagad ng batas o opisyal na tagapamayapa, sa pagtupad ng kanyang tungkulin. Bagama't nagpapahintulot ang batas sa pagtatanggol sa sarili sa isang pribadong indibidwal na hadlangan o itaboy lamang ang pananalakay, hinihingi ng tungkulin ng isang pulis, alagad ng batas o opisyal na tagapamayapa na kanyang daigin ang nananalakay sa kanya. Kaya naman, hindi binabago ang pangangatwirang ito ng pangyayaring isang pulis, na armado ng isang baril at batuta, ang taong sinasalakay, dahil hindi naman masyadong mahusay na sandata ang batuta ng pulis laban sa isang may iwinawasiwas na patalim at hindi pinag-uutusan ang isang pulis na bigyan ang isang taong nananalakay sa kanya ng pagkakataon sa isang patas at pantay na pakikipagtunggali.[161] Datapwa't hindi makatwiran ang pangangailangang patayin ng isang pulis ang isang nananalakay sa kanya sa layuning itaboy ang isang pananalakay na gumagamit lamang ng isang kalikut.[162] Kapwa kinakailangan ang unang dalawang nabanggit na sangkap sa lahat ng tatlong uri ng pagtatanggol na naaayon sa batas: sa pagtatanggol sa sarili, pagtatanggol sa kamag-anak, at pagtatanggol sa ibang tao. Nag-iiba lamang ang tatlong uri ng pagtatanggol kaugnay sa ikatlong sangkap.

Makatarungan ang pagpatay, sa pamamagitan ng bolo, sa isang butangerong nananalakay, na natagpuang isang lalaking higit na malaki at malakas kaysa nasasakdal, bantog sa pagiging marahas, at may dating bahid na ulat ng pagkakasala ng pananalakay sa iba, kung sinalakay niya ng suntok ang isang higit na maliit na taong may dala-dalang bolo at, sa kabila ng tinamong taga ng bolo sa kaliwang balikat bilang babala, nagpatuloy pa rin siya sa pagtatangkang agawin ang bolo mula sa taong nagsasagawa ng pagtatanggol.[163] Marapat lamang na bigyang-diin ang pag-uugali o kaasalan ng mananalakay sa pagkakataong ito. Kung ang taong nananalakay ang naghamon at nagpasimula ng pananalakay; na marahas, palaaway, at malakas ang loob niya, na may tatlong bahid na ulat ng pagkakagawa ng krimen, dalawang ulit sa salang paninirang-puri sa pamamagitan ng kagagawan at, minsan, sa salang pagbabantang pumatay; na nais niyang ipagpilitan ang kanyang pagnanais sa mag-anak na tumanggi sa kanyang pamangkin bilang manliligaw sa kapatid na dalaga ng nasasakdal; na sunud-sunod at halinhinan silang pinagsusuntok sa loob mismo ng kanilang pamamahay, makatarungan

160. People v. Ignacio, 58 Phil. 858 (1933).

161. United States v. Mojica, 42 Phil. 784 (1922).

162. United States v. Mendoza, 2 Phil. 109 (1903).

163. People v. Sumicad, 56 Phil. 643 (1932).

lamang para sa nasasakdal na tagain ng bolo ang nasawi, sa noo at kanang mata nito.

Makatutulong din ang pagsasaalang-alang ng iba pang mga pangyayaring dumalo sa pagsasagawa ng pagtatanggol. Maaaring maging isang makatwirang paraan ang paggamit ng ripleng de-sabog upang hadlangan ang pananalakay na ginawa ng nasawi sa pamamagitan ng isang bolo dahil sa kalapitan ng dumarating na panganib. Kung kinuha ng nasasakdal ang kanyang ripleng de-sabog, na abut-abot lamang niya, at pinaputok ito sa nasawi, makaraaang biglaang gisingin siya ng mga sigaw na hinahabol ng nasawi ang asawa at ang dalawang anak ng nasasakdal, at pagkakita sa kanyang pagbangon na totoong nagngangalit ang nasawi at hinahabol ang kanyang asawa nang tangan-tangan sa kamay ang isang bolo, at nakaangat na ang bisig nito sa anyong magdudulot na ng pananaga, pangyayaring nagdulot naman sa nasawi ng sugat na agarang ikinamatay nito, masasabing, sa ilalim ng mga pangyayari, dahil sa kalapitan ng dumarating na panganib, ang pag-aalis ng kakayahang maminsala sa panig ng nananalakay ang tanging paraang maituturing na makatwirang kinailangan upang maitaboy o hadlangan ang naturang pananalakay. Dahil sa abot-kamay lamang ng nasasakdal ang isang kargadong ripleng de-sabog, ang sandatang ito ang pinakaangkop na magagamit para sa gayong layunin, sa kabila ng panganib na mapatay niya ang nananalakay, dahil malubhang nagbanta ang pananalakay ng huli sa buhay ng mga sinasalakay niya.[164]

3. Kakulangan Ng Sapat Na Pang-uudyok Mula Sa Panig Ng Nagtatanggol

Ang kakulangan ng sapat na pang-uudyok, paghahamon o paninikis na nagmula sa panig ng taong nagtatanggol sa kanyang sarili ang ikatlong sangkap ng naaayon sa batas na pagtatanggol sa sarili. Kung nagbigay ng sapat na pang-uudyok ang taong nagtatanggol sa kanyang sarili laban sa pananalakay ng iba sa ginawang pananalakay ng huli, masisisi rin ang nauna sa pagbibigay ng sanhi sa nasabing pananalakay. Samakatwid, masasabing siya talaga ang dahilan ng pananalakay. Ang nagtatanggol ang humingi o nag-anyaya ng gayong pangyayari at hindi masasabing hindi niya ito inaasahan. Kaya naman, upang magkaroon ng karapatang makinabang sa makatarungang pangyayari ng pagtatanggol sa sarili, dapat na hindi nagbigay ang nagtatanggol ng dahilan para salakayin siya sa pamamagitan ng sariling di-makatarungang pag-aasal o kagagawan, o sa panghihikayat, paninikis, panghihimok o paghahamon sa taong nanalakay.

Mayroong pagdalo ng ikatlong sangkap ng pagtatanggol sa sarili sa mga sumusunod na pagkakataon: (1) kapag walang pang-uudyok o paninikis na ibinigay sa taong nanalakay ang nagtatanggol sa sarili; o (2) kapag, kahit na may naganap na pang-uudyok o paninikis, hindi iyon sapat; o (3) kapag,

164. United States v. Batungbacal, 37 Phil. 382 (1918).

kahit na naganap ang isang sapat na pang-uudyok o paninikis, hindi ito nagmula sa panig ng taong nagtatanggol sa sarili; o (4) kapag, kahit na ang taong nagtatanggol sa sarili ang pinagmulan ng sapat na pang-uudyok o paninikis, hindi iyon ang nagpasimula at agarang dahilan ng pananalakay.[165] Kaya naman, kung binaril ng nasasakdal ang nasawi hanggang sa ikamatay ng huli, dahil naghuhuramentado ang nasawi at dumadaluhong sa nasasakdal nang may dala-dalang patalim, sa anyong nagpapakita ng hangaring saksakin ang nasasakdal, nang wala namang ano mang pang-uudyok, paghahamon o paninikis sa panig ng nasasakdal, masasabing umiral ang ikatlong sangkap ng pagtanggol sa sarili. Kung natuklasan ng nasasakdal na itinayo ng nasawi ang bahagi ng kanyang bakod sa loob ng lupa ng nasasakdal, kung kaya tinanong ng nasasakdal sa nasawi kung bakit niya ito ginagawa, datapwa't ikinagalit ng nasawi ang tanong na ito at kaagad niyang sinalakay ang nasasakdal, matatagpuang umiiral pa rin ang ikatlong sangkap ng pagtatanggol sa sarili kung napatay ng nasasakdal ang nasawi sa pagtatanggol sa sarili, dahil kahit na totoong ikinagalit ng nasawi ang tanong ng nasasakdal, dahilan kung bakit niya sinalakay ang nasasakdal, hindi maituturing na sapat ang gayong pang-uudyok[166] dahil may karapatan ang nasasakdal na humingi ng paliwanag kung bakit itinatayo ng nasawi ang kanyang bakod sa loob ng ari-arian ng nasasakdal. Hindi pinagmumulan ng sapat na pang-uudyok o paninikis ang pagganap o paggigiit sa isang karapatan.[167]

Dapat na maging sapat ang pang-uudyok, na nangangahulugang kinakailangan itong maging katumbas ng gawang pananalakay at maaaring pumukaw sa kalooban ng mananalakay o magtulak sa kanya upang isakatuparan ito.[168] Kaya naman, hindi maituturing na sapat na pang-uudyok ang pakikipagtalo sa pamamagitan ng salita lamang.[169] Hindi kinakailangan, upang maging sapat ang pang-uudyok, na ang paggamit ng dahas ang matutukoy na naging sanhi nito. Sapat, halimbawa, ang pang-uudyok kung hinamon ng nasasakdal ang nasawi na lumabas sa kanyang bahay at makipagsuntukan sa kanya upang mapatunayan kung sino sa kanila ang nakahihigit na lalaki;[170] o kung ininsulto ng isang nasasakdal ang kapwa o pinaratangan ang huli ng pagsasabi ng bulgar na pananalita, gaya ng pangyayaring pinagbintangan ng nasasakdal at ng mga kapatid nito ang nasawi ng pagmumura sa kanila, at ang pagbibintang na ito ang nagtulak sa

165. Mga Kapasyahan, Tribunal Supremo ng Espanya, Marso 5, 1902 at Abril 20, 1906.

166. United States v. Pasca, 28 Phil. 222 (1914).

167. *Id.*

168. People v. Alconga, 78 Phil. 366 (1947).

169. Kapasyahan, Tribunal Supremo ng Espanya, Oktubre 5, 1877.

170. United States v. McCray, 2 Phil. 545 (1903).

nasawi na salakayin sila.[171] Nguni't hindi sapat na gawang pang-uudyok ang pagiging di-makatwiran o mapangyamot; hindi nagbibigay ng pagkamakatarungan sa panunugat o pagpatay sa kalaban ang isang maliit na usapin ng pagmamalaki.[172] Sapat ang pang-uudyok kung sapilitang hinalikan ng nasasakdal ang kapatid na babae ng nasawi dahil, sa gayong paraan, masasabing nagbigay ang nasasakdal ng sapat na dahilan upang mapukaw ang nasawi na salakayin siya. Sa ganitong mga pagkakataon, walang maikakatwirang ganap na makatarungang pagtatanggol sa sarili dahil hindi naman umiiral ang ikatlong hinihinging sangkap nito.

Upang maging sapat ang paghahamon, pag-aanyaya, pang-uudyok o paninikis – at, sa gayong anyo, di-makatugon sa ikatlong sangkap na hinihingi ng naaayon sa batas na pagtatanggol sa sarili – dapat na naaangkop ang tindi nito kaugnay sa pananalakay at sapat upang pukawin ang taong nanalakay sa pagsasakatuparan nito. Datapwa't upang magkaroon ng karapatan upang magtanggol sa sarili, hindi dapat nagbigay ng dahilan ang taong nagtatanggol sa sarili upang salakayin siya sa pamamagitan ng di-makatarungang pag-aasal o sa pamamagitan ng pang-uudyok, paghahamon o paninikis sa taong nanalakay.[173] O, kung nagkagayon man, hindi dapat naging malapit at agarang dahilan ng pananalakay na isinagawa ng nasawi ang ano mang paghahamon, pang-uudyok, paninikis o pag-aanyayang isinagawa ng taong nangangatwiran ng pagtatanggol sa sarili,[174]

Dahil sa pariralang "sa panig ng taong nagtatanggol sa sarili," umiiral ang ikatlong sangkap kung hindi nagmula sa panig ng nasasakdal ang pang-uudyok na napatunayan sa paglilitis, kung hindi sa bayaw mismo ng nasawi.[175] Natatanging mailalalapat ang "kakulangan ng sapat na paninikis" sa "taong nagtatanggol sa sarili." Kaya naman, kung lumalabas na ang nasasakdal ang siya mismong nanalakay, hindi masasabing inudyukan niya ang sarili dala ng pananalakay ng iba.[176] Kung gayon, hindi dapat maging pinagmulan at agarang sanhi ng pananalakay ang pang-uudyok ng taong nagtatanggol sa sarili. Kung sinampal ng nasasakdal ang mukha ng nasawi dalawang araw na ang nakaraan at nanalakay ang nasawi sa nasasakdal, sa pagkatagpo niya sa

171. People v. Sotelo, 55 Phil. 396 (1930).

172. People v. Dolfo, 46 O.G. 1621 (Court of Appeals 1948).

173. Rimano v. People, 416 SCRA 569 (2003).

174. People v. Annibong, 403 SCRA 92 (2003).

175. People v. Balansag, 60 Phil. 266 (1934).

176. People v. Espino, et al., 43 O.G. 4705 (Court of Appeals 1947); sa usapin ng People v. Alconga, 78 Phil. 366 (1947), hindi itinuring ang pananalakay na ginawa ng nasawi nang si Alconga ang nagtatanggol sa sarili sa unang yugto ng labanan, bilang sapat na pang-uudyok kay Alconga sa ikalawang yugto ng labanan, dahil sa pagkakataong ito, siya na ang nananalakay at para lamang sa nagtatanggol sa sarili ang ikatlong sangkap.

huli, nguni't malubhang nasugatan siya nang ipagtanggol ng nasasakdal ang sarili, hindi dapat na isaalang-alang ang nangyaring pang-uudyok na nagmula sa nasasakdal, dahil hindi iyon maituturing na pinagmulan at agarang sanhi ng pananalakay sa kanya ng nasawi. Sa gayong pagkakataon, matatagpuan pa ring umiiral ang ikatlong sangkap. Isang sapat na pang-uudyok ng pananalakay ang paghalik sa kasintahan ng taong nanalakay, nguni't kung naganap ang nasabing paghalik noong Disyembre 26 at isinagawa lamang ang pananalakay noong Disyembre 28, hindi maisasaalang-alang ng Kataas-taasang Hukuman ang gayong pang-uudyok.[177]

Matatagpuang umiiral ang sangkap na kakulangan ng sapat na paghahamon, pang-uudyok, pag-aanyaya o paninikis kung hindi naman gumawa ng ano man ang nasasakdal at ang kanyang mga kasama upang anyayahan ang galit ng biktima at udyukan ang pananakay nito.[178]

Isang magandang pagsasalarawan ng tatlong sangkap ng pagtatanggol sa sarili ang isang usaping kinasangkutan ng isang elektrisistang nasawi sa kamay ng kanyang katulong. Tinawag ng nasawi ang nasasakdal, na nagtanong lamang sa kanya ng "Bakit mo ako tinawag?" sa halip na lumapit sa kanya, pangyayaring itinuring ng nasawi na isang mapaghamong tugon ng nasasakdal at bigla na lamang niyang ibinato sa nasasakdal ang isang kahoy na 4-por-2 pulgada, na ginantihan naman ng nasasakdal sa pamamagitan ng pagpulot ng nasabing kahoy at pagbato rin nito sa nasawi, at pagkapulot ng nasawi sa nasabing kahoy, lumapit siya sa nasasakdal at sinimulang paghahampasin niyon ang nasasakdal, kung kaya ipinagtanggol ng nasasakdal ang kanyang sarili at nakapagdulot sa among nasawi ng nakamamatay na sugat sa pamamagitan ng isang distornilyorador, masasabing walang sapat na pang-uudyok na nagmula sa panig ng nasasakdal nang sumagot lamang siya ng "[b]akit mo ako tinawag?" Masasabi ring nagkaroon ng makatwirang pangangailangan sa paggamit niya ng isang distornilyorador. Maaaring nagpahiya at nakayamot sa among nasawi ang tugon ng nasasakdal na "[b]akit mo ako tinatawag?" nang tawagin siya ng nasawi nguni't hindi ito maituturing na sapat na pang-uudyok. Dapat na sapat o katumbas ang pang-uudyok sa kagagawang naganap at maaaring makapagtulak sa isang tao sa pagsasakatuparan nito. Hindi sapat na naging di-makatwiran o napangyayamot ang ginawang pang-uudyok. Hindi makatarungang batayan ang isang maliit na usapin ng pagmamalaki sa sarili para saktan o patayin ang kabilang panig. Sa kabilang dako, isa namang labag sa batas na pananalakay ang kagagawan ng nasawi na pagbato sa nasasakdal ng kapirasong kahoy. Karugtong ng pananalakay na nasimulan na ang sumunod na kagagawan ng nasawi, na pagsalakay sa nasasakdal nang gamit ang isang kahoy, pagkatapos ibalik ng nasasakdal ang ibinatong kapirasong kahoy. Naglagay sa nasasakdal

177. United States v. Laurel, 22 Phil. 252 (1912).

178. People v. Punzalan, 153 SCRA 1 (1987).

ang sumunod na kagagawan ng nasawi (paghampas sa nasasakdal) sa kalagayan ng pagtatanggol sa sarili. Kaya naging makatarungan para sa nasasakdal na gumamit ng makatwirang paraan upang itaboy ito. Sa dakong huli, kaugnay sa pagtutuos kung makatwiran ba o hindi ang paraang ginamit upang itaboy ang naturang pananalakay, hindi dapat asahan ang taong sinalakay na hatulan ang mga pangyayari nang panatag ang kalooban at kumilos nang mahinahon at mapayapa ang pag-iisip, gaya ng isang hindi nagigipit o humaharap sa panganib sa kanyang buhay o katawan. Ito ang pagsubok: kung isasaalang-alang ang kalagayan ng taong nagtatanggol sa sarili, kikilos din ba sa katulad na paraan ang isang taong kumikilos nang napapaligiran ng mga kagayang pangyayari? Sa pagkakataong ito, isang makatwirang paraan ang distornilyorador upang maitaboy ang pananalakay ng nasawi. Ang distornilyorador lamang ang tanging sandatang magagamit ng nasasakdal sa pagtugon sa pananalakay ng nasawi na gumagamit ng kapirasong kahoy bilang pamalo. Makatarungan para sa nasasakdal na patayin ang nasawi sa pamamagitan ng distornilyorador. Kung gayon, umiral ang lahat ng tatlong hinihinging sangkap sa pagtatanggol ng sarili. Kaya naman, marapat pawalan ng sala ang nasasakdal.[179]

Bilang makatarungang pangyayari, kaugnay sa pagtatanggol sa sarili, ang kawalan ng sapat na paghahamon, pag-aanyaya, pang-uudyok o paninikis sa panig ng taong nagtatanggol ang hinihingi ng batas; bilang isang mapagpagaang na pangyayari, ang pagkakaroon nito, mula sa nasaktang panig, ang tinutukoy.[180]

*B. Pagtatanggol Sa Kamag-anak*

Sumusunod ang mga kamag-anak na maaaring ipagtanggol sa ilalim ng Artikulo 11, Talataan 2:[181] (1) asawang legal; (2) mga ninuno; (3) mga inapo; (4) lehitimo, natural at ampong mga kapatid, maging babae man o lalaki, o

---

179. People v. Dolfo, 46 O.G. 1621 (Court of Appeals 1948).

180. People v. Court of Appeals at Tangan, 352 SCRA 599 (2001).

181. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 11, tala 2.

> *Mga makatarungang pangyayari.* – Hindi nagkakaroon ng saguting kriminal ang mga sumusunod:
>
> x x x
>
> 2. Sino mang kumilos sa pagtatanggol sa katauhan o mga karapatan ng kanyang asawa, mga ninuno, mga inapo, o lehitimo, natural o ampong mga kapatid, o ng kanyang mga kamag-anakan sa kasal sa katulad na mga antas, at ng mga kamag-anak sa dugo sa ikaapat na antas ng pagkakamag-anakan, sa pasubaling dumadalo ang una at ikalawang kinakailangang sangkap na itinatadhana sa sinundan nitong pangyayari, at ang karagdagang pangangailangang kung nagmula sa taong sinalakay ang pang-uudyok, na walang pakikibahagi roon ang taong nagtatanggol.

mga kamag-anakan sa kasal sa katulad na antas ng kaugnayan (bayaw at hipag); at (5) mga kasandugo (kamag-anak sa dugo) sa loob ng ikaapat na antas ng pagkakamag-anak. Ang mga kamag-anakan sa kasal na tinutukoy ay ang mga biyenan, manugang, bayaw at hipag. Nagwawakas ang pagyao ng asawa sa kaugnayan sa kasal,[182] maliban kung nagbunga ang kasal ng supling na nabubuhay pa, kung kailan nagpapatuloy ang kaugnayan sa kasal sa pamamagitan ng anak.[183] Tumutukoy ang mga kaisandugo sa mga kamag-anak sa dugo. Nasa ikalawang antas ng kaugnayan o pagkakamag-anakan ang mga kapatid, maging babae man o lalaki; napapaloob ang tiyuhin at tiyahin, at gayon din ang pamangkin, sa ikatlong antas ng pagkakamag-anak; saklaw naman ng ikaapat na antas ng pagkakamag-anak ang mga pinsang-buo o pinakamalapit na mga pinsan (mga nangungunang pinsan o mga pinsan sa pangunahing hanay).

Kaya naman, kung kumilos ang nasasakdal sa pagtatanggol sa asawa ng hipag niya, walang masasabing naganap na pagtatanggol sa kamag-anak, dahil hindi sakop ng mga binabanggit sa Artikulo 11, Talataan 2 ang kaugnayang namamagitan sa nasasakdal at sa asawa ng kanyang hipag.[184] Ang asawa ng hipag ng nasasakdal ay "ibang tao" o estranghero sa kahulugan at layunin ng batas sa pagtatanggol sa kamag-anak. Nguni't tignan naman, bilang kahaliling batayan, ang ikatlong talataan ng Artikulo 11; gayon pa man, naiiba ang ikatlong sangkap ng pagtatanggol sa kamag-anak doon sa hinihingi sa pagtatanggol ng kapwa o sa ibang tao.

Maaari lamang pangatwiranan ang makatarungang pangyayari ng pagtatanggol sa kamag-anak kapag may pagtatambalan o sabayang pagdalo ng mga hinihinging sangkap ng labag sa batas na pananalakay, makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit upang hadlangan o itaboy ang pananalakay, at kawalan ng pakikibahagi sa ano mang paghahamon, pang-uudyok, pag-aanyaya o paninikis, sa panig ng taong nagsasagawa ng pagtatanggol kung nagkaroon man ng ganoon sa panig ng taong sinalakay[185]. Sa tatlong mga hinihinging sangkap ng pagtatanggol sa kamag-anak, isang pasubaling *sine qua non* ang pagkakaroon ng labag sa batas na pananalakay.[186] Samakatuwid, sa tatlong mga hinihinging sangkap, ang labag sa batas na pananalakay ang sinasabing pinakamahalaga at nangunguna, na kung wala ito hindi maisasagawa o magiging makatarungan ang ano mang pagtatanggol. Kaya naman, kung walang labag sa batas na pananalakay, walang hahadlangan

182. Kelly v. Neely, Arc. 667, 659, 56 Am. D. 288; Chose v. Jennings, 38 Mc. 44, 45.

183. Dearmond v. Dearmond, 10 Ind. 191; Bigelow v. Sprague, 140 Mass. 425, 5 NE 144.

184. People v. Cabellon, 51 Phil. 846 (1928).

185. People v. Mendez, 387 SCRA 294 (2002).

186. Balunueco v. Court of Appeals, 401 SCRA 76 (2003).

o itataboy. Sa gayong pagkakataon, hindi maipangangatwiran kahit ang isang di-ganap na pagtatanggol.[187]

Upang maituring na nagaganap ang isang labag sa batas na pananalakay, kinakailangang isinagawa ang isang pagdaluhong o katawaning pananalakay, isang nakapipinsalanang kagagawan na tahasang tumutuos sa hangarin ng nananalakay na magdulot ng panunugat o pamiminsala; hindi sapat ang pag-aasal na mapagbanta o mapanakot upang gawing makatarungan ang kagagawang pinarurusahan *per se*, at magpahintulot ng pag-angkin ng kaligtasan mula sa pananagutan sa batayang isinagawa ito sa pagtatanggol sa sarili o sa pagtatanggol ng kamag-anak.[188] Kaya naman, hindi masasang-ayunang nagkaroon ng labag sa batas na pananalakay sa panig ng biktima, na siyang nagbunsod sa nakamamatay na poot ng nasasakdal, kung nagpahayag lamang ang biktima ng mapaminsala o nakakasakit na mga salita sa nasasakdal. Hindi katumbas ng labag sa batas na pananalakay ang mga mapaminsala o nakakasakit na mga salita o pagbabatanta.[189] Kahit pa hinampas ng biktima ng sagwan ang dalawang nasasakdal, kung ibinubunyag ng katibayan na, pagkatapos gawin ito at mula nang masugatan ng isang nasasakdal ang biktima sa kanang bisig, tuluyan nang tumakbong palayo ang biktima, hindi na siya dapat pang pinatay. Hindi makatarungang pagtatanggol sa sarili ang di-kinakailangang pagpatay sa isang nanalakay na umurong na sa labanan.[190]

Walang makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit ng nasasakdal (paghambalos sa biktima sa pamamagitan ng isang bote ng kulapu sa gawing kanan ng kilay), sa pagtatanggol sa kanyang kapatid, kung wala namang sandata ang biktima nang matunghayan ito ng nasasakdal na manu-manong nakikipagbuno sa kanyang kapatid. Walang pangangailangang ipagtanggol ng nasasakdal ang kanyang kapatid dahil hindi naman nalagay sa panganib ang buhay nito.[191] Kaya naman, hindi nagkamali ang isang hukumang tagalitis nang hindi nito isinaalang-alang ang sinasabing pagtatanggol sa kamag-anak na ipinangangatwiran ng nasasakdal upang mapawalang-sala. Hindi matatagpuang nagkaroon ng pagtatanggol sa kamag-anak kung hindi naman nagsagawa ng labag sa batas na pananalakay ang biktima, na napatunayang tumutupad lamang noon sa kanyang tungkulin bilang bantay na tagapangalaga ng kaayusan kaugnay ng sayawang idinaos sa plasa ng bayan. Isa sa mga nasasakdal ang unang nagpaputok ng baril sa kalagitnaan ng

187. People v. Agapinay, 186 SCRA 812 (1990); *tingnan din* United States v. Vallados, 4 Phil. 339 (1905); United States v. Carrero, 9 Phil. 544 (1908).

188. Balunueco v. Court of Appeals, 401 SCRA 76 (2003).

189. *Agapinay*, 186 SCRA sa 812.

190. *Id. tingnan* United States v. Santos, 17 Phil. 87 (1940); United States v. Dimitillo, 7 Phil. 475 (1907).

191. People v. Lingatong, 181 SCRA 424 (1990); People v. Eswan, 186 SCRA 174 (1990).

naturang sayawan, at tungkulin naman ng nasawi, bilang pulis, na magsiyasat. Isa pa sa mga nasasakdal ang nakagawa ng krimen nang kanyang saksakin ang nasawi, na nagbunsod sa nasawi na magpaputok, bilang pagtatanggol sa sarili, dahil mag-isa lamang siya noon samantalang marami naman ang nagtutulungang manalakay sa kanya. Sa mismong saglit na nagpaputok ang nasawi, binaril siya ng isa sa mga nasasakdal nang makatatlong ulit, na sinundan ng salit-salitang pananaksak sa kanya na isinagawa naman ng iba pang mga nasasakdal. Hindi matatagpuan sa mga pangyayaring ito na ang nasawi ang siyang nanalakay sa mga nasasakdal. Hindi rin maikakatwiran ng nasasakdal na namaril sa nasawi nang makatatlong ulit na gumamit siya ng paraang makatwirang kinailangan upang hadlangan ang nasawi sa pagpatay sa kanyang kapatid at gumamit siya ng baril upang paputukan ang nasawi dahil iyon na lamang ang nalalabing paraan noon, dahil hindi naman nalagay sa panganib ang buhay ng naturang kapatid ng nasasakdal, kung kaya wala talagang pangangailangang ipagtanggol siya, lalo pa kung isasaalang-alang na marami ang nagtulungan laban sa nasawi samantalang mag-isa lamang naman ito at napilitan lamang itong magpaputok dahil nasugatan na siya at marami nga ang kanyang kalaban.[192]`

*C. Pagtatanggol Sa Ibang Tao (Pagtatanggol sa Kapwa)*

Mula sa ikatlong talataan[193] ng Artikulo 11, sumusunod ang mga sangkap na hinihingi sa pagkakataon ng pagtatanggol sa ibang tao o kapwa: (1) labag sa batas na pananalakay; (2) makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit upang hadlangan o itaboy ito; at, ang pangyayaring (3) hindi inudyukan o pinakilos ang taong nagtatanggol ng paghihiganti, pagkasuklam, o iba pang masamang sanhi. Katulad din ang mga ito sa mga pangyayaring hinihingi ng batas kaugnay sa pagtatanggol sa sarili at sa pagtatanggol sa kamag-anak, maliban lamang sa ikatlong sangkap. Itinuturing na ibang tao ang sino mang hindi kabilang sa mga iniisa-isang kamag-anak sa talataan 2 ng Artikulo 11, kaugnay sa layunin ng ikatlong talataan ng nasabing artikulo. Kaya naman, itinuturing na ibang tao kahit na ang isang matalik na kaibigan o malayong kamag-anak.

---

192. *Eswan*, 186 SCRA at 174.

193. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 11, tala 3.

> *Mga makatarungang pangyayari.* – Hindi nagkakaroon ng saguting kriminal ang mga sumusunod:
>
> x x x
>
> 3. Sino mang kumilos sa pagtatanggol ng pagkatao o mga karapatan ng ibang tao, sa pasubaling dumadalo ang una at ikalawang hinihinging sangkap na binabanggit sa unang pangyayari sa artikulong ito at hindi hinimok ng paghihiganti, pagkasuklam, o ibang masamang sanhi ang taong nagtatanggol.

Samakatwid, upang matagumpay na mapaninindigan ang pagtatanggol sa kapwa o sa ibang tao, dapat maipakita ng nasasakdal: (1) ang pagkakaroon ng isang labag sa batas na pananalakay mula sa panig ng biktima; (2) ang makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit upang hadlangan o itaboy ito; at (3) ang kawalan ng bahid na kumilos ang nasasakdal sa udyok ng paghihiganti, paghihinanakit, o iba pang masamang sanhi.[194] Dapat na maging isang nagpapatuloy na pangyayari ang labag sa batas na pananalakay o dapat umiiral ito sa sandaling isinagawa ang pagtatanggol. Minsang natagpuang tumigil ang pananalakay, mawawalan din ng dahilan ang taong nagsasagawa ng pagtatanggol sa kapwa o sa ibang tao na patayin o kahit sugatan man lamang ang dating nanalakay.[195]

Kaya naman, kung nadis-armahan na ang taong nanalakay at huminto na ang kanyang pananalakay (kung tunay ngang siya ang nanalakay) noong idinulot sa kanya ng nasasakdal ang nakamamatay na saksak, wala nang masasabing pagtatanggol sa kapwa o ibang tao. Pinabubulaanan din ng bilang ng mga sugat na tinamo ng biktima ang pangangatwiran ng pagtatanggol sa kapwa o ibang tao.[196] Hindi mapaniniwalaang nagtamo ang nasasakdal ng isang-pulgadang habang sugat sa kanyang kaliwang kamay nang kanyang ilagan ang pananaksak na ginagawa ng biktima, dahil hindi sapat na nagtamo ng sugat ang nasasakdal upang mapatunayan nang walang pag-aalinlangan na kumilos lamang siya sa pagtatanggol sa sarili o na ang biktima at hindi ang nasasakdal ang nanalakay nang labag sa batas, lalo na kung hindi man lamang iniharap ng nasasakdal sa paglilitis, bilang katibayan upang mapalakas ang kanyang panig, ang sinasabing punyal na ginamit ng biktima, bagkus itinatanggi naman ng mga saksi sa panig ng tagausig na armado nga ng punyal ang biktima at, sa katunayan, wala ngang nakuhang gayong punyal sa pook na pinangyarihan ng krimen.[197]

Ano man ang maaaring gawin ng sino man sa pagtatanggol sa sarili ay magagawa rin ng ibang tao para sa kanya. Nasa katulad na kalagayan at kaparang katayuan ng isang nagtatanggol sa sarili ang sino mang kumikilos sa pagtatanggol sa kapwa.[198]

Hinihingi ng Binagong Kodigo Penal, sa ikatlong sangkap ng pagtatanggol sa ibang tao, na kumilos ang taong nagtatanggol sa kapwa nang walang bahid ng masamang hangarin kung hindi alinsunod lamang sa lantay na mapagkawang-gawang sanhi. Kaya naman, itinuturing nitong hindi naaayon sa batas ang "paghihiganti, pagkapoot, paghihinanakit o iba pang

194. People v. Dijan, 383 SCRA 15 (2002).

195. *Id.*

196. *Id.*

197. People v. Dela Cruz, 383 SCRA 250 (2002).

198. United States v. Aviado, 38 Phil. 10 (1918).

masamang sanhi." Ginagamit din ng talataan 3 ng Artikulo 11 ang pariralang "hindi pinakilos." Kaya naman, kung nagsasagawa ang sino man ng pagtatanggol sa ibang tao dala ng mapagkawang-gawang dahilang saklolohan lamang ang kapwa mula sa malubhang kapinsalaan sa katawan o sa malamang na kamatayan, umiiral pa rin ang ikatlong hinihinging sangkap ng pagtatanggol sa ibang tao kahit na may nagpapatuloy na hinanakit ang taong nagtatanggol laban sa nananalakay. Liban lamang ang ikatlong sangkap kung inudyukan ang taong nagtatanggol ng kanyang hinanakit sa taong nananalakay dahil, sa gayong pagkakataon, magiging pagdadahilan o pagkukunwari lamang ang sinasabing pagtatanggol sa ibang tao. Kaya naman, kung sa pagtatanggol sa bayaw ng kanyang maybahay, kumilos din ang nasasakdal sa udyok ng paghihinanakit sa nasawi, hindi umiiral ang ikatlong sangkap ng pagtatanggol sa ibang tao.[199]

Kung nagawa ni A na agawan si B, na isang tenyenteng kostable, ng kanyang baril sa gitna ng labanan, at inutusan ni B si K, isa namang kawal kostable sa ilalim ng kanyang pamumuno, na kapkapan si A upang mabawi ang baril, nguni't nang papalapit na si K kay A upang kapkapan ang huli, umurong si A, bumunot ng baril at saka pinaputukan si K, na masuwerte namang nakailag, datapwa't nang umakmang babaril na muli si A, nagpaputok naman ng kanyang riple si D, na isa pang kawal kostable, at nakapatay sa pamamagitan nito kay A, masasabing makatarungan para kay D na patayin si A, dahil kumilos siya sa pagtatanggol ng kapwa o sa ibang tao[200]. Kung nakarinig si A ng sigawan at tawag ng saklolo at nang tumugon siya, nakita niya si B na anyong sumasalakay sa asawa nito (ni B), gamit ang isang patalim, kaya't nilapitan ni A si B at nakipag-agawan dito sa pagtataglay ng baril, datapwa't nasugatan ni A si B sa kainitan nito, matatagpuang kumilos si A sa pagtatanggol sa ibang tao.[201]

Kung, sa pagkakataon kung kailan isang Hapon ang sumampal sa isang matandang 78 taong gulang, saka nagsalya sa huli, lumampaso nito sa lupa at nagtangkang sakalin pa ito, nag-abot lamang ang nasasakdal sa matandang sinasalakay ng isang maliit na kalawit (gantso) na ginagamit ng mga manok na pansabong sa pakikihamok, at ito naman ang ginamit ng matanda upang patayin ang Hapong sumasalakay sa kanya, matatagpuang makatarungan para sa nasasakdal na bigyan ng kalawit ang matanda kahima't ginamit nito ang kalawit sa panunugat na nakapatay sa Hapon, dahil isa lamang itong paraan ng pagtatanggol sa ibang tao.[202]

*D. Pag-iwas Sa Higit Na Malaking Kapahamakan O Kapinsalaan*

199. People v. Cabellon at Gaviola, 51 Phil. 846 (1928).

200. People v. Ancheta, et al., 66 Phil. 638 (1938).

201. People v. Valdes, 58 Phil. 31 (1933).

202. United States v. Subing-subing, 31 Phil. 376 (1915).

Sumasakop ang pariralang "pinsala sa ibang tao" sa pananakit sa kapwa at paninira ng ari-arian.[203] Nailapat ng Hukuman sa Paghahabol ang talataan 4[204] ng Artikulo 11 sa isang usapin ng paninirang-puri sa pamamagitan ng kagagawan,[205] isang krimen laban sa karangalan ng kapwa, kung saan nakipagtanan sa ibang lalaki ang nasasakdal (na isang babae) na malapit nang ikasal sa nasaktang panig, pagkaraang makagawa ang nasaktang panig ng mga paghahanda para sa kanilang kasal. Natagpuang may pangangailangan sa panig ng nasasakdal na iwasan ang isang kasal na walang pag-ibig sa piling ng nasaktang panig, at makatarungan lamang ang kanyang pagtangging pakasalan ang nasaktang panig at pakikipagtanan sa ibang lalaki na siya niyang mahal at, kung gayon, hindi katumbas ang kanyang ginawa ng krimeng paninirang-puri sa pamamagitan ng kagagawan.[206]

Nagtatakda ang batas ng tatlong mga sangkap upang maligtas ang nasasakdal mula sa ano mang saguting kriminal sa ilalim ng Artikulo 11, Talataan 4, Binagong Kodigo Penal: (1) na tunay na umiiral ang kasamaang nilalayong iwasan; (2) na nakahihigit ang kapinsalaang kinatatakutan kaysa sa ginawa upang maiwasan ito; at (3) na wala nang ibang higit na maisasagawa at di-gaaanong nakapipinsalang paraan upang mahadlangan ito.[207]

---

203. *Ngunit tingnan* MARIANO ALBERT, THE REVISED PENAL CODE ANNOTATED 75 (1946), naniniwala si Albert na maipangangatwiran lamang ang makatarungang pangyayari ng pag-iwas sa higit na malaking kapahamakan kaugnay sa mga krimen laban sa ari-arian; People vs. Norma Hernandez, 55 O.G. 8465 (Court of Appeals 1955), gayon pa man, nailapat na nga ang makatarungang pangyayaring ito kaugnay sa isang krimen laban sa karangalan ng kapwa.

204. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 11, tala 4.

> *Mga Makatarungang pangyayari.* – Hindi nagkakaroon ng saguting kriminal ang mga sumusunod:
>
> x x x
>
> 4. Sino mang nakagawa, upang maiwasan ang isang kapahamakan o kapinsalaan sa sarili, ng isang kagagawang nakapagdulot ng pinsala sa ibang tao, sa pasubaling naroroon ang sumusunod na mga pangangailangan:
>
> *Una.* Na tunay na umiiral ang kapahamakang nilalayong iwasan;
>
> *Ikalawa.* Na higit na malaki ang pinangangambahang kapinsalaan kaysa roon sa nagawa upang maiwasan ito;
>
> *Ikatlo.* Walang ibang higit na maisasagawa at di-gaanong mapaminsalang paraan upang maiwasan ito.

205. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 359.

206. *Hernandez,* 55 O.G. sa 8465.

207. Ty v. People, 439 SCRA 220 (2004).

Matutukoy bilang mga halimbawang kinasasangkutan ng kapinsalaan sa ari-arian ng iba, sa kahulugan ng Talataan 4, Artikulo 11, ang sumusunod: (1) kung nagsimula ang isang sunog sa kulumpon ng mga kabahayang nipa, at binuwag naman ang mga nakapaligid ditong mga kabahayang nipa upang mahadlangan ang paglaganap ng sunog sa mga kalapit na mga bahay na yari sa matitibay na materyales; (2) kung isang trak na naghahatid ng gasolina sa isang istasyon ng gas ang makasagap ng apoy at upang maiwasan ang pagkasunog ng istasyon mismo, dinala ang trak sa gitna ng lansangan at doon iniwanang nagliliyab, datapwa't patuloy itong kumilos nang mag-isa mula sa gitna ng lansangan, bumangga sa isang bahay sa kabilang dako ng lansangan na ikinasunog nito, matatagpuang may dahilang maghabla ang may-ari ng bahay na nasunog laban sa may-ari ng istasyon ng gas,[208] kaugnay sa saguting sibil na nagmula sa kapinsalaang dulot, datapwa't walang saguting kriminal; (3) kung, sa gitna ng isang unos sa laot, isang barkong punung-puno ng dalang-kalakal ang nanganib na lumubog, kaya't ipinag-utos ng kapitan ng barko na itapon sa dagat ang bahagi ng mga dalang-kalakal, matatagpuang walang saguting kriminal ang kapitan sa pag-utos na itapon sa dagat ang bahagi ng mga dalang-kalakal.[209]

Dapat na tunay na umiiral ang kapahamakang ninais maiwasan. Kung inaasahan, o pinangungunahan o maaaring maganap sa hinaharap lamang, ang kasamaang-palad na nilalayong iwasan, hindi mailalapat ang talataan 4 ng Artikulo 11. Isang tao, halimbawa, ang nagmamaneho ng kanyang kotse sa isang makitid na daan nang may kaukulang sigasig at pag-iingat nang bigla na lamang niyang nakita ang isang trak na "siks-bay-siks" sa harapan ng kanyang kotse. Kung ipipihit niya ang kotse sa gawing kaliwa, mahuhulog siya sa bangin, at kung ipipihit naman niya sa gawing kanan, mapapatay niya ang isang taong naglalakad sa tabi ng daan. Napilitan siyang mamili sa dalawa: (1) mamatay sa pagkahulog sa bangin ng sasakyan, o (2) isakripisyo ang buhay ng walang-malay na naglalakad sa tabi ng daan. Kung pinili niya ang huli, ipinihit ang sasakyan sa kanan, na nakasagasa at nakapatay sa taong naglalakad doon,[210] hindi masasabing nilalabag ng halimbawang ito ang ikalawang pasubali o sangkap na hinihingi ng Kodigo, na higit ang kapinsalaang pinangangambahan kaysa sa nagawa upang maiwasan ito, dahil kinikilalang maaaring magpaparamdam sa taong kumikilos sa udyok ng pansariling-kaligtasan na higit na mahalaga ang kanyang sariling kaligtasan kaysa sa kapwa.[211]

208. Sa ilalim ng Talataan 2 ng Artikulo 101, kaugnay sa talataan 4 ng Artikulo 11 ng Binagong Kodigo Penal; Tan v. Standard Vacuum Oil Co., 91 Phil. 672 (1952).

209. 1 LUIS B. REYES, THE REVISED PENAL CODE 196 (Ika 15 Ed. 2001).

210. GUEVARA, *supra* tala 24, sa 27.

211. REYES, *supra* tala 209 sa 196; *ngunit tingnan din* ang puna ng dating Punong Mahistrado Ramon C. Aquino na maaaring di-makatarungan ang gawang

Batay sa halimbawang ito at sa tinatalakay na katwiran, ipinapalagay na makatarungan ang pagpapatay sa isang sanggol sa tiyan o sinapupunan ng isang nasa kagampan upang mailigtas ang buhay ng nagdadalang-taong ina.

Datapwa't hindi dapat maging kahinatnan lamang ang higit na malaking kapinsalaan ng kakulangan ng pag-iingat o kapabayaan sa panig ng taong gumanap sa kagagawan. Kaya naman, kung minaneho ng drayber ang kanyang kotse, sa halimbawang nabanggit sa itaas, sa pinakamatuling takbo nito, nang walang pakundangan sa kalagayan ng kinaroroonan, bagama't nakita na niya ang trak mula pa sa layong 500 metro, nguni't hindi pa rin niya pinabagalan ang takbo ng kanyang sasakyan, hindi niya maipangangatwiran ang talataan 4, dahil ibinunga lamang ang pangangailangan sa pagkakataong ito ng kanyang sariling walang-pakundangang kakulangan ng pag-iingat. Hindi rin dapat magmula sa sariling kagagawan ng gumanap ang kapahamakang nagbunsod ng higit na malaking kapinsalaan. Kaya naman, hindi kumikilos sa udyok ng makatarungang pangangailangan ang isang nakatakas na bilanggo na napilitang magnakaw ng damit upang makapagbalatkayo at hindi makilala. Dapat siyang managot sa salang pang-uumit dahil sa naturang walang pahintulot na pagkuha ng damit na pag-aari ng iba, sa kabila ng pagkilos sa tulak ng matinding pangangailangan.

Kung inaasahan o inuunahan lamang, o maaaring mangyari sa hinaharap pa ang kasamaang layong iwasan, hindi mailalapat ang pananggol na ito. Sa gayong pagkakataon, masasabing nagawa sanang samantalahin ng nasasakdal na gawin ang ibang bagay na mapagpipilian upang makaiwas sa pagsasagawa ng krimen. Halimbawa, maaaring aminin ng nasasakdal na, upang maiwasan ang panggigipit sa kanya kaugnay sa pagbabayad ng utang, magagawa niyang piliing mag-alok ng alahas o iba pang uring pagsasangla, sa halip ng pagpapalabas ng mga tsekeng may-petsang panghinaharap bilang panagot sa kanyang pagkakautang, sa kabila ng kawalan ng pondo. Bukod dito, upang mapangatawan ang pananggol na kalagayan ng mahigpit na pangangailangan, hindi dapat nagmula sa kapabayaan o sa kakulangang ng pag-iingat, o sa sinadyang kawalang-gawa, ang kinatatakutang nakahihigit na kapinsalaan, gaya ng pangyayaring tumalbog ang mga tsekeng pinalabas ng nasakdal dahil sa kakulangan ng pondo, dahil sa pagkabigo ng nasasakdal na bayaran ang mga pagkakautang ng kanyang ina sa pagamutan.[212]

---

pagsasakripisyo sa buhay ng tao upang mailigtas ang ibang tao, gaya ng mga halimbawang nasangkot sa Queen v. Dudley, LR 14 Q.B.C. 273, at United States v. Holmes, Fed. Cases No. 15, 383 (1842), 1 Wall. 1 (AQUINO, THE REVISED PENAL CODE 183-84).

212. *Ty*, 439 SCRA sa 220 (pinuna ng Kataas-taasang Hukuman sa usaping ito na matatagpuang kakatwa ang pagdulog ng pangangatwiran ng nasasakdal sa mapagligtas na kalagayan ng di-mapigilang takot at sa makatarungang pangyayari ng kalagayan ng mahigpit na pangangailangan upang makaiwas sa pananagutan. Hindi pa mangangalahati sa pagiging kakatwa nito kung nagawa ng nasasakdal

Hindi maipangangatwiran ang makatarungang pangyayari ng pag-iwas sa isang higit na malaking kapahamakan o kapinsalaan kung hindi naman talaga nagkaroon ng basta pag-iwas lamang sa kapahamakan, kung hindi isang sinadyang kagagawan. Sa isang usapin, sabayang sumalakay kay Geminiano sina Pio, na may tangang gulok, at Severo, na hawak ang isang palakol. Nasugatan nina Pio at Severo si Geminiano. Mula sa malapit, niyakap ni Juan si Marianito, anak ni Geminiano, na may ripleng nakasukbit sa balikat, at nakipagbuno dito. Namatay si Geminiano. Inusig sa salang asesinato sina Pio, Severo at Juan. Ipinangatwiran ni Juan ang makatarungang pangyayari ng pag-iwas sa isang higit na malaking kapahamakan o kapinsalaan sa ilalim ng Talataan 4, Artikulo 11, Binagong Kodigo Penal, sa pagsisikap na maipaliwanag ang dahilan ng kanyang ginawang pagpigil kay Marianito sa gawang pagbaril kina Pio at Severo. Ipinasyang mali naman para kay Juan na asahan ang nasabing makatarungang pangyayari. Naglalayon ang ginawang pagpigil ni Juan kay Marianito mula sa pagbaril kina Pio at Severo, na siya namang mga nanalakay, na tiyakin ang pagsasakatuparan ng pagpatay kay Geminiano nang walang ano mang panganib sa nananalakay sa kanya. Kung gayon, hindi umiiwas sa isang kapahamakan si Juan nang maglayon siyang pigilan, sawatain o salantahin si Marianito. Sa katunayan, mapupuna sa ganitong pagkakataon na, kahit na nasa anyong babarilin nga ni Marianito sina Pio at Severo, hindi naman isang kapahamakan na makatarungang iwasan sa pamamagitan ng pagsalanta kay Mariano ang kanyang ginagawa, bilang pagtatanggol sa kanyang ama.[213]

Bagama't bilang pangkalahatang tuntunin, walang saguting sibil sa mga makatarungang pangyayari, may kataliwasan ito sa talataan 4 ng Artikulo 11, kung saan may saguting sibil na iniaatang sa taong nakinabang sa kapahamakan o kapinsalaan ng iba. Sa mga pagkakataong sinasaklawan ng talataan 4 ng Artikulo 11, mananagot sa paraang sibil ang taong nakinabang sa pagkaiwas sa kapahamakan nang katumbas sa pakinabang na kanyang natanggap o natamo.[214]

### *E. Pagtupad Sa Tungkulin O Naaayon Sa Batas Na Pagganap Sa Karapatan O Katungkulan*

Dalawa ang hinihinging sangkap sa makatarungang pangyayaring ito:[215] (1) kumilos ang nasasakdal sa pagtupad sa isang tungkulin o sa naaayon sa batas

---

na patunayang pinalabas ang mga tseke nang hindi niya ganap na niloloob. Datapwa't sa nabanggit na mga pangyayari, malinaw na hindi isinagawa ang pagpapalabas ng mga tumalbog na tseke sa udyok ng di-mapigilang takot o bilang pag-iwas sa isang nakahihigit na kasamaan o kapinsalaan.).

213. People v. Richohermoso, et al., 56 SCRA 431 (1974).

214. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 101; dapat ding isaalang-alang, kaugnay nito, ang mga katadhanaan ng Artikulo 432, Bagong Kodigo Sibil.

215. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 11, tala 5.

na pagganap sa isang karapatan o katungkulan; at, (2) di-maiiwasang kahinatnan ng angkop na pagsasakatuparan ng tungkulin o naaayon sa batas na pagganap sa karapatan o katungkulan ang pinsalang naidulot o ang paglabag na nagawa.[216] Hindi dapat maging batayan ng kriminal na pag-uusig ang isang pagtupad ng katungkulan sa batas.[217]

Natagpuang umiral ang unang hinihiging sangkap ng makatarungang pangyayaring ito kaugnay ng mga pulis, o opisyal na tagapamayapa, na nakapatay sa pagsisikap na hulihin ang isang pinaghahanap na pusakal; ipinasyang kumilos sila sa pagsasakatuparan sa isang tungkulin.[218] Datapwa't natagpuan namang liban ang pangalawang sangkap kung, dala ng pagmamadali o pagkamainipin, labis na kasabikan, o ng kanilang pagnanais na umiwas sa ano mang panganib sa sarili o pakikipagsapalaran, lumampas ang mga nasasakdal sa naaayon sa batas na pagsasakatuparan ng kanilang tungkulin noong patayin nila ang isang taong natutulog, na pinaniwalaan nilang siyang pinaghahanap na pusakal, nang hindi na gumawa ng ano mang paunang pagtutuos o pag-uusisa kung sino siya.[219]

Ayon sa mga pangyayari sa isang usapin,[220] tumakas si Lorenzo Napilon mula sa bilangguan kung saan nahatulan siyang magdusa ng pagkapiit. Isang araw pagkaraan, ang pulis na si Felipe Delima ang naghanap kay Lorenzo Napilon at natagpuan siya nito sa bahay ng isang Jorge Alegria, na armado ng isang matulis na patpat ng kawayan sa hugis ng isang sibat. Nang pasukuin ni Delima si Napilon, isang handulong ng sibat ang itinugon ng huli. Nakailag ang pulis at, upang mapangibabaw ang kanyang kapangyarihan bilang pulis, nagpaputok siya ng baril. Hindi tumama ang bala kay Napilon, na kaagad namang tumakbo, nang dala-dala pa rin ang sibat. Hinabol ng pulis si Napilon, at sa paghahabulan, muling nagpaputok ang mga pulis. Sa pagkakataong ito, tinamaan si Napilon at napatay. Inusig ang pulis at nahatulan ng hukumang tagalitis na nagkasala ng homisidyo. Datapwa't natagpuan ng Kataas-taasang Hukuman na isinagawa ang pagpatay kay Napilon sa pagsasakatuparan ng isang tungkulin. Tungkulin ng nasawi na sumuko at wala itong karapatan, pagkatapos pumuga sa bilangguan, na gawin ang pagsalakay at di-pagsunod sa ipinag-utos na pagsuko, nang may sandatang tangan sa kamay, na siyang pumilit sa pulis na gumamit ng isang

---

> Mga makatarungang pangyayari. -- Hindi nagkakaroon ng saguting kriminal ang mga sumusunod:
>
> x x x
>
> 5. Sino mang kumilos sa pagtupad sa isang tungkulin o sa naaayon sa batas na pagganap sa isang karapatan o katungkulan.

216. People v. Oanis, 74 Phil. 257 (1943).

217. Andal v. People, 27 SCRA 608 (1969).

218. *Id.*

219. People v. Oanis, 74 Phil. 257 (1943).

220. People v. Delima, 46 Phil. 738 (1922).

di-maiiwasang paraan, na masasabing makatarungan lamang naman sa ilalim ng mga pangyayari bagama't nakamamatay. Maisasaalang-alang ang Artikulo 11, talataan 6, Binagong Kodigo Penal at, sa ilalim nito, walang krimeng nagawa si Delima. Pinawalang-sala siya.

Kung nagawang lumabas sa selda, sa pamamagitan ng lakas at dahas, ng isang detenidong bilanggo sa ilalim ng pagtangan ng nasasakdal, na isang pulis na itinalagang tanod niya, at talagang nagtangka siyang tumakas, sa kabila ng babalang huwag subukin ang gayong pagtatangka, kaya binaril siya ng nasasakdal, masasabing dapat lamang pawalan ng sala ang huli.[221] Nailapat na rin ang panuntunang ito kaugnay ng isang takas na detenidong bilanggo na pinaratangan lamang ng isang magaang na paglabag, kaugnay sa pagnanakaw ng manok, na napatay ng pulis. Sa usaping ito,[222] apat na mga kaanib ng puwersa ng pulisya ang humabol sa isang takas na detenidong bilanggo. Matapos ang mahabang paghahanap, nang matagpuan ang tumatakas na bilanggo ng isa sa mga pulis na tumutugis sa kanya, dinaluhong niya ito, at pinalo ng bato sa kaliwang pisngi, na ikinatumba ng pulis, at habang nakahandusay sa lupa ang pulis, muli siyang pinalo ng bato ng tumatakas na pugante; pagkatapos, nagpatuloy sa pagtakbo ang huli nang habul-habol ng pulis at ng kanyang mga kasamahan. Sa kainitan ng pagtugis sa pugante, nagpaputok sa hangin, bilang babala, ang pulis. Hindi pa rin huminto ang tumatakas na bilanggo, kaya't muling nagpaputok sa hangin ang pulis nang makaapat na ulit pa. Sa mga sandaling iyon, lumalayo na ang agwat nila sa isa't isa. Sa pangamba ng pulis na tuluyan nang makatakas ang bilanggo, siya na mismo ang inasinta ng pulis habang nasa anyong tumatalon sa kabilang pampang ng sapang namamagitan sa kanila. Nasapol sa likod ang bilanggong tumatakas, na ikinamatay nito. Napawalang sala naman ang pulis dahil natagpuang gumanap lamang siya ng kanyang tungkulin sa ilalim ng mga pangyayari.

Datapwa't sa isa pa ring usapin, sa loob ng isang bilangguan, nang pinagtipon ng tanod ang mga bilanggo sa ilalim ng kanyang pangangalaga, napansin niyang isa sa kanila ang nawawala. Inutusan ng tanod ang mga bilanggo na hanapin ang nawawala nilang kasama. Bigla na lamang nagpulasan at nagpanakbuhan ang mga bilanggo, na ikinataranta ng tanod. Dalawang bilanggo ang pinaputukan ng tanod, isa ang nasugatan at napatay ang isa pa. Ayon sa tanod, ginawa niya ang pamamaril sa mga bilanggo upang mapigilan ang kanilang pagtatangkang tumakas. Sa pasya ng Kataas-taasang Hukuman, pinaniwalaan ang bersiyon ng tunay na pangyayari ayon sa salaysay ng mga saksi para sa tagausig. Binaril ang bilanggong nasugatan nang may tatlong metro lamang ang layo niya mula sa tanod at hindi naman

221. Alinsunod sa panuntunang nailahad sa People v. Delima, 46 Phl.738 (1922); People v. Bisa, 51 O.G. 4091 (Court of Appeals 1955).

222. Valcorza v. People, 30 SCRA 143, 148-150 (1969).

naipakita ng tagapagtanggol na nagtatangka nga itong tumakas nang mga sandaling iyon. Binaril ang bilanggong nasawi nang may tatlo o apat na metro lamang ang layo niya mula sa tanod. Sumasalungat ang sinasabi ng tanod na tumatakbo noon ang nasawing bilanggo -- upang maipahiwatig na tumatakas ito -- sa kanyang sariling salaysay na patagilid na tumatakbo ang nasawing bilanggo, nang nakatutok ang mukha sa kanya (sa tanod), at sa di-matututulang pangyayaring malapit lamang ang kanyang tamang tinamo sa isang buto sa balikat at naglagos sa kaliwang balikat. Kung layunin ng nasawing bilanggo ang tumakas, hindi malamang na nangyari ang pagtakbo nang nakalantad ang likuran sa tanod. Malinaw na lubusang walang katwiran ang tanod para barilin ng nasawing bilanggo. Maaari lamang barilin ng tanod ang bilanggo sa pagtatanggol sa sarili o kung ganap na kinakailangan upang mapigilan ang kanyang pagtakas. Limang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ang naniwalang hindi tumatakas ang napatay na bilanggo. Apat na Mahistrado naman ang tumutol, batay sa paniniwala nilang tumatakas o tumatakbo nga ang bilanggo nang barilin ng tanod. Datapwa't nagkasundo ang lahat ng mga Mahistrado na makatarungan lamang para sa isang tanod na barilin ang isang bilanggo kung tumatakas ito. Kung isang bilanggo ang nagtangkang tumakas, at ang mga Kawal Kostable, na siyang may tangan sa kanya, ang bumaril at nakapatay sa kanya dahil sa pangyayaring hindi niya pinakinggan ang babala ng mga maytangan sa kanya, kung hindi nagpatuloy pa rin siya sa kanyang pagtatangkang tumakas, at wala nang nalabing paraan kung hindi barilin siya upang mapigilan lamang ang lubusang pagkawala niya, matatagpuang kumilos ang mga Kawal Kostable sa pagsasakatuparan ng kanilang tungkulin at, kung gayon, wala silang saguting kriminal.[223]

Makatarungan din ang pagbaril sa isang armadong salarin na lumabag sa batas at tumangging sumuko. Kung tinaga ng nasawi ang isang punong-bayan sa bisig nito sa pamamagitan ng kanyang gulok, at kaagad siyang tumakbo at tumangging magpahuli nang masukol, matatagpuang ganap na makatarungan ang ginawang pagbaril sa kanya ng Hepe ng Pulisya, na may taglay na sandatang-paputok at gumamit nito laban sa kanya.[224] Tungkulin ng mga alagad ng kapayaan na hulihin ang mga lumalabag sa batas hindi lamang kapag hawak nila ang kaukulang batayang-utos ng pagpapadakip kundi kahit na hindi sila nabigyan ng gayong batayan-utos, kapag may nagaganap o isinasagawang paglabag ng batas doon mismo sa kanilang kinaroroonan; at sumasaklaw ang tungkuling ito kahit na sa mga pagkakataong upang pigilin lamang ang isang krimen na napipintong maganap ang layunin ng isinasagawang pagdakip.[225]

---

223. United States v. Magno, et al, 8 Phil. 314 (1907).

224. People v. Gayrama, 60 Phil. 796 (1934).

225. United States v. Bertucio et. al., 1 Phil. 47 (1901); United States v. Resaba, 1 Phil. 311 (1902); United States v. Vallejo, 11 Phil. 193 (1908); United States v. Santos, 36 Phil. 653 [1917].

Datapwa't hindi laging ganap na makatarungan ang pagbaril sa isang magnanakaw na tumangging magpahuli. Isang tanod ang nakahuli ng isang magnanakaw na nanguha ng ginto sa tunel ng isang minahan. Nagtangkang tumakbo ang magnanakaw. Pinahinto siya ng tanod nguni't hindi niya pinakinggan ang utos. Nagpaputok ang tanod nang makaapat na ulit sa hangin, sa pamamagitan ng dalang karbin upang takutin lamang ang magnanakaw at pahintunin. At dahil patuloy ang magnanakaw sa ginawang pagtakbo, sabay sabing hindi siya hihinto kahit pa kanyang ikamatay, inumang na ng tanod ang ikalimang putok sa binti ng magnanakaw, nguni't tumama naman sa huli ang bala sa dakong balakang. Ikinamatay ng magnanakaw ang tamang tinamo. Natagpuang kumilos ang tanod sa pagtupad sa kanyang tungkulin, nguni't lumabis siya sa pagtupad ng tungkulin nang barilin niya ang nasawi. Ipinasyang nagkasala siya ng homisidyo.[226]

Kahit makatarungan para sa isang opisyal na nagsasagawa ng pagdakip na gumamit ng lakas na makatwirang kinakailangan upang hulihin at maibilanggo ang salarin, gapihin ang kanyang panlalaban, pigilin ang kanyang pagtakas, muli siyang dakpin kapag nakatakbo, at pangalagaan ang sarili laban sa kapinsalaan ng katawan, hindi pa rin makatarungan para sa kanya na gumamit ng di-kinakailangang lakas o tratuhin ang dinarakip nang may walang-pagtitimping karahasan, o gumamit ng mapanganib na kaparaanan kung magagawa naman ang pagdakip sa ibang paraan.[227] Muling itinatadha sa Mga Tuntunin ng Hukuman ang gayong aral. Walang di-kinakailangan o di-makatwirang lakas ang dapat gamitin sa pagsasagawa ng pagdakip, at hindi dapat ipasailalim ang taong nadakip sa ano mang nakahihigit na pagpigil o pagsawata kaysa sa kinakailangan upang maisagawa ang pagdakip o pagpipiit sa kanya.[228]

Naiiba sa pagtatanggol sa sarili ang pagtupad ng tungkulin upang hadlangan o mapigilan ang pagtakas ng isang bilanggo, dahil nakabatay ang mga ito sa magkaibang prinsipyo. Kung kasalukuyang tumatakbo ang bilanggong nanalakay sa pulis sa pamamagitan ng pagsaksak ng sibat nang barilin siya, at, kung gayon, huminto na sa sandaling iyon ang pag-iral ng labag sa batas na pananalakay, maisasagawa pa rin ang pagpatay sa kanya bilang pagsasakatuparan ng tungkulin.[229] Hindi mailalapat sa ganitong pagkakataon ang tuntunin ng pagtatanggol sa sarili. Maaring lumitaw na siya

---

226. People v. Bentres, 49 O.G. 4919 (Court of Appeals 1953); ihambing ito sa Valcorza v. People, 30 SCRA 143, 148-150 (1969).

227. 6 C.J.S., Talataan B, p. 612, na binanggit sa People v. Oanis, et al., 74 Phil. 257 (1943).

228. MGA BINAGONG TUNTUNIN SA KAPARAANANG PANGKRIMEN NG 2000, Tuntunin 113, Seksiyon 2, Talataan 2.

229. People v. Delima, 46 Phil. 738 (1922).

mismong nanalakay ang alagad ng batas o opisyal ng bayan na kumikilos sa pagtupad ng tungkulin, nguni't hindi labag sa batas ang kanyang isinasagawang pananalakay, sapagka't kinakailangan ito upang matupad ang kanyang tungkulin. Kaya naman, kung inumang ng tanod ang kanyang baril sa tumatakas na bilanggo at dinakma ng bilanggo ang bunganga ng baril, at hinaltak naman ng tanod ang baril mula sa bilanggo, kung kaya bumalandra ang bilanggo at dahil sa lakas ng bagsak, napisil ng daliri ng tanod ang gatilyo, pumutok ang baril at tinamaan ng bala ang bilanggo mismo, na ikinamatay nito, matatagpuang kumilos ang tanod sa pagtupad ng kanyang tungkulin.[230]

Sa alin mang pagkakataon, kung isang pribadong tao ang nasasakdal, na hindi nagsakatuparan ng isang tungkulin, naiiba ang kinahihinatnan. Sa unang pagkakataon, walang matatagpuang pagtatanggol sa sarili dahil walang labag sa batas na pananalakay. Sa ikalawang pagkakataon, masasabing nagsasagawa ng isang krimen ang taong nanunutok ng baril sa kapwa.[231] Kaya naman, kung itinutok ng nasasakdal ang kanyang baril sa nasawi, habang nagbabantang papatayin ang huli, at dinakma ng nasawi ang nguso ng baril at, sa sumunod na pag-aagawan ng baril, napisil ng nasasakdal ang gatilyo, pumutok ang baril, at tinamaan ng bala ang nasawi, na ikinamatay nito, matatagpuang may saguting kriminal ang nasasakdal.[232]

Samakatwid, upang maisaalang-alang ang makatarungang pangyayaring ito, dapat mailahad ng katibayan ang sumusunod: (1) na kumilos ang nasasakdal nang naaayon sa batas na pagganap sa isang karapatan o pagtupad ng isang tungkulin; at (2) na isang di-maiiwasang kinahinatnan ng naaangkop na pagganap sa karapatan o pagtupad ng tungkulin ang nagawang pinsala o paglabag.[233] Kaya naman, matatagpuang dumalo ang mga naturang sangkap ng pagkamakatarungan kung, noong sandaling mangyari ang kaganapan, isang kasapi ang nasasakdal, na isang imbestigador, ng Pambansang Kapulisan ng Pilipinas (PNP), na nakatalaga sa Iloilo, kung kaya, masasabing alinsunod sa naaayon sa batas na pagtupad ng kanyang tungkulin bilang imbestigador na, sa ilalim ng mga tagubilin ng nakatataas sa kanya, kinuha niya mula sa selda ang biktima upang isagawa ang isang pagsisiyasat na karaniwang isinasagawa; isa ring naaayon sa batas na pagtupad sa kanyang tungkulin bilang alagad ng batas na sinikap niyang ipagtanggol ang kanyang pagtataglay sa kanyang sandata nang biglaang tangkain ng biktima na agawin ito mula sa kaluban nito sapagka't, bilang alagad ng batas, tungkulin ng nasasakdal na pigilin ang pang-aagaw nino man sa kanyang gamit na sandata, lalo na kung isinasagawa ng isang bilanggong nasa kanyang pagtataglay, dahil malamang na

230. People v. Bisa, 57 O.G. 4091 (Court of Appeals 1955).

231. Matinding pananakot sa ilalim ng BINAGONG KODIGO PENAL, art. 282.

232. Sa ilalim ng Artikulo 4, Talataan 1, kaugnay sa Artikulo 282 at Artikulo 249.

233. Angcaco v. People, 378 SCRA 297 (2002); People v. Tan, 359 SCRA 283 (2001).

gamitin ang naturang sandata upang magpadali ng pagtakas at pumatay o puminsala ng mga tao sa paligid, kabilang na ang nasasakdal. Hindi naman mapipintasang nagpabaya ang nasasakdal, dahil isinagawa niya ang lahat ng kinakailangang pag-iingat upang maiwasang makapinsala sa iba ang kanyang sandata sa pamamagitan ng sakuna at, gaya ng masigasig niyang ipinaggiitan, hindi naman nakakasa ang sandata mula pa nang lisanin niya ang kanyang bahay, at lagi namang nakasilid ang sandata sa kaluban nito, lalung-lalo na sa loob ng tanggapan kung saan siya gumagawa. Hindi kailan man inamin ng nasasakdal na nagkaroon siya ng hangaring saktan o pinsalain ang biktima, o patayin ito. Hindi naman sumaksi ang bantay na itinalagang magtangan sa nasawing bilanggo kaugnay sa ano mang pag-aasal sa panig ng nasasakdal na nagpapahiwatig ng hangaring magdulot ng pinsala sa biktima habang kinukuha ito mula sa kanyang selda. Kaya naman, matatagpuang napapaloob lamang sa hangganan ng mga kagagawang naganap sa takbo ng naaayon sa batas na pagtupad ng tungkulin ang naging pakikibahagi ng nasasakdal sa pagkakapatay sa biktima. Naipakita nang sapat na pawang kinahinatnan ng mga pangyayaring nasa ibayo ng kapangyarihan ng nasasakdal ang pag-alis ng baril mula sa kaluban nito, ang pagbitiw sa kasahan nito, at ang pagpapaputok nito nang makalawang ulit. Sapat din ang mga pangyayaring ito upang makalikha man lamang ng matinding pag-aalinlangan kaugnay sa kanyang pananagutan.[234]

Datapwa't hindi matatagpuang nagsasakatuparan ng kanyang tungkulin ang nasasakdal noong sandaling naganap ang pamamaril kung nagsagawa siya ng pagtatangkang dakpin ang mga kababaihang hindi naman nagsasagawa ng pagpuputa sa kanyang harapan o sa pook na kanyang kinaroroonan, kahit na isang lalaki nga ang nag-alok sa kanya ng paglilingkod ng isang puta, pangyayaring nagpapahintulot lamang sa kanya na arestuhin ang lalaking ito at wala nang iba, dahil sa mga kagagawang bumubuo ng krimeng bagansiya. Kung nakapagdulot ang pamamaril na naganap ng nakamamatay na mga sugat sa biktima, hindi matatagpuang isang di-maiiwasang kinahinatnan lamang ang gayon ng pagtupad ng nasasakdal sa kanyang tungkulin bilang isang pulis, kung isasaalang-alang na binaril ng nasasakdal ang biktima, hindi lamang minsan kung hindi makalawang ulit, pagkatapos ng isang mainit na harapang pag-uusap na namagitan sa kanila, samantalang hindi naman sakop ng kanyang tungkuling dakpin ang mga pinaghihinalaang kababaihan ang ano mang karapatang barilin hanggang sa mamatay ang biktima.[235]

Bagama't maaaring purihin ang nasasakdal sa kanyang napapanahong pagtugon sa tawag ng tungkulin nang kanyang pigilan ang biktima mula sa pag-aasal na maaaring maging marahas at mapaminsala, hindi siya mapapawalang-sala sa malabis na pagtupad ng kanyang tungkulin sa

234. Pomoy v. People, 439 SCRA 439 (2004).

235. People v. Peralta, 350 SCRA 198 (2001).

ikalawang bahagi ng kaganapan – nang kanyang barilin nang nakamamatay sa ulo ang biktima, sa pagnanais marahil niyang huwag makipagsapalaran, kahit na nakasubsob na sa lupa ang biktima dahil sa pagtatamo ng mga sugat na gawa ng maraming tama ng bala habang dumadaluhong sa mga pulis. Nag-uutos ang matalinong pagpapasya at pagtitimpi na dapat huminto na sa pagbaril sa biktima ang nasasakdal, na isang beteranong pulis, nang kanyang makitang nalugmok sa lupa ang biktima. Sa sandaling iyon, hindi na isang banta ang biktima at nawalan na ito ng kakayahang maglunsad ng pananalakay laban sa mga pulis. Maliwanag na hindi na kinakailangang barilin pa siya sa ulo. Gaya ng pinuna ng hukumang tagalitis, noong unang makita ng nasasakdal ang biktima, nagpaputok siya bilang babala; saka niya pinagbabaril ang biktima, na nakatama sa biktima sa iba't ibang bahagi ng kanyang katawan, na nagpalugmok sa kanya sa lupa at, sa gayong anyo, binaril pa rin ng nasasakdal ang biktima sa dakong likod ng ulo nito, dahilan kung kaya sumabog at nagkalat ang utak nito sa lupa. Dahil nakalugmok na sa lupa ang biktima, hindi na kinailangang paputukan pa ito sa dakong likod ng kanyang ulo.[236]

Hindi mapananagot ang tagabitay ng Bilangguang Bilibid sa salang asesinato, kaugnay ng mga pagbitay na isinasagawa niya dahil kumikilos lamang siya ng naaayon sa batas na pagganap ng kanyang katungkulan.[237] Hindi rin mananagot ang isang siruhano na pumutol sa binti ng isang pasyente upang iligtas siya mula sa ganggrina kaugnay sa krimeng pamumutol ng bahagi ng katawan ng kapwa dahil kumikilos din lamang siya sa naaayon sa batas na pagganap ng kanyang katungkulan.[238]

Kaugnay naman sa makatarungang pangyayari ng naaayon sa batas na pagtupad ng tungkulin o pagganap ng karapatan, mayroong karapatan ang may-ari o legal na tagapagtaglay ng isang bagay, sa ilalim ng Artikulo 429 ng Bagong Kodigo Sibil, na ibukod ang sino man sa pagtatamasa at pagpapasya sa bagay na ito. Para naman sa layuning ito, maaaring gamitin niya ang lakas na makatwiran upang itaboy o hadlangan ang isang tunay na nagaganap o labag sa batas na banta ng katawaning pagsakop o pagkamkam sa kanyang ari-arian. Kung sa pangangalaga ng kanyang pagtataglay sa ari-arian, nasaktan niya (nang hindi malubha) ang isang nagtatangkang agawin ito sa kanya, makatarungan lamang ang gayong kagagawan sa ilalim ng talatang ito.[239]

236. People v. Ulep, 340 SCRA 688 (2000).

237. GUEVARA, *supra* tala 24.

238. REYES, *supra* tala 209.

239. People v. Depante, 58 O.G. 926 (Court of Appeals 1961); *tingnan* People v. Narvaez, 121 SCRA 389 (1983), kung saan isinaalang-alang ang karapatang ito kaugnay sa pagtutuos ng pagdalo ng mga sangkap ng pagtatanggol sa sariling ari-arian.

Datapwa't sa ilalim nitong talataang tinatalakay (naaayon sa batas na pagganap sa isang karapatan), hindi kinakailangang magkaroon pa ng labag sa batas na pananalakay sa taong may tungkuling pangalagaan ang ari-arian. Kung may labag sa batas na pananalakay laban sa taong may tungkuling pangalagaan ang ari-arian, ang talataan 1 ng Artikulo 11 ang mailalapat, sapagka't pagtatanggol sa karapatan sa ari-arian ito.[240]

Naipasyang mailalapat sa usaping kriminal ang doktrina ng pagtulong sa sarili (*self-help; autoayuda*) sa ilalim ng Artikulo 429, Bagong Kodigo Sibil. Halimbawa, sa dakong ika-4 ng umaga noong 29 Disyembre 1958, samantalang nasa isang tindahan ang Intsik na si Mariano Depante, nakita siya ni Paciencia Iquiran, ang kanyang kerida, na may hawak-hawak na isang 5-pisong papel sa kanyang kaliwang kamay. Kabibili lamang noon ni Mariano ng isang pakete ng sigarilyo at bahagi ng sukling katatangap pa lamang niya mula sa tindahan ang 5-pisong papel na hawak-hawak niya. Mainit ang ulo ni Pacencia dahil matagal na siyang hindi nabibigyan ng sustento ni Mariano. Lumapit si Pacencia kay Mariano at nagbunganga ng mapanghamak na mga salita, at saka niya inagaw ang 5-pisong papel mula sa kamay ni Mariano. Nang umakmang babawiin ito ni Mariano, dinaklot at pinunit ni Pacencia ang kanyang damit. Sinuntok ni Mariano si Pacencia sa noo, sa kanang panig ng ulo at sa gitnang bahagi ng kanyang kaliwang bisig, na kanyang ikinatumba. Sa gayong paraan, nabawi ni Mariano ang 5-pisong papel. Ipinasyang isang tunay na nagaganap o bantang labag sa batas na katawaning pananakop o pagkamkam ng ari-arian ni Mariano ang ginawang pag-agaw ni Pacencia sa 5-pisong pepel. Bukod dito, maaari pang uriing tinangkang pagnanakaw ang nasabing kagagawan. Hindi makatarungang pangyayari ang pagiging kerida ni Mariano si Pacencia at hindi na siya tinutustusan ng sustento ni Mariano nang may katagalan na, ni hindi ito maituturing isang pangyayaring mapag-alis, mapagpawi o mapagpawala ng saguting kriminal. Maaari pa ngang maisagawa ng mismong maybahay ang salang pagnanakaw laban sa kanyang kabiyak. Tanging ang pang-uumit, panlilinlang at sinadyang paninira ng ari-arian ang hindi magagawa ng isang maybahay laban sa kanyang kabiyak.[241] Datapwa't kaugnay sa usaping may kinalaman sa paggamit ni Mariano ng nakahihigit na lakas kaysa makatwirang kinakailangan upang maitaboy o hadlangan ang isang tunay na nagaganap o nagbabantang labag sa batas na katawaning pananakop o pagkamkam sa kanyang ari-arian, natagpuan ng hukuman na hindi siya makapangangatwiran ng ganap na pagkamakatarungan, dahil hindi naman makatwiran ang pagdudulot ng tatlong suntok, na may katagalan ding nagpawala ng ulirat kay Pacencia, kung isasaalang-alang ang kasarian o pagiging babae nito. Kaya naman, mayroon pa ring saguting kriminal si Mariano, datapwa't maaaring

---

240. *Tingnan din Narvaez*, 121 SCRA sa 389.

241. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 332.

pagaanin ang kanyang saguting kriminal sa ilalim ng Artikulo 69 ng Binagong Kodigo Penal.[242]

Maaaring bumubuo lamang ng basta paggagambala sa pagtataglay o ng isang tunay na pangangamkam ng o pananakop o pagpapaalis sa ari-arian ang isang tunay na nagaganap na pananalakay. Kung isang basta paggambala lamang ng pagtataglay ang nagaganap, maaaring gumamit ng lakas laban dito kailan man habang nagpapatuloy ito, kahit na sa ibayo pa ng taning ng paglipas ng isang habla ng sapilitang pananakop. Kaya naman, kung binuksan ni Pedro ang isang daluyang kanal sa lupang pag-aari ni Juan, magagawa ng huli na sarhan o tabunan ito sa pamamagitan ng lakas ano mang sandali. Datapwa't kung binubuo ang pananakop ng isang tunay na pagpapaalis, pagsamsam, pag-aangkin o pag-agaw ng pagtataglay, magagamit lamang ang lakas upang mabawi ang pagtataglay kaagad makaraang maisagawa ang pagpapaalis, pagsamsam, pag-aangkin o pag-aagaw. Kaya naman, kung kumuha si Juan, nang walang pahintulot ni Pedro, ng libro ni Pedro at saka tumakbo nang dala-dala ito, maaari pang agarang habulin ni Juan si Pedro at gumamit ng makatwirang lakas upang sapilitang mabawi ang libro. Kung hindi natitinag ang ari-arian, hindi dapat magkaroon ng pagkaantala sa paggamit ng lakas upang mabawi ang pagtataglay nito; magiging hadlang ang isang pagkaantala, kahit na mapapatawad, gaya ng kawalang-muwang tungkol sa naganap na pagsamsam, sa karapatang gumamit ng lakas kapag di-natitinag ang ari-arian. Minsang naging matatag ang pagtataglay ng mangangamkam, sa pamamagitan ng paglipas ng panahon, kinakailangang dumulog sa kaukulang maykapangyarihan ang taong dapat magtaglay ayon sa batas upang mabawi ang kanyang ari-arian.[243]

*F. Pagsunod Sa Utos Na Pinalabas Sa Layuning Naaayon Sa Batas*

Sumusunod ang mga hinihinging sangkap kaugnay sa makatarungang pagtalima sa utos na naaayon sa batas:[244] (1) na may utos na pinalabas ang

---

242. Hindi sabayang umiiral ang lahat ng mga sangkap na hinihingi ng Artikulo 429 ng Kodigo Sibil, kaugnay sa Artikulo 11, Talataan 5, Binagong Kodigo Penal, upang maging makatarungan ang kagagawan, kung kaya isang parusang isa o dalawang bahagdan ang kababaan kaysa roon sa itinatakda ng batas ang maipapataw; ganito rin ang kinauwian ng pagpapasya sa People v. Narvaez, 121 SCRA 389 (1938).

243. Mga Puna ni Tolentino sa Artikulo 429, BAGONG KODIGO SIBIL, Tomo II, p. 54; na tumutukoy sa 3-1 Ennecerros, Kapp at Wolff, 92-93.

244. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 11, tala 6.

> *Mga makatarungang pangyayari.* — Hindi nagkakaroon ng saguting kriminal ang mga sumusunod:
>
> x x x
>
> 6. Sino mang kumilos sa pagsunod sa ipinag-uutos ng isang nakatataas sa tungkulin para sa layuning naaayon sa batas.

isang nakatataas sa tungkulin; (2) na para sa layuning naaayon sa batas ang utos; at (3) na naaayon din sa batas ang paraang ginamit ng tagasunod upang gampanan o tuparin ang utos. Dapat kapwa kumikilos sa loob ng hangganang itinatakda ng batas (1) ang taong nagbigay ng utos (taong may nakatataas na tungkulin), at (2) ang taong gumaganap nito (taong may tungkuling sumunod o tumalima).[245] Makatarungan lamang ang pagtalima o pagsunod sa naaayon sa batas na utos ng isang nakatataas sa tungkulin kapag "naaayon sa batas" ang utos at kumilos nang walang hangaring kriminal ang nasasakdal. Kung hindi napapaloob sa hangganang naaayon sa batas ang utos at may kriminal na hangarin ang nasasakdal sa pagtupad nito, hindi masasabing ligtas siya sa saguting kriminal.[246]

Kung nagpalabas ng utos ang isang hukuman na bitayin ang isang bilanggong kondenado sa isang takdang araw, at pinatay siya ng tagabitay isang araw bago dumating ang petsang itinakda ng hukuman, masasabing bagama't alinsunod sa bisa ng utos ng hukuman ang pagbitay sa bilanggong kondenado, isinakatuparan naman ito nang labag sa tadhana ng Artikulo 82. Matatagpuang nagkasala ng asesinato ang naturang tagabitay.[247] Gayon din, may saguting kriminal ang tagasunod na nagsagawa ng utos kapag hindi ito para sa layuning naaayon sa batas. Kaya naman, hindi mapagpapaumanhinan ang isang taong naghanda ng isang palsipikadong kasulatan nang may lubusang kaalaman tungkol sa pagkahuwad nito, kahit na kumilos lamang siya sa pagsunod sa tagubilin o pag-uutos ng isang nakatataas ng tungkulin sa kanya, dahil hindi naman para sa isang layuning naaayon sa batas ang tagubilin o pag-uutos.[248] Kung pinahirapan ng isang kawal, sa pagsunod sa utos ng kanyang sarhento, hanggang sa mamamatay ang nasawi, dahil lamang sa pagdadala ng isang usa sa himpilan ng kostable na kaiba kaysa sa hinihingi sa kanya, mayroon siyang saguting kriminal. Makatarungan lamang ang pagsunod sa utos ng isang nakatataas kung para sa layuning naaayon sa batas ang utos. Labag sa batas ang utos na pahirapan ang nasawi, at walang tungkulin ang nasasakdal na sundin iyon.[249]

Datapwa't hindi mapananagot ang tagasunod sa pagsasakatuparan ng labag sa batas na utos kung maipangangatwirang hindi naman niya batid ang pagkalabag-sa-batas ng utos at hindi naman masasabing nagpabaya siya. Kung kumilos ang nasasakdal sa utos ng nakatataas na pinuno, na hindi naman niya magawang usisain o tutulan bilang isang tagasunod na kawal militar lamang, at sinunod nga niya ito nang may mabuting hangarin, nang hindi nababatid

245. People v. Wilson at Dolores, 52 Phil. 919 (1929).

246. Recamadas v. Sandiganbayan, 153 SCRA 371 (1987).

247. REYES, *supra* tala 209.

248. People v. Barroga, 54 Phil. 247 (1930).

249. People v. Margen, et al., 85 Phil. 839 (1950).

ang pagkalabag-sa-batas nito, at walang pagkakamali o pagpapabaya sa kanyang panig, wala siyang saguting kriminal dahil wala siyang hangaring kriminal at, saka, hindi naman siya nagpabaya.[250]

## III. Makatarungang Pangyayari sa Ilalim ng Pasadyang Batas Pamarusa

### *A. Palatandaan ng sakit sa isipan ng kababaihang binubugbog (Battered Woman Syndrome [BWS])*

Sa ilalim ng mga simulain at tuntunin kaugnay sa mga makatarungang pangyayari sa ilalim ng Binagong Kodigo Penal, hindi sapat upang maglahad ng batayan ang mga palatandaan ng sakit sa isipan ng kababaihang binubugbog (*Battered Woman Syndrome* [BWS]) ng karapatan sa batas, sa panig ng babae, na patayin ang kanyang mapagmalabis na kinakasama. Dapat pa ring isaalang-alang ang katibayan ng pagkamakatarungan ng kagagawan sa loob ng hangganan ng naaayon sa batas na pagtatanggol sa sarili. Mahalaga sa pananggol na BWS ang kalagayan ng pag-iisip ng babaeng binubugbog sa sandali ng pagsasagawa ng paglabag – dapat na nagkaroon, sa panig niya, ng tunay na takot sa isang napipintong panganib o pamiminsala mula sa nambubugbog sa kanya at pinaniwalaan niya nang may katapatan ang pag-iral ng pangangailangang patayin ang kanyang kinakasama upang mailigtas ang sarili niyang buhay. Pinakamahalagang sangkap ng pagtatanggol sa sarili ang labag sa batas na pananalakay. Ipinapalagay nito ang isang nagaganap, biglaan at di-inaasahang pananalakay – o isang napipintong panganib ng gayong pananalakay – sa buhay o kaligtasan ng isang tao. Kung, batay sa salaysay na ibinigay sa pagsaksi ng nasasakdal mismo, nagkaroon ng isang sapat na agwat o panahong namagitan sa labag sa batas na pananalakay na isinagawa ng kanyang kinakasama at sa kanyang nakamamatay na pagsalakay sa kanya, at nagawa na ng nasakdal na umurong mula sa kanyang marahas na pag-aasal at tumakas tungo sa silid ng kanilang mga anak at, sa loob ng mga sandaling iyon, tila huminto na ang kanyang kinakasama sa pananalakay sa kanya at saka natulog, matatagpuang tumigil na rin ang panganib sa anyong nagaganap o napipinto man lamang, dahil wala na sa katayuan ang kanyang kinakasama upang maging isang tunay na banta sa kanyang buhay o kaligtasan. Kung inabangan siya ng kanyang kinakasama noong lumabas ang nasasakdal mula sa silid ng kanilang mga anak – at may malaking pagkamalamang, batay sa mga nakaraang mararahas na mga pagkakataon, na hahabulin pa nito ang nasasakdal at dudulutan ng higit pang kapinsalaan – matatagpuang hindi pa huminto nang lubusan ang paparating na tunay na banta sa kanyang buhay. Kung dumaranas na ng BWS ang taong pinagmalupitan, hindi na kinakailangan magkaroon pa ng karagdagang katibayan ng isang nagaganap na katawaning pananalakay sa sandali ng pagpatay. May takbong mahuhulaan

250. People v. Beronilla, 96 Phil. 566 (1955).

ang mga pangyayari ng pambubugbog sa mga tahanan. Katumbas ng paghatol sa kanya sa "pagpaslang na hulugan o dahan-dahan" kung hihingin sa taong binubugbog na hintayin ang isang pananalakay na lantaran at nakamamatay bago pa man niya magagawang ipagtanggol ang kanyang buhay. Gayon pa man, dapat pa ring ilahad ang pagkakaroon ng napipintong panganib (batay sa naging pag-aasal ng biktima sa mga nakaraang mga yugto ng pambubugbog) bago naganap ang paggamit ng nasasakdal ng nakamamatay na lakas laban sa kanya. Maaaring tugunan ang hinihinging kalagayan ng napipintong panganib ng mapagbantang pag-aasal o pangungusap. Kung isasaalang-alang ang gayong mga pangyayari at ang pagkakaroon ng BWS, maaaring isaalang-alang para sa kapakanan ng nasasakdal ang pagtatanggol sa sarili. Datapwa't maaaring ulitin ang simulaing hindi angkop ang pagtatanggol sa sarili kaugnay ng isang pananalakay na hindi naman nagpapatuloy. Sa kawalan ng gayong uring pananalakay, hindi maaaring magkaroon ng pagtatanggol sa sarili, maging ganap man o di-ganap.[251]

Gayon pa man, sa ilalim ng Batas ng 2004 Laban sa Karahasan sa Kababaihan at sa Kanilang Mga Kabataang Anak, na nagkabisa noong 27 Marso 2004, tumutukoy ang salitang "pambubugbog" sa isang gawang pagdudulot ng katawaning pamiminsala sa isang babae o sa kanyang kabataang anak na nagbubunga ng paghihirap na katawanin at pangkaisipan o ng damdamin.[252] Tumutukoy ang salitang "*battered woman syndrome* (BWS)" o mga palatandaan ng sakit sa isipan ng mga kababaihang dumaranas ng pambububog, na binigyang-katuturan ng kaukulang agham bilang isang anyo o takbo ng mga sintomas na pangkaisipan at pangkaasalan na matatagpuan sa kababaihang nabubuhay sa mga kaugnayang may nagaganap na pambubugbog, bunga ng naiipong pagmamalabis[253]. Hindi nagkakaroon ng ano mang saguting kriminal at sibil, kaugnay sa kanilang maaaring gawin para sa pansariling kaligtasan, ang mga biktima-nakaligtas na matatagpuan ng mga hukuman na dumaranas ng mga palatandaan ng mga kababaihang binubugbog (BWS) sa kabila ng kawalan ng alin man sa mga hinihinging sangkap ng makatarungang pangyayari ng pagtatanggol sa sarili sa ilalim ng Binagong Kodigo Penal. Sa pagtutuos sa kalagayan ng pag-iisip, sa sandali ng pagsasagawa ng kagagawan ng babaeng dumaranas ng mga palatandaan ng kababaihang binubugbog (BWS), dapat tulungan ang mga hukuman ng mga ekspertong manggagamot sa sakit sa pag-iisip/ng dalubhasa sa agham ng pag-aaral sa isipan.[254]

251. People v. Genosa, 419 SCRA 537 (2004).

252. Batas Laban sa Karahasan sa Kababaihan at sa Kanilang Mga Kabataang Anak, Batas Republika Blg. 9262, seksiyon 3[b] (2004).

253. *Id.* nasa seksiyon 3[c].

254. *Id.* nasa seksiyon 26.

## IV. PANGHIMAKAS

Ilan lamang ang mga makatarungang pangyayari sa mga kadahilanang maikakatwiran bilang ganap na pananggol sa mga kriminal na pag-uusig. Sa katunayan, maaaring lagumin ang mga ganap na pananggol na ipinangangatwiran sa mga usaping kriminal ayon sa sumusunod: (1) hindi napatunayan ng taga-usig ang alin man sa mga sangkap ng krimen samantalang hindi naman bumubuo ng krimen ang mga kagagawang napatunayan; (2) nasasailalim ang kagagawan ng nasasakdal sa alin man sa mga makatarungang pangyayari[255]; (3) nasasailalim ang kalagayan ng nasasakdal sa alin man sa mga kalagayang mapagligtas sa saguting kriminal[256]; at (4) sakop ang usapin ng alin man sa mga sumusunod na mapagwalang-salang kadahilanan[257]: (a) kusang-loob na pagtitimpi o pagpipigil sa sarili habang

255. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 11.

256. *Id.* nasa art. 12.

257. May mga pangyayaring humahadlang din sa pag-uusig at tinatawag na mga *mapagwalang-salang kadahilanan*. Kinabibilangan ang mga mapagwalang-salang kadahilanan niyong mga kalagayan o mga pagkakataon kung kailan isang krimen ang kagagawang naganap nguni't dahil sa mga katwiran ng patakarang pangmadla at pang-uunawa, walang parusang ipinapataw kung kaya hindi dapat magkaroon ng pag-uusig. Bagama't higit na malawak ang saklaw ng kauriang ito, masasabing kabilang dito ang mga pangyayaring makatarungan at mga pangyayaring mapagligtas, na katatalakay pa lamang. Kung gayon, bilang karagdagan sa mga makatarungan pangyayari (*Id.* nasa art. 11, *Id.*) at mga mapagligtas na kalagayan (*Id.* nasa art. 12, *Id.*), may ibang pang mga mapagwalang-salang kadahilanang matatagpuan sa mga sumusunod na katadhanaan: (1) ang kusang-loob na pagpipigil o pagtitimpi ng isang taong nakapagsimula nang magsagawa ng isang delito nguni't bago niya naisagawa ang lahat ng mga hakbang na kinakailangan sa pagsasakatuparan nito (*Id.* nasa art. 6, *Id.*); (2) hindi dapat ipataw ang mga parusang itinatakda para sa mga engkubridor o kadamay na tagakupkop sa mga taong nagkagayon kaugnay sa kanilang asawa, ninuno, inapo, lehitimo, likas, at ampong kapatid, o mga kamag-anakan sa kasal sa katulad na antas ng kaugnayan, matangi lamang sa mga engkubridor na napapailalim sa mga tadhanan ng Talataan 1 ng Artikulo 19 (*Id.* nasa art. 20: Mga engkubridor o kadamay na tagakupkop na ligtas sa saguting kriminal; nagtatadhana ang Talataan 1 ng Artikulo 19 ng saguting kriminal kaugnay sa mga kadamay sa krimen na nagkagayon "sa pamamagitan ng sarilinang pakikinabang o pagtulong sa mga salarin sa pakikinabang sa mga bunga ng krimen" (mga kadamay sa pakikinabang ang tawag sa mga ito)); (3) dapat na ituring na mga batayang naaayon sa batas sa pagpipiit sa sino mang tao ang pagsasagawa ng isang krimen, o marahas na pagkabaliw o ano pa mang karamdaman na nangangailangan ng sapilitang pagpapanatili ng maysakit sa isang pagamutan (*Id.* nasa art. 124, huling talataan); (4) dapat magdusa ng parusang pagpapatapon (*destierro*) lamang ang sino mang kasal nang naaayon sa batas na biglaang dinatdan o nasumpungan ang kanyang asawa sa gawang nakikipagtalik sa ibang tao, at nakapatay sa kanilang dalawa o sa alin man sa kanila, habang nasa gawang pagtatalik o kaagad makaraan nito, o nakapagdulot sa kanila ng ano

nasa tinangkang antas pa lamang ng pagsasakatuparan ng krimen[258], at wala pang krimeng naisagawa sa ilalim ng ibang tadhana ng Kodigo o ng ibang batas pamarusa; (b) nasa tinangka o nabigong antas lamang ng pagsasakatuparan ang isang magaang na delito at hindi ito laban sa tao o ari-arian[259]; (c) isang kamag-anak ng pasimuno sa krimen ang engkubridor o kadamay na tagakupkop[260]; (d) may mga naaayon sa batas na kadahilanan kaugnay sa paratang na walang-batayang pagpipiit[261]; (e) may mga batayang naaayon sa batas kaugnay sa paratang na paglabag ng tahanan[262]; (f) isinagawa nang laban sa isang kamag-anak na tinutukoy sa Artikulo 332 ang alin man sa mga krimeng pang-uumit, panlilinlang o sinadyang pamiminsala sa ari-arian ng iba; (g) bahagya lamang o di-gaanong malubha ang panunugat sa katawan ng kapwa at naidulot ito ng taong nasumpungan o biglaang nadatnan ang kanyang asawa o anak na babae sa gawang pakikipagtalik sa ibang tao[263]; (h) pagpapakasal ng salarin sa nasaktang panig kaugnay sa mga krimeng panggagahasa [264], sapilitang pagtanan, panghihibo, o mga gawang

---

mang malubhang panunugat sa katawan; at kung nakapagdulot siya ng ibang uri ng panunugat ng katawan, dapat siyang maligtas sa kaparusahan (*Id.* nasa art. 247, mga talataan 1 at 2: a ng pagpatay o pananakit sa katawan ng kapwa na idinulot sa ilalim ng bukod-tanging mga pangyayari); (5) hindi dapat ilapat ang mga tadhana ng artikulo kaugnay ng paglabag sa tahanan sa sino mang papasok sa tahanan ng iba sa layuning maiwasan ang ano mang malubhang kapinsalaan sa sarili, sa mga naninirahan sa tahanan, o sa ibang tao, ni hindi rin dapat itong ilapat sa sino mang papasok sa tahanan ng iba sa layuning gumawa ng paglilingkod sa sangkatauhan o katarungan, ni sa sino mang papasok sa mga kapihan, mga pahingahan, mga tuluyan at iba pang mga bahay na pambayan, samantalang bukas ang mga ito (*Id.* nasa art. 280, talataan 3); (6) walang saguting kriminal, kundi sibil lamang, na magmumula sa pagsasagawa ng krimeng pang-uumit, panlilinlang o sinadyang paninira ng ari-arian na isinagawa o nagawa sa isa't isa ng mga sumusunod: (a) mga mag-asawa, mga ninuno at mga inapo, o mga kamag-anak sa kasal sa katulad na hanay; (b) mga nabalong asawa, kaugnay sa mga ari-arian ng kanilang yumaong asawa, bago pa man naisalin ang mga ito sa pagtataglay ng ibang tao; at (c) mga magkakapatid at mga magbayaw at maghipag, kung magkakasama sila sa iisang tirahan (*Id.* nasa art. 332 (Mga taong ligtas sa saguting kriminal kaugnay ng mga krimeng pang-uumit, panlilinlang o sinadyang paninira ng ari-arian ng kapwa), *Id.*); (7) sa mga pagkakataon ng panghihibo, sa pagtanan sa babae, at mga gawang kahalayan, kikitil sa hablang kriminal ang pagpapakasal ng salarin sa napinsalang panig at magpapawalang-saysay sa parusang naipataw na sa kanya (*Id.* nasa art. 344).

258. *Id.* nasa art. 6.

259. *Id.* nasa art. 7.

260. *Id.* nasa art. 20.

261. *Id.* nasa art. 124.

262. *Id.* nasa art. 230.

263. *Id.* nasa art. 247.

264. *Id.* nasa art. 266-C.

mahahalay[265]; (i) nagkaroon ng panunulsol; (j) hindi napatunayan ang kasalanan ng nasasakdal sa ibayo ng makatwirang pag-aalinlangan; (k) lipas na ang krimen[266]; (l) pagpapatawad ng nasaktang panig bago pa man naisampa ang kriminal na pag-uusig kaugnay sa mga krimen laban sa kalinisang-puri[267]; (m) nagkaroon ng pagpapatawad mula sa Pangulo kaugnay sa krimeng inuusig; at (n) sakop ng amnestiya ang krimeng inuusig.

Malawak, kung gayon, ang larangan ng mga kaisipang maaring galugarin sa paghahanap ng ganap na pananggol laban sa mga kriminal na pag-uusig, samantalang dapat bumaybay ang ano mang hatol ng pagkakasala sa mahigpit na pagsunod sa makikitid na katadhanaan ng batas pamarusa, sa paghahanap ng katarungan.

265. *Id*. nasa art. 344.

266. *Id*. nasa art. 89.

267. *Id*. nasa art. 344.